Tagalog
62-0318A

# Ang Binigkas na Salita ay ang Orihinal na Binhi

The Spoken Word Is The Original Seed Pt 2

March 18, 1962
Jeffersonville, Indiana USA

Ipinangaral ni
William Marrion Branham

www.biblebelievers.org/messagehub

Ang aklat na ito ay malayang maipalilimbag at maipamamahagi, ngunit hindi maaaring ipagbili, ayon sa sinasaad ng lisensya sa ilalim ng Creative Commons (by-nc-nd) na matatagpuan sa www.CreativeCommons.org.

# Ang Binigkas na Salita ay ang Orihinal na Binhi

1 Mabuti ba ang pakiramdam ng bawat isa ngayon? Buweno ngayon, magsisimula na kaagad tayo ngayon haggang hatinggabi, at pagkatapos ay ang ... Nagagalak tayo dahil tinulungan tayo ng Panginoon, at pinagpala tayo.

2 Ngayon, bago tayo magpasimulang muli, umusal tayo ng maikling panalangin sa Kaniya na kausap natin.

3 Mabibiya naming Ama sa Langit, narinig Mo ang patotoo ng makadiyos, mabait, na matandang lalaki. Sa buong panahong nagdaan, siya at ang kaniyang maybahay, magkatuwang sa paggawa, at kung paanong nanghawakan siya sa Iyo at nagsumamo sa lyo na gawin Mong mangangaral ang Kaniyang asawa, at naririto na nga siya. At pagkatapos nang nakarating siya roon, naghihingalo, ang pinakamahuhusay na mga duktor sa bansa ay nagsabing wala na siya, "hang oras na lang ang itatagal niya. Tapos na siya; kinain na ng kanser ang katawan niya"; hindi na siya makalalakad pang muli isang hakbang man-ang impeksiyon niya sa bukung-bukong at iba pa ang nagpalala sa kaniya." At heto siya, makalipas ang mga taon, nagpapatuloy pa rin. Kami'y totoong lubos na nagpapasalamat sa iyo, Ama. Nagpapatunay ito na kapag ang Salita ang naitanim, pagkatapos ay nadiligan, mamumunga ito ng ani.

4 Ngayon ay dumadalangin kami, Ama, na pahintulutan Mo kaming ilatag ang mga salita sa hapong ito mula sa Iyong Salita. Ito'y Iyong Salita, at nais namin itong ilatag kung ano talaga ito, at pagkatapos ay diligan Mo ito, Panginoon, ng Espiritu. Hinihiling namin, habang itinatagubilin namin ang sarili namin sampu ng Mensahe sa Iyo, na gamitim Mo ito sa Ngalan ni Jesus. Amen.

5 Ngayon para magmadali tayo. Sinasabi sa akin ng asawa ko ang tungkol sa hirap ng mga tao ... alam n'yo, at namimitig ang mga binti nila at mga bagay-bagay-ang mga babae, at mga taong tulad ko na medyo tumatanda na at kailangan nilang tumayo nang gano'n. Pinahahalagahan ko iyanang inyong katapatan. At ngayon, dadako kaagad tayo sa Mensahe at magpapatuloy. Ayaw kong masyado akong magmadali, bagama't nais kong magmadali nang sapat para matapos ito mamayang hapon kung magagawa ko. Pagkatapos, sa sandaling matapos tayo, tutuloy na kami kaagad sa Tifton, Georgia, hindi para ... sa tuluy-tuloy na pagtitipon; doon kami magdaraos, sa high school auditorium nang isang gabi lang. Lyon ay bukas ng gabi, at isang gawaing pangangaral lang ito; at tatalakay ako ng isang karaniwang maikling

teksto o anuman na naipangaral ko na rito dahil iyon ay bale dalaw lang namin sa mga tao roon. Wala silang regular na palagiang pagtitipon o anuman.

6 Kaya, tayo'y ... at ngayon tayo'y ... naiwan natin kaninang umaga ang pangungusap sa ating teksto na matatagpuan sa Genesis, unang kabanata, sa talatang 11, na ang pinaka-paksa ay: Ang Salitang Binigkas ay ang Orihinal na Binhi. At ngayon ang layunin ko sa umagang ito at sa araw na ito ay ang sikaping ipaliwanag sa mga tao-sikaping ipaliwanag sa mga tao ang mga ikinikilos ko ngayon, kung bakit ko ginawa ang mga bagay na ginawa ko. At dahil napapagtanto ko na ang mga teyp na ito ay itini-teyp at ipadadala sa labas; maraming tao marahil ang makikinig sa mga ito matapos kong lumayo rito, kung magtatagal pa si Jesus; ngunit nais kong sabihin na sinasampalatayanan ko ang Salita ng Diyos, na Ito ... iyan ay Katotohanan.

7 Ngayon ay tumigil tayo kung saan ang ... sa huling mga araw. Ano na ang nangyari sa lingkuran ... ng mga ebangelista na Hang taon pa lang ang nakalilipas ay pinagliliyab ang bansa at tila baga lahat sila'y biglang nagsitigil. Ngayon, hindi ko ibig sabihing wala na sila sa larangan. Nagpapatuloy pa rin sila, ngunit wala nang resulta, tila baga. Wala silang nararating. Kita n'yo? Ano ang nangyayari?-ang bukirin ay nahasikan na, kita n'yo? Ngayon alalahanin, huwag kalilimutan ...

8 May humiling sa akin na ulitin ko raw muli ang salitang Hebreo. Sa Joel sa ika-2 kabanata (Joel 2:28) kung saan siya'y nangungusap tungkol sa pagdating ng una at huling ulan, ang salitang una sa salitang Hebreo ay m-o-u-r-e-h, moureh, na nangangahulugang pagtuturo. Sa ibang salita, ito ay magiging isang pagtuturong ulan, at isang tag-aning ulan. Ngayon dumaan na sa atin ang pagtuturong ulan, at handa na tayo ngayon para sa tag-aning ulan. Alam n'yo ang unang ulan ay kapag itinanim mo na ang binhi. Iyan ang magpapatubo sa iyong pananim. Kung magkagayon, bago ito gumulang, may darating na namang isa pang pananim. Iyon ang tinatawag nilang tag-aning ulan. Alam natin kapag ito'y-ang ulan sa tagsibol, at ang ulan sa bandang Hunyo, ito ang bubuo sa inyong ani.

9 Ngayon, ang ulan, natuklasan natin ay ang Espiritu. At tumigil tayo roon sa kung saan ay ibinigay ko ang aking mga kaisipan kung ano ang kalalabasan ng kabuuan nito. Iyon ay, naniniwala ako na ... na ang ulan ay naihatid na-ang ulan. Iyan ang dahilan kung bakit nananahimik tayo, dahil ang lupa ay nahasikan na. Wala na kayong dakong masusumpungan maliban sa mga nahasikan na. At ito'y lumaganap sa pamamagitan ng radyo, telebisyon, mga teyp, salita, lahat na; nahasikan na nito ang bansa. Nakapagtanim na ito ng mga binhi. Ngayon kung anong binhi ang naipunla, wala kayong ibang makukuha rito maliban doon sa kung ano lang ang naipunla.



sa mga bulwagan, namimitig ang mga paa't binti, nakaupo sa inyong mga sasakyan; halos ay ubos na ang inyong mga baterya sa pakikinig, at naririto ito: lahat ay naka-teyp. Itineyp ito ng mga kalalakihan doon sa likuran, at makukuha ninyo ito.

298 At kung sakaling makuha ninyo ito, iuwi ninyo ito at pag-aralan itong mabuti at buong dunong, at tingnan kung ano ang ipahahayag sa inyo ng Panginoon. Mahal n'yo ba Siya? Nasaan si Teddy? Bago tayo manalangin para sa mga panyong ito at sa mga tao, nais ko munang manalangin para sa bawat isa sa inyo. Nais kong awitin ang awit na ito ngayon, at pagkatapos ay mag-aanunsiyo si Kapatid na Neville tungkol sa ibang gawain.

Mahal Siya, Mahal Siya (Mahal ba ninyo ang Salita Niya? Kung gayo'y mahal nga ninyo Siya.)

Pagkat minahal Niya ako

Nag-alay ng kaligtasan

Sa Kalbaryo.

299 . . . palagay, ang Diyos, Mismo, ang nagbibigay ng makadiyos na pagpaliwanag; at tiyak ko, Panginoon, kung naihatid ko ang Salita, mahuhulog Ito roon sa mga predestinadong mahulugan nito. Ang Salita Mo ay Katotohanan. Ama, ikinalulungkot ko na maraming ulit kitang binigo. Dalangin kong patawarin Mo ako. Dalangin kong patawarin Mo ang aking mga tagapakinig, ang nakikita at hindi nakikita, sa lahat ng kanilang mga kasalanan; na Panginoong Diyos, napapagtanto naming nasa dulo na kami ng daan. Naririto nang lahat ng tanda sa ating harapan. Natitiyak kong ang espirituwal na pag-iisip, Panginoon, ay nakasasapo sa kung ano ang nasabi ko ilang sandali pa lamang ang nakalilipas. Dalangin ko na makaunawa sila, Panginoon, na kung ano ang aming—kung nasaan na kami. Naririto na kami .. .

binhi sa ibang dako (kung saan mang bukirin iyon), subalit ang paniwala ko ay tapos na ang paghahasik sa bansang ito, at sa paniwala ko ay handa na ito ngayon sa pag-ani.

294 Kapag ang Espiritu ang bumuhos at nagkaroon ng isang kilusan sa mga tao, ang mga denominasyong iyon ay magsasama-sama nang singtiyak nang pagkakatayo ko sa pulpito. At ang iglesia ng Diyos ay itatakwil, at gagawin nila itong isang malaking raket hanggang sa bubuo sila ng kapisanan at iboboykot ang sinumang hindi sasapi sa kanila. Mamamahala ang Roma sa loob lamang ng isang oras. Maghahari siya sa maikling panahon. Hindi ang Komunismo—ang Romanismo, ang maghahari sa buong mundo sa pakikipagtulungan ng mga Protestante, sa isang maka-denominasyong anyo ng iglesia, na tinanggihan na ng Diyos. Iyan ay sa abot ng nalalaman ko sa Salita ng Diyos.

295 Mahal ko kayo. Mahalaga kayo sa akin. Marahil ay magbabalik ako sa Linggo, makalipas ang mga isang linggo. Magtutungo na ako sa Florida ngayon, kung loloobin ng Panginoon, at sa Georgia naman bukas ng gabi. May ilan pa akong mga pagtitipon sa iba't-ibang lugar. Kung pangungunahan ako ng Panginoon, may isang aklat akong puno nito-yaong mga ipinadala sa akin ni Brother Roberson o Borders nung isang araw. Wari ko'y—may mga lugar kung saan ay may tatlumpu o apatnapung mga iglesia ang nais makipag-tulungan, ngunit tila pinipigilan ako ng Espiritu. Hindi ko alam kung bakit. Hindi ko alam kung bakit. Kaya ipanalangin n'yo ako, idadalangin ko rin kayo. Sama-sama nawa tayong tumayo. Tulungan nawa tayo ng Diyos. Nawa'y walang isa man sa inyo na naririto ang mabigo at hindi makasama sa darating na dakilang oras na iyon.

296 Ngayon, napakaraming akusasyon sa akin, mga kaibigan, at sa napakaraming bagay ay nagkasala ako. Pabaya ako; totoo 'yan. Hindi ko alam kung bakit. Kai langan pang may tumulak sa akin sa isang sulok para lumaban ako. Aywan ko; iyan ay isang kalikasan. Nakagawa ako ng mga bagay na hindi ko dapat ginawa, hindi ko sinasadya iyon, ngunit napasubo ako roon. At iyan ang dahilan kung bakit (ganon na lang) takot na takot ako, na nakikita ko sa araw na ito (ang araw na pinamumuhayan natin)—at nakikita na ninyo ngayon kung ano ang pan iwala ko. Nais kong makarinig

mula sa Diyos hangga't maaari, bago ako gumawa ng hakbang, kita n'yo, dahil ayaw ko Siyang biguin. Nais kong makasama Siya sa lahat ng dako. At nais kong ipanalangin ninyo ako.

297 At alalahanin, Katotohanan ang sinabi ko sa inyo. Ngayon, salamat sa inyo sa pag-upo ninyo riyan sa maghapong ito (mula pa kaninang umaga); marami sa inyo ang hanggang ngayon ay nakatayo pa rin sa mga dingding at



Nauunawaan ba ninyo ngayon? lyon ay ang mga binhing naipunla. Ngayon, ang Espiritu ay papatak, ngunit ito'y magdudulot ng ani ng binhing pinapatakan nito. Ngayon, alalahanin.

10 Mabuti, itataya ko na ang dalawang lupong denominasyon, ang mga Pentecostal at ang lupon ng mga Ebanghelikal, ay magkasamang gagawa sa isang denominasyon, magkakaisa sila, at magiging kasapi (lahat sila) ng Kapisanan ng Konseho ng mga Iglesia o ng Konseho ng mga Iglesia. Kasapi na sila rito-lahat sila. At may magaganap sa pamamagitan nila, na isang pamimilit o isang boykot, na pipigil sa lahat ng hindi kabilang sa uniong iyon ng mga iglesia. lyan ang ... Sinabi ng Biblia na magkakaroon ng isang boykot, na hahantong sa paraan na magbubunsod sa mga tao upang hindi makabili o magbili malibang matanggap nila ito, ang Tatak ng Halimaw, na siyang Romanismo, at ang larawan ng halimaw, na siyang Protestantismo, na ang larawan ... ang halimaw ay may kapangyarihan, kapamahalaan upang magbigay sa larawan ng buhay upang makapagsalita, at nakapagsalita nga ito. At iyan ang Confederasyon ng mga Iglesia, kapag nagsama-sama na sila.

11 Ngayon maraming mga kabataan dito ngayon. Hindi ko alam, maaaring dumating si Jesus sa hapong ito; maaaring dumating Siya sa susunod na taon. Hindi ko alam kung kailan Siya darating. Ngunit alalahanin, kung hindi na tatagal ang buhay ko para makita ang craw ng pagdating Niya-na umaasa akong makikita ko iyon, at may kutob akong makikita ko iyonngayon kung hindi ko man makita iyon, huwag na huwag ninyong hahayaang malayo ang Salitang ito sa inyong mga tainga at sa inyong puso. Alalahanin n'yo Lang, nangungusap ako sa pangalan ng Panginoon. Ngayon, sumasampalataya ako ng buong puso, ganiyan ito magtatapos. Magkakaroon ng tulad sa isang unyon, isang boykot. Lahat ng mga lugar na gaya nito ay ipasasara. At hindi kayo makapagsasalita malibang magkaroon kayo ng pahintulot o lisensiya mula sa Kapisanan ng mga Iglesia para makapagdaos ng gawain.

12 Ito'y halos.. . makikitang ginagawa na nila ito ngayon maging sa loob ng mga denominasyon. Ipinakikita nito kung nasaan na ito. Opo, kailangan mong magkaroon nito. At doon hahantong ito. lyan ang aking prediksiyon, bilang isang lingkod ni Cristo sa pamamagitan ng pagkaunawang taglay ko sa Salita at sa pagkasi; doon ito tutungo. Lahat ng tanda ay tumuturo sa wakas. Katatapos ko pa lang mangusap tungkol diyan.

13 At maging ang mga mangmang na dalaga ay nagsisimula na silang manghingi ng langis. Ngayon, alalahanin, siya ay isang birhen, at kung siya ay isang birhen, siya'y isang iglesia. Kita n'yo, tutungo tayo riyan sa hapong ito sa Apocalipsis 17. Kung siya ay birhen, siya ay isang iglesia dahil ang iglesia ay isang birhen. Ang sabi ni Pablo. "Akin kayong pinapagasawa kay Cristo na

tulad sa isang dalagang malinis." Ang babaeng bayaran ng Apocalipsis 17 ay isang iglesia. Hinangaan siya ni Juan dahil sa kaniyang ... angkin niyang ganda, kung ano siya; napakaganda niya, datapuwat sa kaniya nasumpungan ang dugo ng bawat banal ni Jesus Cristopinagpapaslang sila sa kaniya. Tama 'yan.

14 Sa paniwala ko'y may 68,000,000 sa martirolohiya ang ipinapatay ng simbahang Romano Catolico mula sa panahon ni San Agustin ng Hippo. Animnapu't walong milyong Protestante, ang ipinapatay at naitala sa tala ng martirolohiya ng simbahang Catolico dahil sa hindi nila pagsang-ayon sa doktrina nito. Hindi kataka-takang sinabi ng Biblia na, "Sa kaniya ay nasumpungan ang dugo ng bawa't martir."

15 Ngayon, ngayon hindi ba't sinabi ni Jesus na darating ang panahon na papaslangin nila kayo, at ipapalagay nilang pinaglilingkuran nila ang Diyos; at sinsero sila tungkol Boon. Hindi sila mga ipokrito. Pinaniniwalaan nila 'yon; tinuruan sila ng gayon. At kapag ang Salita ... Ang Salitang iyon ay maipunla roon, kailangan itong magdala ng ani. Tiyak ito. Alalahanin, nananatili tayo sa Binhi. Itan ang ating teksto-ang ating Binhi. Ang binigkas na Salita ng Diyos ay isang Binhi. Kita n'yo? Kailangan itong magbalik sa Salitang ito, at ang Salitang iyan ay magbubunga ng kung ano ang sinasabi nito.

16 Iyan ang dahilan kung bakit naniniwala ako sa makadiyos na pagpapagaling; iyan ang dahilan kung bakit. naniniwala ako sa mga pangitain; iyan ang dahilan kung bakit naniniwala ako sa mga Anghel; iyan ang dahilan kung bakit naniniwala ako sa Mensaheng ito, ay dahil ito ay mula sa Salita ng Diyos. At anumang bagay na labas sa Salita ng Diyos, ay hindi ko pinaniniwalaan. Maaaring tama iyon, ngunit mananatili pa rin ako sa kung ano ang sinabi ng Diyos at nang sa gayon ay makatiyak ako na tama ako. Ngayon magagawa ng Diyos anumang naisin Niya; Siya ay Diyos. Ngunit hangga't nananatili ako sa Salita Niya, sa gayon ay alam kong tamang lahat iyon. Sinasampalatayanan ko iyan.

17 Ngayon, ang mangmang na birheng ito ay isang babae; siya'y isang iglesia, ngunit hindi siya matalino. Kita n'yo? Naging tamad siya. Gayon man ay tinawag niyang . . . tinawag niyang Nobya ang sarili niya. At alalahanin lahat ng bagay ay tumatakbo sa tatlo para sa kasakdalan. Tatlo ang bilang ng kasakdalan. Ang mga upisina ng Diyos-Ama, Anak, Espiritu Santo. Ang Diyos, Ama, ang Diyos na nanahan sa Haliging Apoy. Sinisikap Niyang palapitin ang Israel sa Kaniya. Ayaw nilang lumapit. Ang Diyos, na Ama, ay nanahan sa Anak, kaya naging Diyos na Anak Siya-ang siya ring Diyos, hayag na larawan ng Diyos, ang Binhi ng Diyos na naipamalas, sinisikap na palapitin



Presbyterian, ang mga Lutheran, ang mga Nazarene, ang Pilgrim Holiness; mga makadiyos na kalalakihan ang nagsibangon, si Buddy Robinson at George Whitefield at lihat ng mga dakilang makadiyos na kalalakihang iyon na nangaral ng Ebanghelyo, at ang salinglahing iyon ay tumanggap ng binhing naihasik bilang bahagi nila. Gaya ng mais—kung ito man ay tangkay, o ito man ay dahon, o ito man ay bulaklak, o ito man ay butil, ano man ito, ang ministrong iyon ang naghatid ng Salita ng araw na iyon. Tumawag ito mula sa apat na sulok ng lupa at kinuha ang Hirang ng salinglahing iyon. Sa pamamagitan ng mga Hinirang ay nabuo ang Tahanan ng Diyos na Buhay.

291 Ngayon, ang lingkurang ito rito ay kailangang matabtab sa tama nitong kalagayan hanggang sa ang mga gawang ginawa ni Jesus—dahil kapag siya'y dumating, ang Pangulong Bato ay sasalpak dito, dahil hindi silamay magaganap na Pag-Agaw, at sila' y kukunin, at ang iba pang bahagi ng Katawan ay kasama rito; at Siya ay tutungo sa Langit. Hindi isang denominasyon, mga kaibigan; isang Iglesia ng Salita ng Diyos. Naniniwala ba kayo rito? Naririto ang hang panyo, rito.

Ngayon, Ako'y paroroon—Ako'y paroon hindi ko alam kung saan. Sinasaliksik ko, gaya rin naman ninyo, ang kalooban ng Diyos. Kung magagawa ko lang sanang tumigil sa tabernakulong ito; hindi ko magawa iyon. Libu-libo--naririnig ko ang kanilang pagtangis—isang maruming espiritu ang nagpapahirap sa kanila. Halos hindi ako makatulog. Nakakarinig ako ng mumunting mga batang nag-iiyakan at nakikita ko ang mga ina itinutulak ang kanilang mga anak sa hanay ng panalangin, nakakakita ako ng isang ina, pinapaypayan ang kaniyang anak, tinatakpan siya ng kumot upang huwag siyang mabasa ng ulan doon sa bakuran. Nagdudugo ang puso ko para sa kanila.

292 Nang itayo ko ang tabernakulong ito, nang araw na iyon, kung kailan inilapag ko ang panulukang bato roon, naaalala ko ang pangitaing iyon nang umagang iyon. Isinulat ko iyon doon mismo sa panulukang bato; ang sabi. "Hindi iyo ang tabernakulong ito. Gawin mo ang gawa ng isang ebanghelista; ganapin mo ang iyong ministeryo." Mahal ko iyon; Mahal ko ang mga anak ng Diyos saan mang dako. Hindi ko alam kung saan Niya akopangungunahan. Hindi ko alam; naghihintay ako. Isang taon na akong nagli ihintay. Maaaring maghintay ako ng dalawang taon; maaaring maghintay ako ng tatlong taon, hindi ko alam. Hindi ko alam ang susunod na kilos. Hinihintay ko 'yon. Ngunit, sa palagay ko, ayon sa Kasulatan, ang Salita ay naihasik na. Ang kasunod nito ay ang pagdating ng Espiritu.

293 Maaaring mangaral si Billy Graham sa lahat ng dako: si Oral Roberts, ang mga makadiyos na lalaking iyon ay maaaring mangaral sa lahat ng dako. Maaaring isugo ako ng Panginoon upang maghasik ng mga

naibaon na ito nang malalim sa inyo, at alam n'yo na kung ano ang ipinangungusap ko. Tayo'y nasa huling panahon na. Ang mga binhi ay naihasik na ngayon; ang huling ulan ay malapit nang bumuhos.

286 Alalahanin, magkakaroon ng isang napakalaking maka-denominasyong pagtitipon sa malapit na hinaharap; magiging kahanga-hanga ito. At magsasama-sama sila sa isang kapisanan ng mga iglesia, at kung magkagayon, ang ganitong uri ng iglesia ay patitigilin sa paggawa (sa abot ng kanilang kaalaman). Sa pagkakataong iyon magpapakita si Jesus, at ipakikilala Niya kung sino ang Nobya at kung sino ang hindi.

287 At alalahanin n'yo, mga kaibigan kong Cristiano, na ako'y isang tao; maaari akong magkamali, ngunit ang Diyos, dahil Siya ay Diyos, ay hindi maaaring magkamali. Ang lahat ng mga Salitang ito na naisulat ay dapat matupad, sinabi ito ni Jesus. Kaya't may mga bagay dito sa Kasulatan na dapat matupad, at isa iyan sa mga bagay na iyon—ang boykot na ito na magaganap. Ngunit bago pa maganap ang boykot na ito (ng pagtatatak ng hayop), kailangan munang may maihasik na Binhi upang magawa ng Diyos na kumuha ng isang Iglesia palabas nito. Nauunawaan na ba ninyo ngayon? Ang Binhi ay kailangang maihasik. Isang maka-denominasyong binhi at doon—upang gumawa ng isang anyo o isang larawan para sa hayop (ang iglesia ng Roma); at kailangang magkaroon ng isang tunay na Nobya.

288 At nauunawaan natin na ang tinatawag na nobya ay itinakwil—Ang nobya ni Adan ay itinakwil upang makapaghatid ng Buhay. Ang naihatid niya ay kamatayan; tayo ang produkto niya (ang katawan natin); lahat tayo'y namamatay. Masdan n'yo ang sarili natin, makikita ninyo.

289 Namatay ang asawa ni Jehova; diniborsiyo Niya siya at kumuha Siya ng isang bayan mula sa mga Hentil para sa Kaniyang Pangalan. Tama ba yon? Ang pangalan Niya—gaya ng dinadala ng babae ang pangalan ng lalaki, ang nobya. Ngayon ano ang nagawa niya? Katulad din ng ginawa nila noon, ginawang denominasyon ang sarili; dinumihan. Ngunit sa bawat salinglahi, bawa't revival ay naglalabas ng isang propeta ng Diyos (ang propeta ay isang mangangaral, tunay na mangangaral ng Salita na nananatili sa Salita), at naghahatid sila ng isang revival na titipon sa Hirang mula sa salinlahing iyon. Pagkatapos ay tutungo siya sa kasukdulan. Kung magkagayon ay hindi na ito muli pang gagamitin ng Diyos. Tinatanong ko ang sinumang teologo, sinumang mananalaysay na sabihin sa akin ang isa mang pagkakataon na muting nakabangon ang isang denominasyon. Namatay siya nang siya'y maging denominasyon, at doon siya ngayon nakaratay.

290 Iniisip ko si Dwight Moody, ang Moody Bible—kasing patay ng hatinggabi. Iniisip ko ang mga Metodista, ang mga Pentecostal, ang mga



ang mga tao sa Kaniya-ipinako nila Siya sa krus. Ang Espiritu Santo ay ang siya ring Diyos na sa pasimula ay nasa Anak ng Diyos at ngayo'y naririto, ang isa pang upisina ng Diyos sa mga huling araw, nananahan sa iglesia, nagsisikap na dalhin ang Salita (ang Salitang binigkas tulad ng ginawa ng naunang dalawang upisina) sa mga tao, at tinatanggihan nila Ito. Iyon din iyon. Ito'y ang tatlong upisina o manipestasyon ng iisang Diyos na kumikilos. At ang Diyos na nasa kaniyang bayan ngayon, na kumikilos ay ang Diyos na kumikilos. Kita n'yo? lyon ay ang Diyos na nasa mga tao.

18 Kung loloobin ng Panginoon, nais kong mangusap tungkol diyan bukas ng gabi-Ang Diyos na nasa kalangitan, ang Diyos na nasa Kaniyang Anak, ang Diyos na nasa Kaniyang bayan, at iba pa. Ngayon nakapangusap na ako tungkol diyan dito, sa paniwala ko.

19 Ngayon kung gayon, ang mangmang na birheng ito, nang siya'y bumili ng langis-inutusan siyang bumili ng langis. Nang humayo siya ay nasumpungan niyang huling-huli na siya. Bakit? Bakit, mga kaibigan?ang mga binhi ay na ihasik na. Tatlo sila sa panahon ng Sodoma. Laging naroon ang bilang na tatlo sa tuwina. May tatlong pagdating si Cristo. Dumating Siyang minsan upang tubusin ang Kaniyang Nobya. Sa susunod ay darating Siyang muli sa pag-agaw upang agawin ang Kaniyang Nobya. Muli Siyang darating sa Milenyum kasama ang Kaniyang Nobya. Lahat ay tatluhan. Ang tatlo ay sakdal na bilang. Ang lima ay bilang ng biyaya. Pito-kalubusan; labingdalawa-pagsamba; dalawampu't apat ... o apatnapu-tinukso; at limampu naman ang Jubileo. Mismong ang salitang Pentecostes ay nangangahulugang jubileo-limampu. Kita n'yo?

20 Ngayon, at ngayon ang Diyos sa Kaniyang talabilangan, sakdal Siya sa Kaniyang talabilangan; sakdal Siya sa Kaniyang Salita; Sakdal Siya sa Kaniyang kilos; Sakdal Siya sa lahat ng bagay dahil Siya ay isang Diyos na sakdal. At makikita natin na sa mga birheng ito-ngayon ay tingnan, may tinatawag na patotot sa Biblia. (Ngayon, nais ko sanang patawarin ako ng mga kapatid kong babae. Aking ... Iyan ang isinasaad ng Biblia. Sa araw na ito ay magiging payak ang pananalita ko.) Tinatawag siyang babaeng bayaran at isang ina ng mga patotot, at iyon ay gayon din.

21 Ngayon, kung papansinin n'yo, may babaeng bayaran na ipinangusap sa Biblia (iyon ay isang iglesia), isang patotot na ipinangusap sa Biblia (iyon ay isang iglesia), at may isang Nobya na ipinangusap sa Biblia at iyon ay isang iglesia. Hayan ang tatlo. Tatalakayin natin ang mga ito mamaya at ipapakita kung kaninong nobya ang mga iyon at kung paanong sila'y itinakwil at lahat ng tungkol dito kung loloobin ng Panginoon.

22 Ngayon, ang unang bagay . . . Nais kong sabihin ito bago ko makalimutan. Huwag na huwag ninyong katatakutan ang Komunismo. Ang Komunismo ay nakagagawa lang sa mga kamay ng Diyos. Ito'y hindi makadiyos na pangyayari katulad na katulad ng kay Haring Nobucodonozor, ngunit isinugo Niya siya roon upang tagpasin ang Israel dahil sa kanilang pagsuway. Nang sabihin sa kanila ng propeta kung ano ang mangyayari at pinayuhan niya sila na manatili sa kanilang lupain at alalahanin ang Diyos, ayaw nilang sumunod; nagpatuloy pa rin sila sa kabila noon, at ang hari ay lumabas at sadyang kinubkob sila, dahil sinabi niyang mangyayari ito. Ang Konmnismo ay isang bagay na ... Ang dahilan kung bakit nagbangon ang Komunismo ay dahil sa pagiging ilehitimo ng simbahang Catolico sa ibayong dagat doon sa Rusya. Kinamkam nilang lahat ang salapi at hinakot ang lahat ng bagay, at iyon lang talaga ang dahilan. Iyan talaga ang lumikha ng Komunismo.

23 Nang ang batang lalaking iyon ay magbangon sa pagkamatay Boon sa Finland, ang mga naglalakihang sundalong komunista na nangakatayo roon at nakasaludo habang ako'y dumaraan, at luhaan ang kanilang mga pisngi na nagsabi, "Tatanggapin namin ang ganiyang Diyos"-siyanga, ang Diyos na makabubuhay ng patay at at tumutupad ng Kaniyang Salita, siyanga. Kita n'yo? Ngunit pagdating sa sisimba lang at mamumuhay ng tulad sa diablo at lahat na, tulad ng iba sa sanlibutan, walang maipakita, kung gayon ay hindi nila pinaniniwalaan ito. At magtatapat ako, ako man ay hindi naniniwala sa ganiyan. Tama 'yan. Tama 'yan. Walang Kasulatan na nagsasabing ang Komunismo ang maghahari sa mundo, ngunit may Kasulatan, at ang.buong Kasulatan ay nagsasabing ang Romanismo ang gagawa nito. Kaya't matyagan n'yo iyon.

24 Tingnan n'yo sa gabing ito; tingnan n'yo lang kung ano ang nangyari maging kagabi-ang senador na ito sa Kentucky ay nagsalita tungkol sa pagkakaroon ng isang Republican na-na uupo roon ngayon upang kumatawan sa Estado ng Kentucky at ang sabi, "Siya ay isang Protestante at wala itong buto"-Catolico siya. Nagiging napakapusok nila. At alalahanin, may iba pang bagay na kasama 'yan. Ang panahon ng mga mangmang na birhen-nakikita natin 'yan. Mga bagay na noo'y hindi pa nangyari kailan man-na walang sino man sa mga kalalakihan, ang mga tagapagturo sa mga kapanahunang nagdaan ang makapagsasabi ng mga bagay na nagagawa nating sabihin ngayon, dahil naririto na ang mga ito.

25 Ngayon, ang hindi matalinong birhen at ang mga halong-lahing mga Pentecostal (iyon din 'yon-nahalong-lahing sa mga bagay ng sanlibutan) ... Ngayon alalahanin. Pentecostal ako, ngunit hindi makadenominasyong Pentecostal. Hindi ko iyan matatanggap. Ako ay Pentecostal sa karanasan. Dapat



mismo ang siyang binibigyang lakas ng Espiritu Santo. Ngayon magagawa ba ng isang mensahero ng Diyos na sampalatayanan lamang ang bahagi ng Mga Kasulatan at hindi ang buong Salita?—itatanggi ang bahagi nito.

282 Ipoproklama ng propeta ng Diyos ang Salita sa huling mga araw; kamumuhian siya ng mga denominasyon. Hindi siya iiwas pares Lang sila huwag masaktan. Magiging tulad siya ng kung ano siya nang unang maparito si Cristo. "Kayong lahi ng mga ulupong! " Datapuwat ang predestinadong binhi ay makikinig at maghahanda sa pagbilang. Ang maharlikang Binhi ni Abraham, may pananampalatayang (tulad niya) nanghahawakan sa Salita ng Diyos sa kabila ng lahat, dahil siya ay predestinado. Ang mensahero ng Malakias 4 ay magpapakita sa takdang panahon ng Diyos. Inaabangan natin siya. Naniniwala tayong darating siya. Iyan ay ayon sa Kaniyang Salita; ito 'y mangyayari sa huling panahon, at panahon na ngayon upang makita ito.

283 Siya ay matu—matuwid na magiging matapat sa Salita gaya ng lagi nilang ginagawa; pinatutunayan ng Salita ng Diyos—at maibibindika. Ibibindika ng Diyos kung ano ang ipangangaral niya bilang Katotohanan gaya nang pagbindikang ginawa Niya kay Elias; dahil iyon ay si Elias na darating, maghahanda para sa Pag-agaw ng Bundok Sion. Sinabi ni Jesus na ang mga huling araw ay matutulad sa panahon ni Lot. Ang pangangaral niya ay magiging ayon sa Espiritu at sa matuwid na guhit ng Salita ng Diyos. Dahil napakarami nang nataguriang Katotohanan ng Diyos, maraming mamamali ng pagkaunawa sa tunay na mensaherong ito. (Isinulat ko rito: h-u-l-a), hula. Sapagkat—sapagkat napakarami nang nataguriang katotohanan ng mga manghuhuwad, maraming tunay na mga ministro ang hindi makauunawa sa mensaherong iyon.

284 Dahil mauulit ang mga pangHuling panahong hula, sumasampalataya ako, na kung paanong ang unang tagapaghanda ng daan ay dumating mula sa isang at sumigaw, "Narito ang Kordero ng Diyos," ang ikalawang tagapaghanda ng daan ay malamang na ganito rin ang gagawin sa pamamagitan ng pagtuturo sa mga tao sa isang isinilang ng Salitang Nobya. Ang Nobya ni Cristo ay ituturo sa mga kalangitan sa pagpapakita ni Jesus, na sumisigaw, "Narito ang Kordero ng Diyos! " ay mamumutawi sa kaniyang mga bibig. Tulungan nawa tayo ng Diyos na maghanda para sa nalalapit na pangyayaring ito. Ngayon, makabubuting iwan ko na ito mula rito.

285 Naniniwala ba kayo? Bakit nga ba nagkaganito? Higit n'yo na bang nauunawaan ngayon? Ito'y ang Salita, mga kaibigan. Inabot na tayo ng mga anim na oras (halos), lima't kalahati o anim na oras. Napakarami pang dapat sabihin, ngunit tiyak namang ang Espiritu Santo sa mga oras na ito ay—ay

nakaunawa sa kanila. Lyon ay dahil sila 'y natakwil sampu ng kanilang Mensahe. Ang Binhi ay naihasik na; kasunod nito ay ang paghatol, at sila ay nagsilbing tanda para sa mga tao na napipinto na ang kahatulan. Tapos na ang pagtatanim.

277 Naniniwala ako na balang araw ang tunay na Nobya ni Cristo ay sapilitang patitigilin sa pangangaral ng Salita ng Diyos. Ipinangako ito ng Biblia sa Apocalipsis 13:16 (Kung nais n'yo itong isulat). Sapilitang patitigilin ito ng denominasyon o kaya 'y ipatatanggap ang "tatak" nito. Kung magkagayon ay kukunin ng Kordero ang Kaniyang Nobya at hahatulan ang patotot dahil dito.

278 Alalahanin si Moises, isinilang para sa gawain, ay kinailangang maghintay sa Diyos para sa karagdagang kaloob para sa gawain. (Kinailangan niyang magbalik at maghintay.) At para sa takdang panahon ng Diyos isang Faraon ang kailangan munang lumuklok sa trono. At kinailangan munang nasain ng mga tao ang Salita ng Buhay bago Niya siya isinugong mull. Ngayon, dahil sa libu-libong nagpapakita ng mga tanda sa huling araw na ito ay may nalikhang salinglahing mapaghanap ng tanda, na walang kamuangan—walang anumang alam tungkol sa tunay na pagkilos ng Diyos sa Kaniyang Salita sa mga huling araw na ito.

279 Gaya ng sinabi ko, "Bigyan mo sila ng dugo at langis at makalamang pagpapamalas sa plataporma, at susuportahan nila ito maging ito man ay Salita ng Diyos o hindi, iskriptural man ito o hindi. " Binalaan tayo ni Jesus tungkol sa mga bagay na ito sa huling kapanahunan. Gaya ng nasabi ko, sa Mateo 24, dalawang espiritu, magkahawig na magkahawig, dadayain pati ang Pinakahirang kung maaari lang. Paano ninyong makikita ang pagkakaiba? Bigyan n'yo sila ng pagsusulit sa Salita. Paano n'yo itong malalaman? Ipangusap ninyo ang Salita; tingnan n'yo kung ano ang masasabi nila tungkol dito. Kung hindi nila mapanampalatayanan ang Salita, walang Binhing-punla sa kanila. Sila 'y sa masama at nililinlang nila kayo. Kung paanong nadaya ang unang nobya, sa gayon ay nadaya rin ang ikalawang nobya. Sila ang manlilinlang sa ikatlong nobya sa pamamagitan ng paghahalong-lahi sa Salita, o tatangkain nila ito.

280 Hindi kailan man inilagay ng Diyos ang mga tanda sa unahan ng Kaniyang Salita. (Amen! Nakapapaso iyan.) Hindi kailan man inilagay ng Diyos ang mga tanda sa unahan ng Kaniyang Salita. Ang mga ito ay naidagdag lamang bilang katibayan ng Salita, ngunit ang Salita ang una.

281 Para patunayan ito, sinabi ni Elias sa babae, "Igcrwa mo muna ako ng tinapay. " Pagkatapos ay masdan mong nagaganap ang himala. Lumapit ka muna sa Salita at paglcatapos ay masdan mo ang himala. Ang Binhing Salita



tayong magkaroon ng ... ang mga Metodista ay Pentecostal; ang mga Baptist ay Pentecostal; ang mga Catolico ay Petencostal kung taglay nila ang karanasang Pentecostal. Hindi n'yo maaaring gawing organisasyon ang Pentecostes, dahil ito ay isang karanasan, at Diyos iyon, at hindi maaaring gawing organisasyon ang Diyos.

26 Ngayon ... ngayon, sinabi ni Jesus sa atin na ang mga bagay na ito ay darating, ngayon ... sinabi sa atin kung ano ang magaganap-magbabangon ang mangmang na birhen, at kung ano ang mga bagay na gagawin nito, at kung paanong manghihingi ang mga tao sa kanilang panahon, nanasain nila ang langis, ngunit magiging huling-huli na sila. Kita n'yo? Ngayon ay masdan n'yo ang tatlong iglesiang ito. Nariyan ang babeng bayaran; hindi siya nanghihingi ng anuman. Ngayon nakatuon ang pansin niya tanging sa kaniyang sarili. Naroon ang mangmang na birhen, at ito'y ang iglesiang Protestante. At naroroon ang Nobya, kita n'yo? Ngayon, hayan ang tatlong, yugto ng iglesia sa mga huling araw. Ngayon ay masdan, ilalabas natin ang mga ito at magmula sa Genesis ay ilalabas natin ang mga ito rito at ipupuwesto natin sila sa Apocalipsis sa Pag-agaw, kung loloobin ng Panginoon.

27 Lahat ng mga bagay na ito ay parang totoo sa tingin. Ang Pentecostes ay parang totoo sa tingin: Isiping sila'y ...

"Aba, kabilang ako sa samahang Pentecostal." Walang kaibahan iyan sa kung ikaw ay titira sa kural ng baboy! Walang pagkakaiba kaunti man. Walang . . . Iyan at tunog na tanso at kalansing ng pompyang. Siyanga, saan ka man kabilang, kung hindi ka isinilang ng Espiritu ng Diyos at nakatanggap ng Espiritu Santo-at ang dahilan-kung hindi ka pa nakakatanggap-hindi mo pinaniniwalaan ang kabuuan ng Salita ng Diyos, hindi mo pa natatanggap ang Espiritu Santo. Tama. Tamang-tama talaga 'yan. Ang Espiritu Santo-Kapag narinig mo ang Katotohanan, at hindi ka pinatnubayan ng Espiritu Santo patungo Roon, kung gayon ay may ibang espiritu riyan na naglalayo sa iyo Roon. Kaya't ang espiritung taglay n'yo ay hindi ang Espiritu Santo.

28 Tama, ngayon masusumpungan natin habang-nagpatuloy siya, nagsabi, kung paanong si Jannes at Jambres ay naghimagsik laban kay Moises (tinalakay na natin 'yan), kung paanong ang mga bagay na ito ay magaganap sa mga huling araw. Ngayon, at ang huling sipi natin ay, -ginawa ng Diyos ang bawa't binhi ayon sa uri nito; iyon ay ang Kaniya, kita N'yo. At nang likhain Niya ang tao sa Kaniyang larawan-ito'y binhi ng Kaniyang Salita. At nang si Jesus ay magkatawang tao, Siya ang laman ng Salita ng Diyos. At kapag tinanggap natin ang Salita ng Diyos, kung magkagayon ay nagiging Salita tayo ng Diyos sa ating laman, kita n'yo? Ang Iglesia ay dapat nasa ganiyan nang kalagayan.

29 Ngayon, at matapos Niyang likhain ang tao sa Kaniyang wangis- "sa larawan ng Diyos ay nilikha niya siya... "-ngayon matapos Niyang gawin ito (ngayon huwag na hindi n'yo makuha ito), matapos likhain ng Diyos ang tao ayon sa sarili Niyang larawan sa pamamagitan ng Kaniyang Sariling binigkas.na Salita-ngayon iyon ay taong sakdal, datapuwa't nangyari ang pagkalugmok, nang'hugutin Niya mula sa kaniya ang isang ikalawangprodukto at gawan siya ng isang nobya. Nariyan ang problema ngayon. Kung espiritual kayo, nasapo na ninyo ito, kita n'yo, kita n'yo? Siya ... Hindi si Adan ang nagkaproblema. Hindi si Adan ang nag-alinlangan sa Salita; ang nobya niya ang nag-alinlangan sa Salita. At hindi si Jesus ang nag-alinlangan sa Salita, pagkat Siya ang Salita; ang Nobya Niya iyon.

30 Doon galing ang paghahalong-lahi-hindi iyon galing kay Adan. Mahiya kayo kung hindi n'yo makita'yan! Hindi kasalanan iyon ni Adan. Wala siyang kinalaman doon. Kung kay Adan galing ang kamatayan, kung gayon ay galing ito sa Diyos. Ang kamatayan ay galing sa paghahalo ng lahi. Hindi maaaring manggaling ang kamatayan sa Salita ng Diyos. Galing ang kamatayan sa paghahalong-lahi nito sa denominasyon at kredo. Sa halip ni Cristo, ay dogma-sa halip ng Salita. Hindi ito nagmula sa Salita. Ang Salita ay Buhay. Ang sabi ni Jesus, "Ang mga Salita Ko ay Buhay," at ang Espiritu ang bumubuhay sa Salitang iyon at ginagawa itong Buhay. Ang ihalong-lahi Ito, doon nagmumula ang kamatayan. At kung si Adan, ay Salita ng Diyos, ang Kaniyang Binigkas na Salita, ang Kaniyang orihinal na Binhi (dahil Siya ang una noon . . . sa pagkalalang), kung gayon ang Kaniyang ikalawang Adan ay sa pamamagitan din ng pagialang (binigkas na Salita). Nasusundan n'yo? Ngayon si Adan ay hindi nadaya ... hindi nadaya si Adan, kundi ang nobya niya ang nadaya. Si Cristo ngayon ay hindi nadaya. Ang Salita ay hindi nakadadaya. Ang nobya ang gumagawa ng pandaraya sa-pamamagitan ng Salita. Nakikita n'yo ba ito?

31 Ngayon, pinagkalooban Niya siya ng nobya-katipo ng ikalawang Adan. Binigyan Niya ang unang Adan ng isang nobya; nalugmok siya. Binigyan Niya ang ikalawang Adan, si Cristo, ng nobya; nalugmok siya. Akmang-akmang 'yan. Bakit?-hindi siya orihinal; siya ay ikalawang-produkto lamang. Ang nobya ngayon ay isang pangalawang produkto. Kita n'yo, tinatawag niyang nobya ang sarili niya. Ngunit ano nga ba siya, kundi siya ay binubuo ng materyales ng organisasyon, hindi ng Salitamay ilang salita lang doon upang ito'y maging isang uri ng pangalawang produkto upang maging mapagpaimbabaw ito. Sinampalatayanan ni-Eva ang karamihan sa Salita, ngunit pinag-alinlanganan niya ang isang bahagi Nito. Ngayon, ni hindi niya magawang ihanay ang Mga Gawa 28 ... o ang Mateo



272 Ang Diyos ay nangako (mag-ingat!)—Ipinangako ng Diyos ang Malakias 4 para sa huling araw na ito, at ang Malakias 4 ay hindi pa natutupad, datapuwa't kailangan itong matupad dahil ito ay nabinhiang Salita ng Diyos, na naipangusap sa pamamagitan ni Malakias, ang propeta. Tinukoy ito ni Jesus. Ito 'y magaganap bago dumating si Cristo sa ikalawang pagkakataon.

273 (Makinig maigi, ngayon). Lahat ng Kasulatang hindi pa natutupad ay kailangang matupad, bago sumapit ang pagkakataong iyon. Ang Biblia ay magwawakas—magwawakas; ang dispensasyong Hentil ay magwawakas kasama ng kapanahunan ng iglesia. Kapag dumating ang pinahirang mensaherong ito, anupa ipupunla niya ang Binhi ang buong Biblia,-mula sa serpente hanggang sa mensahero, sa unang ulan. Pagkatapos ay tatanggihan siya ng mga taong rnaka-denominasyon tulad din ng kaniyang ninuno—si Juan at si Elias, gaya ng ipinangusap ng ating Panginoonmga tao—tulad ni Elias noong una sa panahon ni Achab. Mangyayari ito sa bansang ito, dahil ang bayang ito ay tipo ng

274 Basahin n'yo o pakinggan ang Relihiyong Jezabel. Kung paanong ang bansang ito—Ang ating mga ninuno para sa . . . nagsisamba sa paraang nais nila, naparito sa bansang ito at itinulak palabas ang mga katutubo at namahala; ang Israel din naman ay namahala nang lumabas sila sa Egipto. Nagkaroon tayo ng mga lalaking makadiyos tulad nina Washington, Lincoln. Sila man ay nagkaroon din ng mga dakila at makadiyos na mga lalaking tulad ni David at ng iba pa. Pagkatapos ay nagkaroon sila ng isang Achab sa luklukan na may Jezabel sa likuran niya na siyang nagmamando sa kaniya—gayon din naman tayo! Kaya sa pagkakataong ito, sa bansang ito, lilitaw ang taong iyon. Dahil ito 'y nasa Kasulatan, at ito 'y ITO ANG SABI NG PANGINOON.

275 At sa huling ulan ay may magaganap na sagupaan sa Bundok ng Carmel, isang sagupaan—ang Biblia ay matutupad sa pinakatitik nito. Si Juan Bautista, ang mensahero Niya sa Kaniyang unahan sa Malakias 3 ay nagtanim ng unang ulan at tinanggihan ng mga iglesia (ang mga denominasyon—ang mga Fariseo at Saduseo) sa kaniyang panahon. Dumating si Jesus at naganap sa Kaniya ang sagupaan sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo. Ang tagapaghanda ng daang ito sa huling mga araw ay maghahasik para sa unang ulan. Si Jesus naman ang haharap sa sagupaan sa pagitan ng mga denominasyon at mga kredo (ang Kaniyang Salita). Kapag Siya ay dumating, ang sagupaan—Ang Pag-agaw ng Kaniyang Nobya! Una ay ang Bundok ng Carmel; ang ikalawa ay ang Bundok ng Pagbabagong-Anyo; ang ikatlo ay ang Bundok ng Sion! Luwalhati!

276 Ang asal ni Elias, ang asal ni Moises, ang asal ni Juan, iniwan ang mga dati niyang larangan ng paglilingkod—marami sa mga tao ang hindi

sa kaniya mula sa ilang kung saan siya isinugo ng Diyos hanggang sa marinig niya ang Tinig ng Diyos, ang Korderong Mesias.

Kayo ba'y nakikinig, espiritual na pag-iisip? Ano pa ang maaari kong sabihin dito? May nilalaktawan ako rito, ngayon.,

268 Ibang-iba na ngayon! Napakaraming mga naturingang mga ebanghelista ang nag-aangking nasa kanila ang tugon mula sa Diyos para sa mga tao, gaya ng ginawa ni Kore—itinatanggi, kinalaban ang kapamahalaan ng bindikadong pinahirang propeta ng Diyos, na si Moises, inaangking taglay niya ang tugon. Ito ay isangparaan din naman ng pagkita ng salapi—isang ginintuang guyang baka, gaya ng ginagawa ng marami ngayon—naglalakihang mga gusali, naglalakihang eskuwelahan, mga dikoryenteng papisaan ng kaniyang kauring binhi. At pagkatapos—ang mga tao noon, tulad din ngayon, ay narahuyo rito matapos nilang mapakinggan ang tunay na Salita ng Diyos sa pamamagitan ng isang pinahirang binindikang propeta.

269 Naakit sila ng kasinungalingan ni Kore. Propetang pinatunayan ng Diyos, at batid ng Diyos—at batid nilang sinabi sa kanila ng Diyos—Batid ng Israel na malinaw nang sinabi sa kanila ng Diyos na Kaniyang ibibindika ang Kaniyang mga propeta sa pamamagitan ng Kaniyang Salita. Si Kore ay hindi isang iskriptural na propeta, ngunit naging napakaganda nito sa paningin ng bayan; gaya rin naman ngayon. Ngayon—ngayon, dugo naman sa inyong mga kamay, mga bolang apoy sa plataporma, langis sa iyong mga daliri; at ito rin ang nakagagawa ng mga babaeng mangangaral, maiikling buhok, meyk-ap . . . Ano na nga ba ang nasa inyo? Hindi n 'yo iisiping maiibigan iyon ng mga tao, ngunit naibigan nila iyon para kay Kore, at ganito rin ang ginagawa nila ngayon at tinatalikuran ang tunay na Salita tungo sa mga denominasyon. Mga naka-syorts: nagpapakita ng uri ng binhing nasa kanila.

270 Ngunit salamat sa Diyos at ang buong Israel ay hindi napaibig kay Kore. Ang iba ay nanatili kay Moises, ang pinahirang propeta na siyang may taglay ng Salita ng Diyos. Ganito rin ngayon sa marami sa mga hinirang ng Diyos, sa pamamagitan ng Kaniyang Salita at Espiritu.

271 Alalahanin, ang mga dawag, ang mga damo, ay titipunin at bibigkasin. Tama ba 'yon? Naganap na ito. Ang mga napariwarang iglesia ng organisasyon ay nabigkis nang napakahigpit kaysa sa dati. Ang mga ito'y nabigkis nang magkakasama sa kapisanan ng mga iglesia, handa na para sa kahatulan ng Diyos. (Hindi ako ang sumulat nito, dama kong Siya ang sumulat nito). Ang mga Pentecostal ay punung-puno na ng mga tinaguriang—katulad na rin nila. Ang trigong-Salita ay titipunin na rin balang araw makaraang lumisan sila para sa Panginoon.



28:19 sa Mga Gawa 2:38. kita n'yo? Nalilito siya rito. Iyan ay isang maliit na bahagi lang ng daan-daang iba pa.

32 Ngayon, ang nobya ni Adan ay tipo ng nobya ng ikalawang Adan. Ngayon, ang nobya ni Adan-hindi nakapaghintay ang nobya ni Adan. Sinabi ng Diyos kay Eva't Adan: "Magpakarami kayo at kalatan n'yo ang lupa." Lyon ay isang bagay na mangyayari-isang pangako. Hindi pa niya siya asawa dahil hindi pa sila nagsasama. Ang Nobya ni Cristo ay hindi pa Niya Asawa; kailangang mangyari muna ang hapunan ng kasalan. Nakuha n'yo ba? Pansinin, o napakayaman nito! Nagmadali siya at ano ang ginawa niya?-ihinalo niya ang binhi niya. Ihinalo niya ito sa binhi sa serpente; at nang gawin niya iyon, nagdala siya ng isang-ano ang dinala niya? Nagdala siya ng anak ng kamatayan, isang anak na-nailiko niya ang bawa't anak pagkatapos nito. At nang ang iglesia ni Jesus Cristo ay nailiko sa panahon ng Roma, matapos ang kaniyang birheng pagsilang, at nang siya'y maibigay kay Cristo sa Pentecostesay kaniyang-Ano ang ginawa niya? Ihinalo niya ang sarili sa dogma ng Roma. At ganitong-ganito rin ang ginawa ng iglesiang Protestante. Hindi siya makapaghintay.

33 Isang dalaga ang nakipag-tipan sa isang butihing malinis na binata, at bago pa sila magsama, ay ano ang ginawa niya? Nasumpungan siyang nabuntis ng iba. Nang magkagayon ang binhi niya na naipagkasundo ha, ang sarili niyang katawan na naipagkasundo na sa kaniyang binatang katipan, ang naipagkasundo niyang magiging asawang lalaki, nasumpungan siyang punung-puno ng binhi ng ibang lalaki. Anong laking kahihiyan! Ganiyangganiyan ang nasumpungan ni Adan.

34 Ganiyan din ang nasumpungan ni Cristo. Hindi makapaghintay. Iyan ang nangyayari sa mga tao ngayon. Hindi nila mahintay ang tunay na Espiritu Santo upang siyang maglagay sa Iglesia sa tama nitong kalagayan. Kailangan pa nilang gumawa-gawa ng kung ano, umisip ng kung ano-unang ebidensiya, pagsasalita ng ibang wika-para makakuha ng mas maraming kasapi sa iglesia, lahat ng klase ng kabulukang ito sa halip na

maghintay sa Panginoon para sa tunay na pagpapamalas ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo na nagpapakilala sa Kaniyang Sarili sa mga tao. Hindi siya magkapaghintay.

35 Ano ang ginawa niya? Lumabas siya at nabuntis ng mga pagka-maka-denominasyon. Una ay ang Assemblies of God; pagkatapos ay ang mga Oneness, pagkatapos ay kung anu-ano pa ang sumunod doon. Ngayon ang tinaguriang nobya ay nabuntis na ng lahat ng uri ng kabulukan, kahihiyan. Hindi pinapansin ng mga babae ang sinasabi ng Salita ng Diyos, na para bang

ito'y walang anuman sa mundo, hindi rin pinapansin ito ng mga lalaki, o maging ng mga mangangaral. Pagkatapos ay tatawagin mo iyan na nobya!

36 Ano ito. Buntis na siya. Ang nobya ni Cristo ay nabuntis na ng sanlibutan-nagbibihis ng tulad sa sanlibutan, kumikilos ng tulad sa sanlibutan, naglalakihang simbahan, naggagandahang ... Ano .. . ipinapakita nito kung ano siya. Siya ay sa diablo! Lyon ang ginawa ni Satanas sa una pa tang, ang sumubok na, magtayo ng malaki, magandang kaharian sa kalangitan at sinipa siyang palabas dahil dito-itiniwalag sa Langit. At ganiyan ang makabagong nobya ni Cristo, nasipa na siyang palabas, dahil itiniwalag na siya mula sa Diyos, dahil siya ay isang patotot at hindi birhen. Malalim ito, ngunit umaasa akong nakukuha n'yo ito.

37 Hindi nakapaghintay ang nobya ni Adan, ngunit ihinalo niya ang kaniyang binhi sa paraang ilegal, ilegal. Dapat ang paniwalaan natin ay ang Salita ng Diyos at iyon lang!

38 Ngayon mga kapatid, dito at sa teyp, nakikita n'yo ba kung bakit ipinaglalaban ko ang Salitang iyan, nang salita sa salita. Sinabi ko na sa inyo na pinaniniwalaan kong iyan ay Katotohanan ng Diyos. Iningatan ng Diyos ang Biblia. Kailangan Niyang hatulan ang sanlibutan sa pamamagitan ng isang pamantayan-sa pamamagitan ni Jesus Cristo na siyang Salita, at ang Salitang ito ay naging laman upang maging si Jesus Cristo. Hinahayaan ko lang itong mababad at manuot. Alalahanin, ang Salita. At ngayon nasumpungan Niya siyang napakarumi. Sa palagay n'yo kaya'y magpapakasal Siya sa isang katulad niyan? Hinding-hindi. Banal Siya.

Hindi siya nakapaghintay. Ilegal, iyon ang nasumpungan ni Adan.

39 Ngayon, mga kapatid kong kalalakihan, kapatid na babae, tumingin kayong pabalik sa anino ng anumang bagay, ito ang pinaka pagpapahayag ng tunay na larawang paparating. Kaya't kailangang masumpungan ni Adan na buntis ang asawa niya. At ang, sabi niya, "Tinukso ako ng serpente."

40 Ngayon, tayo'y-kayo'y-kukunin ko ito sa dalawang paraan sa ilang sandali lamang kung loloobin ng Panginoon, kita n'yo, ipakikita sa inyo na imposibleng maging iba pang bagay ito.

41 Ngayon, hindi nakapaghintay ang nobya ni Adan, bagkus ay nauna siyang sumulong. Ganiyan din ngayon, ang nobya ngayon. Nais niyang gumawa-gawa ng kung ano, "Luwalhati sa Diyos!"-kailangan pa niyang gawa-gawain ito sa plataporma. Kailangan niyang magkaroon ng lahat, kita N’yo. Ano ang ginagawa niya-gumagawa-gawa ng kung ano.

42 Tingnan n'yo kung saan ito patungo. Makikita n'yong wala itong kabuluhan; ito'y huwad. Tamang-tama. Kung hindi, ang sanlibutang ito ay



263 (Ang mga talinhagang ito? Ngayon masdan.) At nang sumapit ang oras, ibinigay iyon ng Diyos kay Josue, na nanatili sa Kaniya sa pamamagitan ng Salita, dahil hindi Niya mapagtiwalaan ang iba; May tiwala Siya sa kaniya. At mauulit itong muli!

264 Tulad ng batid ng makapangyarihang pinahirang propetang Moises na gagamitin siya ng Diyos, dahil pinatunayan Niyang lingkod Niya si Moises sa pamamagitan ng kaniyang kakaibang kapanganakan. Sa tamang oras na kung—ang pagpapalaya sa binhi ni Abraham ay may takdang oras. (Nakukuha ba ninyo?) Hindi tumigil si Moises sa Egipto upang makipagtalo sa kanila tungkol sa pagkaunawa niya sa Mga Kasulatan. Hindi siya nakipagtunggali sa mga saserdote, bagkus ay nagtungo siya sa ilang at naghintay sa Panginoon hanggang sa—hanggang sa maging handa na ang mga tao upang tanggapin siya. Naparoon siya upang magpatotoo sa kanila, ngunit hindi nila siya matanggap. Tinawag ng Diyos ang Kaniyang propeta sa ilang. Ang Diyos ang sumaksi; Hinirang Niya siya, ngunit ang paghihintay ay hindi para kay Moises, kundi para sa mga tao upang maihanda sila sa pagtanggap kay Moises. Inakala ni Moises na mauunawaan ng mga anak na siya ay isinugo. (Hindi ako ang nagsulat nito, kundi Siya; gayon din naman ngayon.)

265 Tulad ni Elias, matapos mangaral ng kaniyang mensahe ang makapangyarihan at bindikadong propetang iyon na dinatnan ng Salita ng Diyos, sa mga modernong lupon ng mga Amerikano ng unang ginang na maikli ang buhok at sa mga lupon ng mga pinturadong Jezabel-pinatutunayan ng Diyos ang Kaniyang propeta; at sa tuwing siya ay manghuhula, laging katotohanan iyon—kinailangang paalisin muna siya ng Diyos sa larangan ng pangangaral hanggang sa salutin Niya ang salinglahing iyon ng mga makapangyarihang salot dahil sa pagtanggi nila sa Mensahe ng Kaniyang propeta at sa Salita ng Diyos na ipinadala Niya sa kanila.

266 Isinugo siya ng Diyos sa ilang upang magtago. Maging ang hari ay hindi nagawang ipatawag siya. At yaong mga nagtangkang humimok sa kaniya na sumalungat sa Salita ng Diyos ay nangamatay dahil sa ginawa nila! 0, luwalhati! Whew! Umph! Ngunit nang mangusap ang Diyos sa Kaniyang matapat na propeta sa pamamagitan ng isang pangitain, lumabas siya mula sa ilang taglay ang ITO ANG SABI NG PANGINOON. Ano ang ginawa niya? Diretso sa Salita, nagbalik siya sa Salita. Dinala niya ang labindalawang bato at pinagsama-sama niya ang mga ito.

267 Tulad ni Juan Bautista, ang matapat na tagapaghanda ng daan ni Cristo, ang pinahirang propeta, hindi pumasok sa paaralan ng kaniyang ama, hindi pumasok sa paaralan ng mga Fariseo, walang denominasyong tumawag

(Ipinakikita Niya sa Kaniya), at tinatanggap Niya ito. Hinding-hindi Niya ito pinag-aalinlanganan.

259 Walang makasasakit sa Kaniya, maging kamatayan man; dahil kapag ang Binhi ang naitanim, ang tubig ang muling magpapabangon Dito. Amen. (Ngayon, may malaking-malaki akong Aleluia!) Heto ang lihim: ang Salita ay nasa Nobya gayon din ang isip ni Cristo upang malaman kung ano ang nais Niyang ipagawa sa Salita, at ginagawa niya ito sa Kaniyang Pangalan. Taglay niya ang ITO ANG SABI NG PANGINOON.

260 Pagkatapos ay mabubuhay ito; kaya't din idilig ito ng Espiritu hanggang sa lumaki ito at magampanan nito ang layuning nakalaan para rito. Ang ginagawa nila ay tanging ang Kalooban Niya lamang. (Amen! Sasampalatayanan ko iyan.) Walang makahihikayat sa kanila upang tumaliwas dito. Taglay nila ang ITO ANG SABI NG PANGINOON, o kung hindi ay mananahimik na lamang sila. Gagawin nila ang mga gawa ng Diyos. Sapagkat Siya ay mananahan sa kanila, ipinagpapatuloy ang Kaniyang Salita upang tuparin gaya nang pagganap Niya sa Kaniyang mga kaarawan. Lahat ng bagay—nang Siya ay naririto pa— Hindi Niya naganap ang lahat nang maparito Siya, dahil hindi pa iyon ang oras.

261 Ngayon, tumindig tayong tulad nina Josue at Caleb. (Ngayon, masdang maigi, magkakaroon ito ng espiritual na panlikod na larawan.) Ngayon, tumayo tayong tulad nina Josue at Caleb habangnakikita natin ang Lupang Pangako na lumilinaw sa ating paningin. Papalapit na ang oras. Upang maibigay—ang Josue sa salitang Hebreo ay nangangahulugang Tagapagligtas at kumakatawan ito sa ipinangakong panghuling panahong tagapamuno na siyang magtatawid sa Iglesia. Si Caleb ang kumakatawan sa tunay na marianampalataya na nanatili kay Josue. Pinasimulan ng Diyos ang Israel na isang birhen, sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, ngunit inayroon.silang ibang nais. Ganito rin ang panghuling araw na iglesia.

262 Pansinin kung paanong hindi ikinilos ng Diyos ang Israel hanggang sa sumapit ang Kaniyang Sariling takdang-oras. (Ngayon makinig. May kahulugan ito.) Hinintay ni Josue ang pagkakataong iyon! 0 kahit pakahit pa nga marahil ay laging sinasabi ng mga tao, "Ipinagkaloob sa atin ng Diyos ang lupain, ang pangako; sumulong na tayo ngayon at kubkubin ito. " Marahil ay sinabi nila, "Josue, naiwala mo na ang iyong atas. Nasaid ka na. Bakit hindi ka kumilos? Dati ka namang—alam mo ang ITO ANG SABI NG PANGINOON sa isang saglit at kung ano ang kalooban ng Diyos." Ngunit ang matalinong isinugo mula sa Diyos na propetang ito py alam kung ano ang pangako ng Diyos subalit alam niya ring maghintay sa pangakong iyon—isang malinaw na kapasiyahan mula sa Diyos para sa kaniyang panahon.



magliliyab sa kapangyarihan ng Diyos; ang iglesia ay magiging maalab; o, ang ... patay ay mabubuhay at lahat ng uri ng pangyayari ay magaganap. Ngunit ano ang naipunla sa kaniya bago pa siya makapiling ni Jesus, bago pa Siya makalapit sa kaniya upang maipunla ang Sarili Niyang Binhi? Ano ang nasa kaniya?-mga binhi ng dawag, ang sanlibutan, mga binhing makadenominasyon. Iyan ang dahilan na umaaani na siya ngayon. Umaasa akong hindi ... sasama ang loob n'yo, datapuwat umaasa akong hahantong ito sa isang dako kung saan ang tiwala ko'y maipagkaloob ng Diyos ito sa inyo. Kita n'yo?

43 Ngayon, ihinalo niya ang binhi niya sa isang ilegal na paraan, ilegal sa Salita. Ano ang sinikap niyang masumpungan? (Ngayon ay makinig kayong mabuti.) Ano ang habol niya?-karunungan! Karunungan! At iyan ang ginawa niya ngayon. Pinag-aral niya ang mga mangangaral niya sa mga paaralan, "pinisa" sila sa isang makina, sa sikolohiya, lahat na ng bagay-na dapat ay ... hindi nga makita sa Biblia. At "ini-ingkyubeytor" niya ang ma itlog niya. At pagkatapos niya, nakapagpalabas siya ng isang produkto na isang bungkos ng mga tao na kinukumpromiso ang lahat at itinatanggi ang pinaka Mensahe ng Diyos, nang hindi nalalaman ang kaniyang ginagawa.

44 Ignorante siya rito. Hindi siya naniniwalang-hindi niya iniisip na mali siya. Hindi rin naman inisip ni Eva na mali siya. Ang akala ni Eva ay tama siya. At kung iyon ang tipo, at ito ang anti-tipo, kakailanganing gumawa itong katulad ng tipo. Ngayon iyan-para sa akin iyan ay dalawa paramihin mo sa dalawa ay apat.

45 Ngayon, pansinin, ano'ng nangyari sa mga anak ni Eva? Ang unang isinilang-ngayon kung sinabi ng Diyos, "magpakarami kayo (sa kaniyang nobya, sa nobya ni Adan) at kalatan-magpakarami kayo at kalatan ang lupa," iyon ang utos ng Diyos; at dapat sana'y ginawa niya iyon, at magagawa ni Adan iyon, kung paghahaluin nila-ang kanilang mga sarili. Ngunit ano ang nangyari? Nang handa na si Adan na tumabi sa kaniya, ina na siya. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

46 Ngayon, gano'n din ang nangyari sa iglesia ni Cristo, ang nobya ni Cristo. Ngayon ay magpapakalawig tayo riyan sa isang sandali. Ngayon sa nobyang ito, ano ang ginawa niya kung gayon? Lurnabas ang una niyang anak, ito'y isang bastardong anak, at punung-puno siya ng kamatayan at naging sanhi ng kamatayan. At bawa't isa pagkatapos noon ay naging kamatayan na! Ngayon ay makikita n'yong sex talaga iyon. Bakit kayo namamatay kung hindi sex iyon? Samantalang nagbigay ang Diyos ng utos na hindi maaaring mapahamak! Ang Salita ng Diyos ay Walang Hanggan! Hindi ito maaaring mabigo! Nang sabihin Niya, "Magpakarami kayo at kalatan ang

lupa"-iyon ang Walang Hanggang layunin ng Diyos. Kapag sinunod mo ito ay hindi ka mamamatay, dahil itoy Salita ng Diyos. Dapat ay mabuhay ka. At kung ang batang iyon ay nailuwal nang tama, disin sana'y walang kamatayan; nguni't hindi siya nakapaghintay.

47 lyan ang nangyayari ngayon. Ang nais n'yo'y isang uri ng huwad na kulorete na may hiyawan, lundagan, pagsasalita ng ibang wika, o kung ano pa, sa halip na maghintay sa tunay na Salita ng Diyos na maipamalas sa pamamagitan ng Nobya. Ang uring iyon na kayang tumanggap sa Salita ay ang tunay na Nobya ng Diyos, na nagluluwal ng mga bata. Hindi sila maaaring mamatay. Ang isang bata, na iniluwal ng Nobya sa Salita ay hindi maaaring mamatay dahil Ito ay Salita. Amen. Nakuha ba ninyo? Hindi siya maaaring mamatay dahil siya'y-Ang batang iyon ay hindi maaaring mamatay dahil siya ay isang Salitang anak; siya'y isang binhing anak, siya'y isang Walang Hanggang Anak. Aleluia!

48 Gayung-gayon nga si Jesus Cristo-isang binigkas na Walang Hanggang anak. Hindi Siya kailangang mamatay, ngunit ginawa Niya iyon para bayaran ang pagkakautang. Lyon lang ang paraan para mabayaran ito. Walang ibang makagagawa nito; lahat sila'y isinilang sa pamamagitan ng sex ayon sa diablo, sa kaniyang piano. Nakuha na ba ninyo ngayon? Kita n'yo?

49 Ngunit bawat tao, maging papa man siya, pari o obispo, ano man siya, namamatay siya sapagkat siya ay halong-lahi. Tamang-tama! Ipinanganak siya sa pagitan ni Satanas at ni Eva. Ano man ang nais nilang itawag dito, si Satanas pa rin iyon at si Eva. Ang orihinal na Salita ay walang kinalaman dito. Ang orihinal na Salita ay buhay. Hinalong-lahi niya ito at nagbunga ito ng kamatayan! At kapag ang iglesia ngayon na binabansagan ang kanilang sarili na mga Pentecostal, binabansagan ang kanilang sarili na mga Baptist,"ano man ang nais nila, nang ihalong-lahi nila ang Salitang ito sa dogma, nagbubunga ito ng isang patay na bata. At hindi sila maaaring magkaroon ng buhay sa kaniya! Patay siya, at ang mga anak niya ay patay din!

50 Ang sabi ng Diyos, "Ibubulid Ko siya sa higaan ng kamunduhan at papaslangin ang kaniyang mga anak." Sinabi Iyan ng Diyos sa Apocalipsis. Ilan sa inyo ang nakaaalam na iyan ay totoo? llalagay siya sa higaan ng kamunduhan (naroroon na nga siya), at papaslangin ang kaniyang mga anak, sa pamamagitan ng apoy. Mamamasdan natin kung saan-ano ang mangyayari sa mga pangsirang damo na kasama ng trigo?-susunugin. 0, hindi mo mapagsisinungaling ang Salita. Ito ang Katotohanan. Minsan ay naguguluhan tayo-at maaaring pamalian natin Ito, ngunit kung pananatilihin ninyong tuwid ang takbo Nito, tatakbo itong isa-dalawa, isa-



magiging pinaka larawan Niya, upang maipagkaisa sa Kaniya. Sila ay magiging Isa. Sila ang magiging pinaka-pagpapamalas

ng Salita ng Buhay na Diyos. Hindi ito maipalalabas ng denominasyon. Ito ay magiging—mapalalabas nila ang kanilang mga kredo at 'vex dogma na naihalo sa Salita at—at nagbubunga ng halong-lahing produkto.

255 Ang unang anak, ay binigkas na Binhing-Salita ng Diyos. Pinagkalooban Siya ng isang nobya. (Binabalikan ko lang ang Espiritu, at kinukuha kung ano ang sinabi ko, kita n'yo.) Isang nobya—upang makapamunga Siya ng Kaniyang Sarili. Nalugmok siya—(K ita n'yo, kaya ipinagkaloob ang nobya, para makapamunga Siyang muli ng isa pang anak ng Diyos, subalit nalugmok siya sa pamamagitan ng paghahalong-lahi, kita n'yo.) Pamungahin ang Kaniyang Sarili—subalit nalugmok siya; naging sanhi upang mamatay Siya.

256 Ang ikalawang anak, isang Binigkas na Binhing-Salita ng Diyos ay pinagkalooban din ng isang nobya tulad ni Adan, ngunit bago pa Niya siya mapakasalan, ay nalugmok din siya; dahil binigyan siya ng kalayaang mamili tulad ng asawa ni Adan, na sampalatayanan ang Salita ng Diyos at mabuhay, o pag-alinlanganan ang Salita ng Diyos at mamatay—at gano 'n nga ang ginawa niya.

257 Kung magkagayon mula sa isang maliit na kalipunan ng tunay na Binhi ng Salita, hahandugan ng Diyos Si Cristo ng isang sinisintang Nobya, isang Birhen—Birhen ng Kaniyang Salita—at sa pamamagitan nila at sa kanila ay matutupad ang lahat ng naipangako para sa Kaniyang Salita sa Birhen, na hindi nakakikilala ng anumang gawang-taong mga kredo at dogma. Ang Salita ng pangako sa Kaniyang Sarili tulad ng kay Maria—ang Diyos Mismo na naipamalas. Siya Mismo ang kikilos sa pamamagitan ng Kaniyang Sariling Salitang pangako upang tuparin ang lahat ng nasulat tungkol sa Kaniya. Gaya ng ginawa Niya nang dumating Siya mula sa isang sinapupunang birhen (tipo ito ng sinapupunan ng espiritu ngayon), gayon din naman ang Birhen ngayon, tinatanggap ang Kaniyang Salita: "Mangyari sa akin ang ayon sa Iyong Sinalita," bagama't iyon ay sinalita ng isang Anghel nang iyon ay nasa anyo pa ng isinulat na Salita. (Isaias 9:6) Iibigin nila Siya (mamahalin ang Kaniyang), at tataglayin nila ang Kaniyang mga potensiyal, dahil Siya ang kanilang Ulo, at sila ang Kaniyang mga sakop, nagpapasakop sa Kaniyang Ulo. Ang Pagkapangulo ni Cristo ay nasa Kaniya.

258 Pansinin, anong gandang pagsusunuran. Hindi gumawa ng anuman si Jesus malibang makita muna ng Ama o ipakita muna sa Kaniya ng Ama. (Pagsusunuran sa pagitan ng Diyos at ni Cristo, kita n'yo. Juan 5:9) Gayon din naman ang Nobya, at ipinakikita Niya sa Kaniya ang Kaniyang Salita ng Buhay

"Dumating Siya—isinugo ako rito upang maipatong ko ang aking mga kamay sa iyo, at ikaw ay gagaling, at tatanggapin mo ang Espiritu Santo-tatanggapin ang iyong paningin!" At nalaglag mula sa kaniyang mga mata ang mga kaliskis, at tumindig siya at nagpabautismo sa Pangalan ng Panginoong Jesus at nagsimulang magsaliksik. Anghel ang nagturo kung ano ang gagawin. Tama 'yan. Ngunit, taglay ni Pablo ang Binhing-semilya.

250 Kailangan ang Espiritu ng Diyos, ang Binhi, upang magbigay ng Buhay na Walang Hanggan. Whew! Naku!

251 Alas dos na ba? Sabi ko na nga ba. Magbabasa na ako nang kaunti kung gayon. Hayaan n'yo akong bumasa sa boob lamang ng mga sampung minuto, hahayaan n'yo ba ako? May pakiramdam akong—maaari pa akong manatili rito, ngunit makabubuting umusad ako nang kaunti rito, at nang makalabas tayo sa tamang oras. Ngayo'y menos beinte singko pa bago mag alas singko. Hindi ko alam kung anong oras kami makararating sa Georgia! Sana'y magawa kong tumigil at magbigay ng pangungusap tungkol dito nang kaunting panahon, ngunit babasahin ko na lang ito, nang totoong mabagal.

252 Ngayon makinig maigi. Naririto ang dahilan kung bakit dinampot ko ang aking panulat, ang bahagi nito. Nakikita ba ninyo, mga kaibigan, kung ano ang aking—ang dahilan na nanindigan ako gaya nang ginawa ko? Nakikita ba ninyo kung bakit ipinaglalaban ko—lumayo kayo sa mga denominasyong iyan at magtungo kayo sa isang tunay na Iglesia ng Diyos9 Nakikita ba ninyo kung bakit kailangan itong dumating sa pamamagitan ng Salita? Hindi ito maaaring dumating sa pamamagitan ng karunungan ng tao; kailangang dumating ito sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Iyan ang dahilan kung bakit pinaniniwalaan ko ang Salita kung paano Itong nasulat. Hindi ako magdadagdag ng anuman o magbabawas ng anuman; basta't ipangangaral ko Ito sa gayong paraan; basta't patuloy lang.

253 Ngayon, mga kapatid (kayong lahat na nakikinig sa teyp), kung hindi kayo sasang-ayon sa akin, ipapanalangin ko kayo; kung mali ako, ipanalangin n'yo ako. Babasa ako ng ilan ngayon sa boob lamang—nais kong makinig kayong maigi rito. Dito sinabi ng Espiritu, "Damputin mo ang panulat." Kailangan kong laktawan ang iba nito, ngunit kailangan kong ihatid ang iba nito sa inyo.

254 Mabuti. Ngayon, ito ang sinisikap kong sabihin sa iyo: ang batas ng pagpaparami ay ang pamumunga ayon sa uri (Genesis 1:11). Sa huling mga araw na ito, ang tunay na Iglesiang-Nobya ay darating sa Pangulong Bato. Ito ang magiging super Iglesia; isang super Lipi habang papalapit sila sa dakilang Pangulong Bato. Sila ay magiging katulad—katulad na katulad Niya, sila ay



dalawa, isa-dalawa, tuluy-tuloy. Ibinulid siya sa higaan ng kamunduhan. Wala siyang ibang maililuwal kundi mga anak na patay.

51 At kung ang mailuluwal lamang ng isang denominasyon ay isang halong-lahing anak, bakit n'yo nanaising maging kabahagi nito? Ngayon, mga kapatid kong kalalakihan, iyan ang dahilan kung bakit laban ako rito. Siya ay isang patotot sa pasimula pa lang. Sinabi ng Biblia na siya ay isang-babaeng bayaran. lyan ay malinaw na pananalita, ngunit sinabi ko sa inyo na magiging malinaw ang pananalita ko ngayon. Lyon siya. Nagkakasala siya ng espirituwal na pangangalunya sa pamamagitan ng pagtanggap sa dogma at kredo sa halip ng Salita, tinuturuan ang kaniyang mga anak na ganoon din ang gawin.

52 Ngayon, ang mga anak niya mula pa sa sinapupunan, ay patay na. Kailangan siyang mamatay. lyan ay tamang-tama. Tulad din ng bawa't tao-makinig, kasing tiyak na ang bawat taong mortal na lalabas mula sa sinapupunan ng babae ay mamamatay, gayon din ang bawat tao na isisilang sa pamamagitan nila ay mamamatay, dahil siya ay isang halong-lahi, ilehitimo, at ang mga anak niya ay ilehitimo. Tama 'yan. Sana'y hindi lumampas iyan sa inyong mga ulo.

53 Ngayon, si Jehovah ay may nobya rin noon. Si Adan ay may nobya, si Jesus ay may nobya, si Jehovah ay may nobya. Alam n'yo ba 'yon? Kinailangan Niya siyang ihiwalay. Naging patotot siya, kaya't ihiniwalay Niya siya. lyan nga ang sinabi Niya. Naging patotot siya, babaeng bayaran. Ano ang nagbunsod sa kaniya upang gawin iyon? (Sana ay may panahon pa tayo para basahin ito. Maaari kong kunin ang iba nito maya-maya.) Ngayon, panahon ni Samuel nang ang Israel ay magkaroon ng hari, ang Diyos, at siya ay isang birhen. Magbubunga siya ng isang bagay. At ano ang nangyari? Nagsimula siyang tumingin sa paligid at nakita niya na ang ibang mga bansa ay may mga hari, kung kaya't ninasa niyang maging kagaya ng lahat sa kanila.

54 ninyo. Nang ang matandang mangangaral na ito, na nakaupo rito, halos ay isandaang taong gulang na ngayon, nang magpasimula ang Pentecostes noong araw, hindi mo sila maaaring sabihan ng anumang tungkol diyan. Hindi sila makikinig diyan. Ang tawag nila riyan ay mga bagay ng diablo, at tama ang mga lalaking iyon! Ngunit ano ang ginawa ninyo? Kinailangan n'yong umasta nang gaya ng iba pang mga iglesia. Kinailangan n'yong i-organisa ito. Pagkatapos, gaya ng sabi Niya, nagtayo kayo ng mga bakod sa pagitan N’yo. Nagturo ng ganito ... ? ... tinuruan tayo ng (Luwalhati sa Diyos! Aleluia!) ganito at magpapalundag-lundag at magsasalita ng ibang wika, magsasabi, "Gawin mo na siyang kasapi; nasa

kaniya na iyon." Hindi pa siya nababautismuhan ng tama-sa tubig man o sa Espiritu. Mali siya. Ang mga bunga niya ang nagpapatunay nito. Mali ang tumubong uri ng binhi na nasa kaniya. "Pagpalain ang Diyos, kapatid, papatungan ka namin ng kamay dito at gagawin ka naming isang matanda! Sinasabi ko sa inyo ... itatayo natin ang organisasyong ito hanggang sa masapawan nito ang Assemblies!" Ganoon na nga ang nangyari. Basahin n'yo ang kasaysayan ng Pentecostal

at tingnan n'yo kung hindi ganoon, o maging alin man sa mga iglesia.

55 Ang mga Baptist ay gustong sapawan ang mga Metodista. Gustong sapawan ng mga Metodista ang mga Lutheran. Gustong sapawan ng Lutheran ang Catolico. Lahat na lang ay nais-masapawan ang iba. Kita n'yo, iyan ang espiritu ng organisasyon. Ang sabi ni Jesus, "Datapuwat kakaunti ang maliligtas. Masikip ang pinto at makipot ang daan datapuwat kakaunti ang nakasusumpong nito." Kaunti lang. Kung sinabi Niyang kakaunti (iyon ay Salita ng Diyos, iyon ay binhi), kakaunti lang sila. Hindi iyon magiging makasampong ulit na bilyon at bilyun-bilyon. Kakaunti lang ang makasusumpong nito. Yaong mga naitalaga para rito, pakikinggan nila ito. Ang unang ulan ay bumuhos na ngayon.

56 Ngayon, may nobya si Jehova na minahal Niya, datapuwa't naging patotot siya. Ano'ng ginawa niya?-gumaya sa ibang mga kapangyarihan ng sanlibutan. At ano ang ginawa Niya sa sa Kaniyang makadiyos, matanda nang pinahirang propeta (at ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa propeta)? Dinala Niya ang matandang propetang iyon, na si Samuel, lumapit sa kaniya; ang sabi niya, "Mga anak, magtipon kayo sa paligid Ko ng isang sandali, nais Ko kayong kausapin, lahat kayo. Bakit nagnanasa pa kayo ng hari? Si Jehovah ang Hari ninyo. Ano't nagnanasa pa kayo ng kredo? Ang Biblia ang inyong kredo. Ang Biblia ang Katotohanan. Ang mga kredo ay pawang kasinungalingan. Patay ang mga iyon, gawa ng tao." Kredo ng Apostol, ipakita mo sa akin iyan sa Biblia. Sino na ba ang nakarinig ng gano'n? "Sumasampalataya ako sa komunyon ng mga banal." Ang sino mang naniniwala sa komunyon ng mga banal ay isang espiritista. Pakikipag komunyon sa mga patay. Isa tang ang tagapamagitan sa Diyos at sa tao, iyon ay si Cristo, at hindi Siya patay, bagkus Siya ay buhay kailan pa man, ibinangon mula sa mga patay. Nilulunok iyon ng mga Protestante kasama ng kuwelyong pabilog at aywan kung ano pa, kasama ng lahat ng mga katekismo ng mga iglesia, nilulunok iyon nang walang pagkakaiba. Gustung-gusto nila iyon, siya nga, gaya ng iba pa sa sanlibutan.

57 "O, alam n'yo, dati kaming Pentecostal. Tumayo kami roon sa kanto hawak ang tamborin at nanalangin; at ang mga kababaihan ay



bumaba at mangaral ng iba sa . naipangaral na nila, masumpa siya"? Kaya't mali ang Anghel, kung kaiba siya sa Salita. Bumaba ang Diyos nang higit na mababa kaysa sa mga Anghel, at ipinagtiwala ito sa tao, na siyang mga anak. Naniniwala ba kayo riyan? Ngayon ay masdan! Ngayon, hindi Niya ipinagtiwala ito sa mga Anghel. Pansinin, hindi Niya ginawa iyon.

244 Ngayon, si Felipe ay galing doon sa Pentecostes, sa Jeruzalem, upang sumamba. Ilan ang magsasabi ng "Amen," diyan? Ang bating, nakasama niya ang lahat ng mga D.D. at L.D. at lahat na. Ngunit bakit wala siyang napala? Nagbalik siyang pinag-aaralan ang hula ni Isaias.

245 Bagama't isang Anghel ang nag-utos kay Felipe na magtungo sa kaniya, ngunit ang binhi ng Buhay ay kinailangang dumaan sa katawan—kay Felipe. O, Kapatid, ngayo'y nasa hanay na tayo! Saan nagmula ang binhi? Sa Anghel ba? Ang Anghel ang nagturo sa kaniya kung saan siya tutungo. Ang Anghel ay isang mensahero; heto ang isang anak. Si Felipe ang may Binhi, ang Mensahe, ang Salita. Ganiyan maisisilang ang isang anak. Ipinatong ni Felipe ang kamay niya sa kaniya. Binautismuhan siya ni Felipe sa Pangalan ni Jesus Cristo. Doon dumating ang Espiritu ng Diyos. Siyanga.

246 Ngayon, ang binhi ay kailangang magmula sa katawan. Anong katawan?—Ang Katawan ni Cristo. Tama. At si Felipe ay bahagi ng Katawan.

247 Ngayon makinig, ganito rin ang naganap sa Mga Gawa 10:48. Si Pedro ay nasa itaas ng bahay. Isang Anghel ang nag-utos sa kaniyang magtungo sa bahay ni Cornelio, ngunit saan nagmula ang Sal ita?—sa Katawan. Ang ganda ng pakiramdam ko; Parang gusto kong magpatuloy sa paglalakbay. Isang Anghel ang dumating at nagsabi, "Huwag kang mag-alala; huwag mong tatawaging marumi ang anumang bagay, magpatuloy ka lang; huwag kang mag-iisip ng anuman." At habang sinasalita ni Pedro ang mga bagay na ito—hindi ang Anghel, hindi ang kardinal—habang sinasalita ni Pedro ang mga salitang ito. Ano? Siya ang Katawan. Taglay niya ang Salita. Kumapit ang Salita. Oh, Kapatid! Whew! Umph! Ay naku! Anghel ang nag-utos, ngunit ang Buhay ang dumaraan sa Katawan ni Cristo.

248 Si Pablo, habang patungo sa Damasco, isang pangitain ang nagbigay sa kaniya ng direksiyon; ngunit si Ananias (hayan ang binhi) ang may taglay ng Salita. Amen! Ang propetang iyon, si Ananias, ay nakakita ng pangitain at nagsabi, "Pumaroon ka at ipatong mo ang iyong mga kamay sa kaniya."

249 Ang sabi, "Kapatid na Saul, ang Panginoon ay nagpakita sa iyo sa daan patungo rito." Paano niya nalaman? Taglay niya ang Salita. Ang Salita ng Panginoon ay dumating sa propeta. Nanghula siya, umahon doon, at nagsabi,

man." Naniniwala ha kayo rito? Hindi ito mga maka-denominasyong halong-lahi, ha. Ito yaong mga nasa orbit na naghihintay ng pagbilang (alam n'yo kung ano ang ibig kong sabihin), handa nang sumakay sa rocket. Luwalhati! Hindi ito mga maka-denominasyong halong-lahi, hindi nakatayo roon, hindi sila ganoon. Hindi, po, ito'y ang Binhi.

239 Nangamba si Pablo na baka ang abangan ng mga tao ay ang kung anong malalaking pananalitang maaari niyang sambitin (ang ilan sa kaniyang edukasyon). I Corinto 2:1-8, nais n'yo bang isulat ito. I Corinto 2:1-8, ang sabi ni Pablo, "hindi ako napariyan sa inyo na may kagalingan sa pananalita (intelektuwal, alam n'yo na) upang ang pananampalataya ninyo'y masalig sa kung anong bagay ng seminaryo, bagkus ay pumariyan ako sa kapayakan, sa kapangyarihan at patotoo ng Espiritu Santo upang ang inyong pananalita—upang ang inyong pananampalataya ay masalig sa Salita ng Diyos. Opo."

240 Bagama't higit ang dami ng mga maka-denominasyong iglesia kaysa sa Nobya nang isang libo sa isa—Naniniwala ba kayo riyan? Naniniwala ba kayong itinuturo ito ng Biblia? Isaias 54:1. Ipinangako Niya ito. Dahil ang—hindi ba kayo—nais ba ninyong basahin ko ito? Sige, kunin natin ito. Kung nais n'yong makita kung nasaan iyon kung saan ay ipinangako Niyang mas higit ang magiging dami nila, dumako tayo sa Isaias 54 ... 53…..54:1.

Umawit ka, Oh baog, ikaw na hindi nanganak,. ikaw ay magbiglang umawit, at humiyaw ng malakas, ikaw na hindi nagdamdam ng panganganak: sapagkat higit ang mga anak ng binawaan kaysa mga anak ng may asawa, sabi ng Panginoon.

241 Tama ba 'yon? Higit na marami ang mga anak ng patotot kaysa sa kasal na asawang babae. Siyanga. mahihigitan ng maraming ulit. Bagama't mas marami sila ay wala silang tunay na ama!

242 Ngayon, ang uring maka-denominasyon ay naikatawan sa Judas 8:13. lyan ang sekular na iglesia. "Mga ulap na walang ulan, na pinabubula ang kanilang sari ling kahihiyan." Ang iglesiang Pentecostal ay naikatawan ng makadenominasyong lupon sa 2 Timoteo 3:1-8. "Na may anyo ng kabanalan"—ang binhi nila ay namunga ng kauri nito.

243 Pansinin, ang bating-0 dito, dadako tayo sa isang bagay na malalim

ngayon. Ngayon ay masdan, ang Binhing-Iglesiang ito, ang tunay na Iglesia na taglay ang tunay na semilya. Pansinin, ang mga bating ay nakasama ng lahat na ng mga D.D.. Ngayon alalahanin, hindi ipinagtiwala ng DiyosHindi ipinagtiwala ng Diyos kai Ian man ang Kaniyang pangangaral at ang Kaniyang Ebanghelyo sa isang Anghel. Ilan ba ang nakakaalam niyan? Ilan ba ang nakakaalam na ang Galacia 1:8 ay nagsabi, "Anghel mang mula sa langit ang



nangakatayo roon at nakalugay ang kanilang mahahabang buhok at nagpupuri sa Diyos at mga bagay na gaya no'n." Ay naku naman, higit ang alam mo para gawin iyan. Pagtatawanan ka nila, ang isang totoong Cristiano ay matatawa. Nakatayo roon na may tumpok na maikling buhok na gano'n at napakakapal ng pinta sa mukha at ang damit ay parang tinalupang hotdog, at lumalabas nang gano'n, tapos ay babansagan mo ang sarili mong isang banal ng Diyos? Higit diyan ang alam mo! Maging ang sanlibutan ay higit ang nalalaman kaysa riyan. Nakakahiya kayo. Mas mabuti pa sigurong hindi ka na lang tumayo roon sa kanto ... kung hindi ka makapagpakita ng higit kaysa riyan. Hindi ako namimintas, hindi ako nawawala sa sarili ko. Sinasabi ko sa inyo ang Katotohanan, at matutuklasan ninyo sa mga darating na araw na ... Ngunit ito'y gaya rin ng dati, at lagi itong lumalampas at pagkatapos ay hindi nila ito nakikita hanggang sa lubos nang maging napakalayo na nito. Laging ganoon ang ginagawa nila sa bawat pagkakataon. Nagawa na nila 'yon.

58 Ang nobya ni Jehovah ay nais magpakapatotot gaya ng ibang mga bayan, gaya ng iba sa kanila. Iyan din ang naffs gawin ng nobya ni Jesus. Ang matandang Samuel, na dinatnan ng Salita ...kanino dumating ang Salita?sa mga propeta. Ano'ng sinabi ng matandang propeta nang lumapit siya at nagsabi, "Ngayon, sandali lang, mga anak. Ano't ibig n'yo pang lumabas at gumaya sa kanila?" Ang sabi, "May sinabi na ba ako sa inyong anuman sa Pangalan ng Panginoon na hindi naganap?" Naaalala n'yo ba 'yon? Ilan ba ang nakabasa noon? Tiyak na nabasa n'yo iyon. "May sinabi na ba ako sa inyong anumang bagay sa Pangalan ng Panginoon na hindi naganap? At isa pa, lumabas na ba ako at nagdaos ng malalaking kampaniya, at iba pa, at kinuha ang salapi n'yo? Ginawa ko na ba 'yon?" Ang sabi, "Ako ba'y namalimos na ng anumang-" Si Samuel ang tinutukoy ko ha. Isang taong dinatnan ng Salita ng Panginoon. Ang sabi niya, "Hinilingan ko na ba kayo na kumalap-na mag-ambag ng ganito kalaking halaga at gawin

ang ganito at ganoon?"

"Hindi," ang sabi nila, "hindi, hindi mo pa ginawa 'yan kailan man. Hindi ka pa nagsalita sa amin ng hindi tama."Ang sabi niya, "Kung gayon ay bakit nais n'yo pang gumaya roon?" Ang sabi nila, "Samuel, tama ka nga, pero gusto talaga namin 'yon."

59 Ganiyang-ganiyan ang ginawa ng iglesiang Pentecostal. Iyan ang dahilan kaya hindi ako sumasapi sa kanila. Siyanga, nais kong manatiling isang birhen sa harapan ng Diyos sa Kaniyang Salita. Sila man ay-Hindi ko kailangang magkaroon ng dakila at malalaking palabas at ng mga bagay na gaya nito. Tinanggihan ko ito. Ayaw kong matalian. Hindi ko iyon sariling karunungan; karunungan iyon ng Diyos. Kung kailangan ko pang lumabas

upang makapag-kailangan ko pang "sumipsip" sa mga tao at sa diablo at sabihin sa kanila, "Siyanga, kailangan ko ngganito kalaking halaga para sa programa sa telebisyon, at kailangan kong magkaroon ng ganitong halaga para rito; kailangan n'yong bayaran ito," kailangan ko ring manghatak ng mga tali na gaya no'n. Ngunit kailan ma'y hindi pa ako nagsabi sa inyo ng anuman sa Ngalan ng Panginoon na hindi natupad. Hindi pa ako nagsal ita ng anuman sa inyo maliban sa Salita. Kayo ang humatol. Nanghingi na ba ako sa inyo ng anuman? Hindi po. Hindi, ang Diyos ang sumagot niyan. Wala akong malalaking programang kailangang suportahan. Hindi ako magkakaroon nito. Lahat ng sa Diyos ay dirinig sa Diyos! Damhin n'yo lang kung saan kayo pinangungunahan ng Espiritu at kung ano ang nais Niyang ipagawa, iyon ang gawin N'yo. Iyon lang ang kailangan. Tuparin n'yo 'yan, hindi ang dakila at malaking programang kikita ng salapi na kinapapalooban ng milyong dolyar-milyun-milyon at milyun-milyon at milyun-milyon, at ang iba sa kanila ngayon ay nagsisipagtayo ng milyunmilyon at bilyun-bilyong dolyar ang halaga.

6o Hindi masama ang pakiramdam ko sa pagtuligsa. Dapat lang na tuligsain ito. Ayokong saktan ang damdamin ninuman, ngunit mamabutihin ko nang saktan ang damdamin ng tao kaysa saktan ang damdamin ng Diyos. Kung inutusan Niya kayo at isinugo kayo rito upang gawin ang mga bagay na ito at pinatunayan ito sa mga tao, kung magkagayon ay kailangan mong pakinggan ito. Sinasabi ko sa inyo ang Katotohanan. Ang Diyos ang nagpapatunay na ito'y katotohanan. Tanging sa pamamagitan ng-hindi lamang mga tanda, kundi pinatutunayan Niya ito sa pamamagitan ng Kaniyang Salita na ito'y Katotohanan. Tamang-tarna 'yan.

61 Ang nobya ni Jehova ay nagpakapatotot, at ano ang ginawa niya?-nagluwal siya ng isang bungkos na mga anak sa labas muli. Tama ba 'yon? Alam nating ito'y Katotohanan. Kinailangan pa silang tangayin ni Haring Nobocodonosor at iba pa. Gano'n din ang ginawa ng nobya ni Cristo. Ano ang mali?-hindi makapaghintay. 0, hindi. A-ha-talaga lang hindi makapaghintay.

62 Kailangan pa nilang gumawa-gawa ng kung ano. Hindi nila mahintay ang Espiritu Santo na makapasok sa iglesia. Kita n'yo, kailangan nilang magkaroon ng mas marami sa kanilang denominasyon. Kung nanatili ito kung ano ito noon, mga isandaang taon na ang lumipas, o limampung taon na ang nakalipas, nang magpasimula ang Pentecostes sa huling araw na ito, nang ang Salita ay mapasimulang ipangaral, kung nanatili itong gayon, marahil ay hindi hihigit sa limampu ang mga kasapi nito ngayon. Tama 'yan. Ngunit sila'y magiging nahugasan ng dugo! Tataglayin nila ang kapangyarihan ng



233 Naniniwala ba kayo riyan? Nais n'yo bang isulat ang Mga Kasulatan tungkol dito? I Corinto 14:16. Wika ni Pablo, "Tularan n'yo ako gaya ko naman kay Cristo." Gayon din, sa 11:1; Lucas 10:16. Tingnan n'yo kung ano ang sinabi Niya; kung ano ang sinabi ni Jesus diyan. Lucas 10:16. Wari ko'y napakalapit na natin doon. Tingnan natin kung ano ang sinabi Niya minsan dito. Lucas 10:16, habang isinusulat nila ang iba sa mga ito. Ngayon, iyon ay I Corinto 14:16, gayon din ang 11:1 at Lucas 10:16. Ngayo'y basahin natin. Narito na ako sa Lucas 10:16 dito para tang mabasa ito, habang hinahanap n'yo ang isa pa, sa isang sandali lamang. Tama. Heto na tayo.

Ang nakikinig sa inyo, ay sa akin nakikinig; at ang nagtatakuwil sa inyo ay ako ang itinatakuwil; At ang nagtatakuwil sa akin ay itinatakuwil ang sa akin ay nags ugo.

234 Iyan ang nagpapatunay na sinasalita ng Diyos ang Kaniyang Mensahe sa pamamagitan ng Kaniyang mga lingkod. Laging ganoon; tama 'yan.

235 Ngayon, ang kapangyarihan ng sumasampalatayang iglesia: taglay ni Cristo ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Naniniwala ba kayo riyan? Kung gayon, ano kaya kung Siya'y nasa inyo? Taglay ba ni Jesus ang lahat ng kapangyarihan? Mateo 28:18. Tama.

236 Siya ang Binhing-Salita sa Kaniyang Katawan, at Siya na nasa atin ay nagmimistulang ang Blnhing-Salitang nasa atin. Ano—ang lahat ng nasa Diyos, ay isinalin Niya kay Cristo, at lahat ng na kay Cristo, ay isinalin sa Iglesia; iyan ang kapangyarihan.

237 Ngayon masdan! Alalahanin n'yo ang batas ng Diyos ng pagpaparami. Ngayon, alalahanin n'yo ayon sa kaniyang uri. Tama ba 'yon? Ang binhi ni Cristo, ang Salita, ay kailangang dumaan sa Kaniyang Katawan. (0, napapagod na ba kayo? Sige, sandali na lang. Manahimik lang tayo at manalangin.) Nais kong makuha ito nang mabuti. Nais kong ito'y magiling nang husto. Ang Binhi ni Cristo ay dapat, d-a-p-a-t, dumaan sa Kaniyang Katawan—hindi sa isang denominasyon, kundi sa isang isinilang na muling Binhi ng Salita—kailangan itong dumaan.

238 Ngayon, alalahanin, ano ito? Ang Binhi ni Cristo—Paano bang dumarating ang aking binhi?—sa pamamagitan ng katawan. Paano bang dumarating ang binhi ng puno ng mansanas?—sa pamamagitan ng katawan. Ang Binhi ay dumaraan sa katawan, at ang Iglesia ang Katawan ni Cristo. Tama ba 'yon? Ang Bibliang Iglesia. Ang kapanganakang ito ay nagpapalabas (iyon ay ang bagong kapanganakan) ng Kaniyang Sarili sa katawan. Ang Iglesia Niya ang Kaniyang Salita, upang makita ng mga tao ang pagpapatunay ng Hebreo 13:8: "Si Jesus Cristo ay siya rin kahapon, ngayon at magpakailan

sa mga Kasulatan dito: Juan 13:20. Tingnan lang natin; may isinulat ako rito. Ako'y—tila—pumasok sa isip ko kaagad—Ay siyanga, heto na pala.

Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang tumatanggap sa sinomang sinusugo ko ay ako ang tinatanggap; at ang tumatnggap sa akin ay tinatanggap ang nagsugo sa akin.

228 Isang bindikadong lingkod. 0 Kapatid, isang libong sermon ang nakapaloob dito ngayon. Kita n'yo? Tama 'yan. Ay naku, ito ay batas ng Diyos; Tanggapin n'yo ito!

229 Lumusong si Samuel at nagsabi, "Nais ko kayong tanungin. May sinabi na ba akong anuman sa inyo sa Pangalan ng Panginoon na hindi natupad?"

"Wala."

Kumuha na ba ako ng mga abuloy para magtayo ng naglalakihang mga gusali at gumawa ng napakaraming bagay, upang luwalhatiin ang sarili ko?

"Hindi"

"Pinatunayan ba ng Diyos at tinugon ang Salitang sinalita ko?" "Oo!"

"Kung gayon, bakit hindi ninyo ako pakinggan?"

230 Ang sabi ni Jesus sa mga Fariseo "Alam naming Ikaw ay ipinanganak sa pangangalunya." Ang sabi Niya, "Sino sa inyo ang makapagpaparatang sa Akin ng kasalanan? Ipapakita Ko sa inyo ang Salita ng Diyos at tingnan kung sinasampalatayanan n'yo Ito. Tingnan natin kung ibibindika Ito ng Diyos sa inyo. At hayaan n'yong magsalita Ako sa Aking Sarili. Kung Ako sa Aking Sarili ang magsasalita, ay sinungaling Ako; ngunit kung Ako'y mangungusap tungkol sa Diyos at ang Diyos ang mangungusap sa pamamagitan Ko sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, kung gayon ay Katotohanan ito. Kung gayon, sino ba ang sumasampalataya sa Salita ng Diyos: Ako o Kayo?" Aha! Nakatikim sila!

231 Ang sabi ni Jesus, "Sinomang tatanggap sa Aking isinusugo ay tumatanggap sa Akin." At ngayon—yaong Kaniyang isinugo. "At yaong raga magsisitanggap sa Akin ay tumatanggap sa Kaniya na nagsugo sa Akin." Sana ay may oral pa tayo para magtagal diyan.

232 Makapaglilingkod lang kayo sa Diyos—makapaglilingkod lang kayo sa Diyos gaya ng ginagawa n'yo at—at sampalatayanan n'yo ang mga lingkod na isinusugo ng Diyos. Magagawa mo lamang paglingkuran ang Diyos sa lupa (kita n'yo) samantalang ang mga lingkod ng Diyos na isinugo sa lupa sa pamamagitan ng banal na pagkasi ay nagpapaliwanag ng Sal ita sa iyo.



Diyos! Ang mundo ay mayayanig sa lakas ng salpok ng Salitang laman na ipinangungusap nang salita sa salita. Ngunit ngayon, aba, ito'y tumutunog na batingaw at kumakalansing na pompiyang. Tama 'yan. Naging walang kabuluhan, isang katatawanan, isang kahihiyan sa sanlibutan, kahihiyan sa Diyos.

63 Nagtungo ako sa isang lugar, tatlong mga kapatirang lalaki-dalawang kapatid na lalaki at ako ay nagpunta sa isang lugar sa kabila ng Springfield, Missouri nung isang umaga para mag-almusal galing kami sa Arizona, at may isang maliit na babae noon na itinuro sa akin ni Kapatid na Wood na kahawig ng kapatid nating si Sister Collins-kulay mass ang buhok, at makapal ang buhok sa likod-at ang sabi niya, "Hindi ba't kamukha siya ng asawa ni Kapatid na Willard Collins?"

64 Ang sabi ko, "Kamukha nga." Dumating ang isang mas matandang babae, at ang sabi ko, "Sa palagay ko ay iyan ang ina. Tingnan mo ang makapal na buhok." Ang sabi ko, "Iyan ay dito mismo sa Iglesia ng Assemblies of God, ang punong-himpilan ng Assembly of God; doon- kaya sila ganiyan." At naroon lahat ng mga kapatirang babae nakaupo roon na ang buhok ay ulong-tubig na ganoon; iyon ay mga estudyante. Mga "Ricky" at lahat silang naroroon, alam n'yo na, ang haharot; lahat sila'y may kipkipkipkip na Bibiia.

65 Kaya't pinagmasdan namin sila hanggang sa makalabas silang lahat-naghahagikgikan, naghahalakhakan, ang haharot kagayang kagaya ng modernong- lyan ang ]upon ng Pentocostes na sisibol para bukas-kung mayroon pang bukas. Bakit? Bakit? Bakit?-dahil iyon ang binhing naihasik. Tamang-tama.

Nang lumabas siya, lahat sila'y nagsilabas, ang maliit na babaeng ito ay nagbalik at nagsabi, "May maipaglilingkod ba ako sa inyo?"

Ang sabi ko, "May itatanong ako sa iyo." "Opo?"

Ang sabi ko, (gaya ng, parang isang dayuhan, inakala kong makikilala niya kami)-at ang sabi ko, "Hindi ba't Paaralan ng Biblia ang nasa kabilang iyon?"

Ang sabi niya, "Opo, gayon nga po."

Ang sabi ko, "Sa palagay ko ay malakas ang kalakalan doon." (Ngayon si Kapatid na Fred Sothmann ang nakaupo roon at si Kapatid na Banks Wood, dalawa sa katiwala ng ating iglesia.) At ang sabi ko ah ...

Ang sabi niya, "Opo, gano'n nga po."

Ang sabi ko, "Sa palagay ko'y kabilang ka roon?"

Ang sabi niya, "Hindi," ang sabi, "ikinalulungkot ko, hindi po."

At ang sabi ko, "Kaya ko naisip iyon ay dahil sa napakagandang mahabang buhok mong iyan. At marahil ay nanay mo iyon?"

Ang sabi niya, "Hindi, po"; ang sabi, "nagtatrabaho lang siya rito." Ang sabi niya, "Hindi po, hindi po ako-" ang sabi, "gusto ko ang mahabang buhok. May anak akong batang babae, at pinahahaba ko rin ang buhok niya," at ang sabi, "gusto ng asawa ko ang mahabang buhok."

Ang sabi ko, "Pagpalain siya ng Diyos." Kaya't sinabi niya, "Buweno-" Ang sabi niya-ang sabi ko, "Aba, kakaiba ito. lyon bang mga 'yon ay mga estudyante rito, na ang buhok ay tinulak pataas na paganoon, na gaya ng unang ginang?"

"Opo."

Nang lumakad kami-Ang sabi ko, "Salamat"; lumabas na kami. Ang sabi ko, "Inilagay ng Diyos ang babaeng iyon bilang saway sa mga bastardong lupon ng mga batang iyon sa kabila ng kalsada!"

66 Tama 'yan, ilehitimo, gumagaya sa mga bagay ng sanlibutan. Ilan kaya sa mga babaeng iyon na nagsigaya kay Jezebel, ang unang ginang ng lupaing iyon, ilan kaya sa kanila ang sa palagay ninyo'y nasa Langit ngayon? Kita n'yo? Ang mga bagay ng sanlibutan-Kung iniibig ninyo ang sanlibutan at ang mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa inyo. Ano iyon?-ang pinakamahuhusay sa ani ng Pentecostal bukas-ang pinakamalawak na kilusan sa bansa. Hayan ka na. Iyan angNobya. Hindi ko makuha ito.

67 Tama, ano'ng ginagawa niya? Ay, gumagawa-gawa siya ng kaunting lundagan sa plataporma-hindi ko pinagtatawanan iyon; mabuti iyon. Gumagawa-gawa siya ng iba pa. Bakit?-para makakuha ng mga kasapi sa iglesia. Ano'ng problema? Hindi talaga siya makapaghintay. Kita n'yo? Hindi niya mahintay na gawin iyon ng Diyos. Kailangan nilang makakuha ng mga kasapi roon kung saan. Kaya't sinasabi nila sa kanila, "Kailangan n'yong gawin iyon," at kaagad naman silang hahayo. Kita n'yo, hayan ang binhi na lumalaki. Kailangan n'yong gawin ito.

68 Ako'y-Ako'y isang misyonero. Nakita ko na ang mga Aprikano na kumuha ng dugo ng hayop at ibinubuhos iyon sa kanilang sarili nang paganito (hubo't hubad, lalaki't babae), pinipintahan ang kanilang mukhadoon iyon nagmula; ang pintura ay mula sa hitenong kaugalian, hindi ito mula sa mga tao, mga Cristiano, mga mananampalataya; hindi kailan man. lisang babae lang sa kabuuan ng Biblia ang nagpinta ng kaniyang sarili, iyon ay si Jezebel, isang diablo.



ni Elias na nahulog kay Eliso (dobleng bahagi), ganito rin ang nagmula kay Jesus Cristo.

223 Ngayon ay sasabihin mo, "Oh, Kapatid na Branham, ang tinutukoy mo ay ang Kaniyang Iglesia." Tama 'yan. Iyan ang Kaniyang Katawan. Hindi ba't ang asawa ko'y bahagi ng aking katawan? Hindi ba't ang asawa mo'y bahagi ng iyong katawan? Laman ng iyong laman at buto ng.iyong buto: ang banal na pagkakaisa, tama ba 'yon? Iyan ang dahilan na ang Cristiano ay hindi dapat magpakasal sa isang patotot, kita n'yo? Hindi tama 'yan. Hindi po, dahil sinisira nito ang lahat ng mga bagay ng Diyos.

224 Sasabihin mo, "0, ngayon, Kapatid na Branham, teka muna; ang tinutukoy mo'y ang Espiritu ng Diyos na sumasa—" Sinabi ng Biblia na gayon nga ito. Tama ba 'yon? Sa Isaias 9:6 ay sinabi nito—ang sabi, "Sa atin ay isinilang ang isang bata, isang anak ang ipinagkaloob; Ang pangalan Niya ang tatawaging Tagapayo, Prinsipe ng Kapayapaan, makapangyarihang Diyos, walang hanggang Ama, at ang kaharian Niya ay hindi magwawakas, at ang pamahalaan ay maiaatang sa Kaniyang ..." Ano? [Ang kongregasyon ay sumagot: "balikat"—Ed.] Iyan ay bahagi ng Kaniyang Katawan. Iyan ay ang Kaniyang Katawan, hindi ba? Ang mga balikat Niya ay ang Kaniyang Katawan. Saan ba nakaatang ang pamamahala sa lupa?—sa Kaniyang. Katawan. Ang mga banal ay hahatol sa lupa. Tama ba 'yon?

225 Ang sabi ni Pablo, "Hinahamon ko kayo na magdemandahan kayo sa hukuman: at hindi sa iglesia ninyo ito dinggin." Tama 'yan. Ang mga banal ang hahatol sa lupa. Saan ba maaatang ang pamamahala sa lupa?sa mga balikat, ang Kaniyang Katawan. Ang pamamahala sa Kaniyang mga balikat. Iyan ay bahagi ng Kaniyang Katawan.

226 Ano ito?—Ang Kaniyang makalupang lakas. Ang makalupang lakas ng Diyos ay ang Salita Niya na nahayag sa laman sa. Kaniyang Katawan dito sa ibabaw ng lupa, tinutupad ito. Si Moises-

227 Makinig, lampasan natin ang iba nito. Ang mga mensahero ng Diyos sa tuwina ay tinatanggihan. Naniniwala ba kayo riyan? Si Moises ay tinanggihan. Tama ba? Si Jesus ay tinanggihan. At ang sabi ni Lucas, sa 10:6 (kung nais n'yong isulat, ngayon)—tinanggihan; I Samuel 8:7, ang Mensahe ng Diyos ay tinanggihan. May mensahero ang Diyos, isang propetang ang ngalan ay Samuel. Naniniwala ba kayo rito? Tinanggihan siya sampu ng kaniyang Mensahe. Tinanggap nila ang sanlibutan. Ito ang batas ng—ng Diyos. Ito ay magiging—hindi ko alam kung dapat ko bang sabihin ito o hindi. Ito ay batas ng Diyos. Ang batas ng Diyos ay ang tanggapin ang isang bindikadong al ipin. Atin nga itong—atin itong patunayan sandali. Nais kong kunin ang isa

Sinabi na Niya kung ano ang gagawin nito. Naririto na ito; papasok na tayo rito ngayon! Makikita n'yo kung ito ba'y Katotohanan o hindi.

219 Hayaang ang Diyos ang magpatotoo. Kung ang mga gawa, ang mga bagay na ipinangangaral ko ay hindi nagpapatotoo na ito'y Katotohanan, kung gayon ay hindi ito ang Katotohanan; ngunit, kung ang Salita ang nangungusap tungkol dito, at naririto na nga ito, kung gayon ay ano ang gagawin n'yo rito?

220 Ang sabi ni Jesus, "Kilala Ko kayo; sa palagay n'yo ay kilala n'yo si Moises. Kilala n'yo—maaaring alam . . . kasaysayan ni Moises, ngunit hindi n'yo ki lala ang Diyos niya; sapagkat Ako ay una pa kay Moises. Ako yaong kumausap kay Moises. Ako yaong si Ako nga; Ako ang

Hindi nila makita iyon dahil sila'y sa kanilang Amang diablo. Hindi sila pahihintulutan ng kanilang mga denominasyon na makita iyon. Hindi iyon nakapigil sa pagpapatuloy ng Salita. Nahulog ito sa ilan, at mula roon ay dumating ang Tsang Nobya sa sal inglahing iyon.

221 Tama, ibang-iba—ipinintang apoy. Laging sinasabi ni Jesus, "Ang Amang nagsugo sa Akin ay sumasa Akin, at ang mga gawang ginagawa Ko ang nagpapatotoo dahil gagawin Ko kung ano ang sinabi ng mga Kasulatan na gagawin Ko." Kilala ng mga Judio ang kanilang Diyos ng kasaysayan. Ganito rin ngayon, siyanga. Bakit alam nila ang kanilang Diyos ng

kasaysayan ay dahil taglay nila ang binhi ng kasaysayan! Bakit hindi nila Siya tinanggap?—sapagkat iyon ay naihalong-lahi sa denominasyon. Kilala ni Jesus kung sino ang nagsugo sa Kaniya, dahil yaong nagsugo sa Kaniya ay nasa Kaniya, at walang denominasyong nakatali sa Kaniya. Amen! "Sabihin mo sa akin kung alin—saang paaralan Siya nagtapos?" ang sabi nila. "Saan Niya nakuha ang karunungang ito? Saan nagmula ang kaalamang ito? Hindi ni la makita ang paaralang pinasukan Niya, gayon ma'y sa gulang na labing-dalawa ay pinahanga Niya ang mga Escriba at mga Fariseo. Ay naku! lyon ang tumupad dito.

222 Bakit hindi sila nagsalita sa Kaniya nang bata pa Siya? lyon ay Salita ng Diyos. Hindi ni la magawang labanan iyon. Di kataka-takang ang mga tao ay nagtaka sa Kaniyang aral. Nabasa na ba ninyo 'yon? Marcos 1:22; kung nais n'yong isulat. Ang mga tao ay nagtaka sa Kaniyang aral, dahil kung magsalita Siya ay tulad sa isang may kapamahalaan. Alam Niya kung ano ang sinasabi Niya. Kita n'yo? Ang iglesia ngayon ay dapat magtaglay ng dalawang bahagi ng Espiritu. Dahil ito'y totoo, gaya ng damit



69 Kung kaya't-pinipintahan nila ang mukha nila, may malalaki't mahahabang bagay sa mga tainga nila gaya ng bloke ng kahoy (mga Zulu)iyon ay isang bloke ng kahoy, pinalalaylay ng husto ang laman ng taingaminsan naman ay binibiyak ang kanilang mga bibig at pinaaalsa ito (iniisip nilang maganda itong tingnan), inilalagay sa kanilang mga dibdib at pababa sa kanilang mga binti at mga bagay-bagay, ang dugo, at pagkatapos ay guguhit ng mga strayp gaya ng sa zebra, at sisigaw, sasayaw sa espiritu at magsasalita ng ibang wika, at sasamba sa mga diablo; ebidensiya ng Espiritu Santo!

7o Nakarating na ako sa India nang magpalabas sila ng mga lumalakad sa apoy at lahat na at nalalamang ito'y katotohanan. May isang napakalaking diyus-diyosan doon na nakahikaw ng mga rubi sa mga tainga at mga bagay na gaya no'n, at naglagay sila ng pagpapahirap at tinutusok ang mga laman nila ng mga bagay-bagay at pinapalo ang kanilang sarili at tinatahi ang mga labi nila dahil nakapagsinungaling sila, at nagpepenitensiya sila at hihiwain ng sable ang mga bibig nila o sa baba nila pataas hanggang sa kanilang mga ilong at iiwang nakakabit na ganoon; kukuha ng malalaking sima ng isda, may mga parang bolang pamasko, pinupuno iyon ng tubig isinasabit ang libu-libo nito sa kanilang mga katawan, itinutuhog sa laman, at pupunta roon at sasayaw sa palibot ng diyus-diyosang ganoon, at papatay ng kambing at sasambang ganito, at lalakad sa napakainit na apoy nang hindi nagkakapaltos. Subukan nga ng ilan sa inyong mga Pentecostal ang gawin iyon!

71 Datapuwa't ginawa nila iyon-ng mga anak na Hebreo. Ngunit hindi nila tinukso ang Panginoon Mong Diyos; itinapon lang sila roon. Hindi sila gumawa-gawa ng kung ano. Iyan ang problema sa mga Pentecostal ngayon. Gumagawa-gawa sila ng kung ano! Hindi sila makapaghintay! 0, Diyos, hindi- talaga sila makapaghintay, kaya't nagkakasala sila ng pakikiapid. Amen. Nagsisikap na gumawa-gawa ng isang bagay, at ano ang ibinubunga nito?-katulad din ng sa una, ang unang nobya. Hindi makapagh intay.

72 Nagdala siya ng kamatayan sa pamamagitan ng isang bastardong anak at lahat tayo'y mga anak nito. Datapuwa't ang Diyos ay dumating sa laman upang magbigay sa atin ng isa pang kapanganakan upang maibalik tayo sa pagiging orihinal na mga anak na lalaki at babae ng Diyos. Kita n'yo? Hayan ka. Ang semilyang buhay ni Eva ay hindi kailan man naganap. Hinding-hindi. Bakit? Ihinalo niya ito, na ilayo niya ito. Sa halip na dumating sa kaniya si Adan para maging nobya kapag ang takdang oras ay sumapit na-gaya ng dumating sana si Cristo sa lupong iyon, dumating sana si Cristo sa Kaniyang iglesia; Ipinangako Niyang gagawin Niya ito. Ipinangako ng

Diyos na pararamihin sila, ngunit kailangan nilang maghintay hanggang sa sumapit ang oras ng Diyos.

73 Iyan ang problema sa araw na ito. Ayaw nilang maghintay sa oras ng Diyos. Nais nilang kumuha ng iba, kaya't kinuha agad ng diablo ang karunungan upang ibigay sa kanila. Gumawa kayo ng organisasyon; maging mas malaki kayo kaysa sa kanilang lahat.

74 Ngayon ba'y nakikita na ninyo kung bakit laban ako rito? Siyanga, laban na laban ako rito nang buong kalooban ko. Habang ang Salita ay naroroon, lagi Itong lalaban dito. Ang Diyos ay laban dito. Sinabi Niyang laban Siya rito. Tama 'yan. Hindi talaga makapaghintay.

75 Kaya't ang semilya ni Eva ay hindi naganap kailan man. Naihalo sa kasinungalingan ni Satanas, ang napakaganda niyang nobya ay naging marumi na. At ganoon din ang nobya ni Cristo. Ang nobya-ano ang nakarumi sa kaniya? (Ang nobya ni Adan ha)-dahil hindi siya nanatili sa Salita ng Diyos. Tama ba'yan? Nagtatanong ako-ngayon, kung hindi ito gayon, huwag n'yong sasabihin; ngunit kung gayon nga ito, sabihin N’yo. Ang dahilan kung bakit ang nobya ng Diyos-Ang dahilan kung bakit ang nobya ni Adan-tatlo tatlo iyon: si Adan, si Cristo, ang Diyos. Ang dahilan kung bakit hindi nagawa ng nobya ni Adan na iluwal ang tamang anak ng buhay ay dahil hindi niya sinampalatayanan ang Salita ng Diyos. Kung tama iyan, magsabi ng, "Amen." [Sumagot ang kongregasyon, "Amen."Ed.] Ang dahilan kung bakit naihiwalay ang asawa ni Jehovah, o ang nobya Niya, ay dahil tinanggihan niya ang Salita ng Diyos, ang Propeta. Tama ba 'yon? Ang dahilan kung bakit ang nobya ni Cristo ay naihiwalay sa diborsiyo ay dahil tinanggihan niya ang Salita ng Diyos, gaya ng ginawa ni Eva, gaya ng ginawa ng iba pa sa kanila; akmang-akma, lahat ay pawang patotot, lahat ay pawang narumihan. Hindi sila malapitan ng kanilang mga asawang lalaki. Buntis na sila bago pa sila matabihan ng asawa nila.

76 O, Diyos, kung hindi ba naman kahabag-habag ang tanawing iyon! Isipin n'yo ang isang binata na tutungo sa isang babae at masusumpungan siyang may binhi na ng ibang lalaki. Ano ito! Ganiyan ang nangyari sa Diyos. Ganiyan ang nangyari kay Adan. Ganiyan ang nangyari kay Cristo. 0!

77 Oo, hindi nanatili sa Sal ita at naging sanhi ng kalagayang halong-lahi. Ganiyan ang ginawa ng Israel. Nakikita n'yo ba kung nasaan na siya? Ganiyan ang ginawa ng Nobya ni Cristo. Nakikita n'yo ba kung nasaan na siya?—nagbalik doong kasama ng iba pa sa kanila. Ganito rin ang ginawa ng nobyang Pentecostal ni Cristo.



alagad ni Moises. Alam namin na nagpakita ang Diyos kay Moises sa nagliliyab na palumpong, alam natin ito." Alam nila—alam nila ang kasaysayan ni Moises, ngunit hindi nila kilala ang Diyos ni Moises 'pagkat tumayo Siya sa harapan nila sa Juan 6 at nagsabi, "Bago pa si Moises—bago pa si Abraham, Ako nga."—ang nagliliyab na palumpong. Alam nila ang kasaysayan ni Moises.

214 Ganito rin ngayon. Alam nilang ang Diyos—sinasabi nilang aiam nila ang Salita ni Cristo, ngunit hindi nila kilala ang Diyos na na kay Cristo. Ipinintang apoy—sino ba ang mapapainit ng ipinintang apoy—isang karanasang seminaryo? Kilala nila si Moises, ngunit hindi ang Kaniyang Diyos.

215 Makapagsasabi si Jesus at nasabi na nga Niya ang amen! Pakinggan mo ito, Kapatid. Whew! Ngayon, ang pakiramdam ko ay si David ako, pinaiikot ang pamukol na iyon. Sana'y hindi ako magmukhang walang galang sa inyo, mga kaibigan. Mabuti ang lagay ko, ngunit talaga lang masarap ang pakiramdam ko. Talaga lamang napakainam ng pakiramdam ko ngayon.

216 Magagawa ni Jesus ang magsabi nito at sinabi na nga Niya. "Ang Amang nagsugo sa Akin ay nasa Akin, at kung paano Niya akong isinugo, ay isinusugo Ko rin naman kayo"—sa Kaniyang mga alagad. "Ang Amang nagsugo sa Akin ay nasa Akin. Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Salitang ipinangako ng Aking Ama, kung magkagayon ay huwag ninyo Akong sampalatayanan, sapagkat ang mga ito ang nagpapatotoo tungkol sa Akin." Aleluia! Oh, Iglesia, nasaan ka? Ang sabi ni Jesus—ang sabi nila, "0, alam naming ginawa ito ng Diyos, ngunit hindi sa araw na ito." Ganito rin ang sinabi ni Jesus—"Alam naming ang Diyos ay na ka'y Moises."

217 "Ngunit ang Diyos na sumasa Akin ay nasa Akin, dahil kung hindi mo ito mapaniwalaan, tingnan mo kung ano ang nasulat tungkol sa Akin. Tingnan mo kung ano ang sinabi ng mga Kasulatan na gagawin Ko, at kung hindi ako aakma sa mga Kasulatan, kung gayo'y huwag n'yo Akong paniwalaan."

218 Ipahintulot ninyong sabihin ko ito, hindi sa kawalang galang, ngunit hayan n'yong sabihin ko iyan tungkol sa Mensaheng aking ipinapangaral: Kung hindi ibibindika ito ng Diyos bilang Katotohana, kung gayon ay hindi nga ito Katotohanan; ngunit kung ibinibindika ng Sal ita na Katotohanan ang sinasabi ko sa inyo, kung gayo'y sampalatayanan ninyo ang Salita! Ang mga ito ang magpapatotoo kung ako'y nagsasabi ng Katotohanan o hindi. Ang mga ito ang patotoo; ang mga ito ang nagpapatotoo sa aking—sa lingkurang ipinagkaloob Niya sa akin. Ipinabgako Niya ito sa mga huling araw. Naririto na ito!

"Magbunga nawa ang Salita ayon sa uri Nito," at nagkagayon nga. Tama 'yan. O, Kapatid, ang mga Kasulatan ay totoo. Naniniwala ba kayo rito?

210 At sinasaksihan ng Espiritu Santo ang predestinadong kaloob na inaangkin ng iglesiang taglay niya. Ano? Sa pamamagitan ng pagdidilig sa Salita, tinutuldukan ang Salita ng amen.

211 Kapag sinabi nitong, "Magsisi at magpabautismo sa Ngalan ni Jesus Cristo"—"Amen!" Kapag sinabi nito ang iba pang bagay—"Amen!" Lyon na iyon: "Amen" sa lahat ng bagay, kita n'yo. Tinuldukan nito ang Salita. At ang Diyos sa pamamagitan—itinalaga Niya na dumating ang kaloob, upang makapagpatawad ng mga kasalanan, ngunit ito'y ipinagkaloob sa puspos ng Espiritung Sal itang-Kataw an, dahil ang Salita lamang ang makapagpapatawad ng mga kasalanan, dahil ang Salita ay Diyos.

212 Gaano katotoo ang mga Fariseo. Binanggit ko kaninang umaga na dadako tayo rito, ngayon ay naubos ko na ang oras ko. Ngunit ang sabi ng mga Fariseo, "Ang taong ito'y nagpapatawad ng mga kasalanan. Alam nating siya'y isang mapamusong. Ang Diyos lamang ang makapagpapatawad ng mga kasalanan, at ang lalaking ito ay nagpatawad ng mga kasalanan"—hindi nila nalalaman na Iyon pala ang Salita. Ang Salita ay nakapagpapatawad ng mga kasalanan 'pagkat Ito ang Diyos. At kapag ikaw ay nagmistula nang hindi ang iyong sarili—alam ng Diyosalam Niya at noon pa ma'y alam na Niya sa pamamagitan ng paunang kaalaman kung sino ang tatanggap ng Kaloob na ito at kung sino ang gagamit nito sa tamang paraan. Yaong mga nagtataglay nito, ay binibindika ng Salita ng Diyos sampu ng iba pang bahagi ng Salita at ng Espiritu. Malinaw ba 'yon? Ang iba ay paniniwalain kayo na ito'y dumarating sa pamamagitan ng pagpasok sa paaralan, ng pagiging iskolar, mga titulo; kung mag-iiskuwela ka nang ganito katagal; kung magiging obispo ka, magaral ka para maging isang papa, o magiging kardinal ka anumang bagay na gaya no'n (ang iba ay nais tayong paniwalain na galing ito sa mga ito) kapag ang tao sa pamamagitan ng pagpapatong ng kamay ay makapagbubunsod sa iyo upang gawin ito. Ngunit sila ay lihis sa Salita!

213 Isang—Ang Mga Taga-Roma 11:29 ay nagsabi, "Ang mga kaloob at mga pagtawag ng Diyos ay hindi nagbabago." Ang Diyos ang nagkakaloob nito. At gayon din ang Juan 15:16, kung nais ninyong isulat ito. Makinig, nang maigi ngayon. Ibang-iba si Jesus sa Kaniyang kaarawan sa mga denominasyon ng Kaniyang panahon! Tuturo sila pabalik sa Kaniyanais kong hawakan muna ito nang ilang sandali, Whew! Tuturo silang pabalik lampas sa kanilang mga halikat, pabalik sa panahon at sasabihin, "Kami'y mga



78 Hindi siya maaaring magluwal ng mga espirituwal na mga anak na Salita, dahil siya mismo ay halong-lahi. Paano niyang magagawa iyon samantalang ihinalong-lahi na niya ang sarili niya sa mga denominasyon? Nakisali na siya sa kanila at lahat na ng bagay ay kagayang-kagaya na nila. Pumasok na siya sa konseho ng mga iglesia at lahat na, talagang halonglahi na gaya ng iba pa sa kanila. Paano niyang magagawa iyon? Hindi niya iyon magagawa.

79 Ngayon, napakarami ng dapat kong sabihin, at kailangan ko talagang madaliin ito. Ako—bawa't isa sa mga ito ay nais kong ipangaral, kita n'yo.

80 Ngayon masdan, ang tunay na Nobya—Aleluia! May lilitaw na tunay na nobya! Bakit? Naitalaga Siya. Hindi siya magiging denominasyon dahil Siya'y naitalaga na. Hindi siya kailangang mag-alala tungkol sa kung anong denominasyon, naitalaga na Siya upang kunin ang Lugar na iyon.

81 Tingnan n'yo, tulad ni Maria—nais kong makuha n'yo ito ngayon at huwag kayong mabibigo. Handa na ba kayo? Sabihin n'yo, "Amen." [Sumagot ang kongregasyon, "Amen."–Ed.] Kapag dumating si Cristo sa Kaniyang Nobya, dadatnan Niya Siyang isang birheng tulad ni Maria, dahil hindi pararaanin ng Diyos si Cristo sa sinapupunan ng isang patotot, at hindi rin Niya dadalhin ang Nobya sa gayon. Hindi Niya maaaring dalhin ang Kaniyang Salita sa pamamagitan ng isang patotot sa Kaniyang Salita. Nakaririmarim ang mga salitang iyan, datapuwa't iyan ang sabi ng Biblia. Sinasabi ko lang kung ano ang sinabi Nito dahil kailangan itong maunawaan.

82 Ang tunay na Nobya, tulad ni Maria, ay magkakaroon ng birheng sinapupunan para sa Nobya ng Salita, na si Cristo. Kapag si Cristo, ang Salita, ay dumating sa Nobya, Siya'y magiging katulad Niya—isang birhen sa pamamagitan ng Salita. Umaasa ako--umaasa akong ito'y umaabot, Kapatid na Neville. Kita mo? Sana'y nauunawaan n'yo. Ano Siya?-Salita!—ang Salita ng Diyos. "Sa Kaniyang kasuotan ay may Pangalang nakasulat, 'Ping Salita ng Diyos'." "Sa pasimul a ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay-Diyos. At ang Salita ... ay naging

laman, at nanahang kasama natin." Siya ay Diyos, at ang Diyos ay ang Salita. At kapag ang Nobya Niya ay dumating, magiging katulad Siya ng kung anong produkto Siya—birhen!

83 Sumapi ba si Cristo sa isang denominasyon? Sumapi ba si Jehova? Hindi rin sasapi ang Nobya Niya! Siya ay bahagi Niya. Hindi Niya kailangan ng dogma; hindi Siya magkakaroon nito. Siya ay magiging birhen na

birhen. Paano?—sa pamamagitan ng gawa. Amen. Winawakasan Niya ang bawat Salitang sasambitin ng Diyos ng "Amen. Amen. 0, `mangyari sa akin ayon sa iyong salita. ' Amen." Ay, naku! Hayan ka na. Winawakasan ang Salita ng Diyos.

84 Magkaroon kayo ng birheng sinapupunan. Saan siya lalabas?—sa isang birheng sinapupunan, ang Salita. Saan ba lumabas si Jesus?—sa isang birheng sinapupunan. Kita n'yo?

85 Nang datnan ni Adan ang asawa niya ay buntis na siya. May ginawa siya. Halo na siya. Siya ay— nahalong-lahi ang anak, at namatay ito. Datapuwa't nang dumating si Jose sa kaniyang nobya, na buntis na siya, subalit ng Buhay. Ang asawa ni Adan, o ang nobya ni Adan, nang si Adanbago sila magsiping—katulad nina Jose at Maria, katulad ni Cristo at ng iglesia ngayon (hindi n'yo ba nakikita ito? kita n'yo)—at bago pa sila magsiping (Si Adan at Eva), buntis na siya ng bulok na binhing galing sa serpente; at nang dumating siya sa kaniyang asawa ay nasusumpungan niya siyang buntis ng kamatayan. Kita n'yo? Kamatayan! Paano?—sa espirituwal, at sa pisikal ay patay; ngunit nang si Jose, ang tao, ay dumating sa kaniyang asawa (luwalhati! hindi niya halos siya mahawakan!), buntis na siya ng Buhay, ang Salita ng Diyos na naging laman sa kalagitnaan ninyo!

86 Ibalik ang Salitang binigkas na iyon! Ibalik ang Salitang iyon ng Diyos na siyang dating Salita rito dumating sa sinapupunan ng isang tao. Amen! Gagawin pa rin ito ng Diyos sa anu't ano man. Sinalita Niya ito, at kailangang matupad ito. 0 luwalhati! Amen! Iyan ang Diyos natin. 0, napakayaman niyan, mga kapatid ko, kung kaya ng panunaw n'yo-matutumbok n'yo ito. Doon Niya sila nasumpungan.

87 Nang dumating si Adan sa asawa niya, buntis na siya ng maling binhi. Nang si Jo—Ang binhing iyon ay namatay! Nang datnan ni Jose ang kaniya, buntis na siya. Ngayon ano ang naging sanhi ng magkaibang pagbubuntis? Dahil pinag-alinlanganan ng asawa ni Adan ang Salita. Tama ba 'yon? Ang nobya ni Jose ay nanampalataya sa Salita. Iyon ang kaibahan. Kaya ano kaya ito ngayon? Ito'y ang Salita! 0, ang mahal na Salitang iyon! Lyon ang—Ang mundo ay inanyuan sa pamamagitan ng Salita ng Diyos! Aleluia! Diyan ako nananatili mismo. Hayaang lahat ng denominasyon at lahat ng iba pa ay bumagsak, gawin na nila ang nais nilang gawin. Sa Salitang iyan ako nakatayo.

88 Iyan ang dahi Ian kung bakit nagawa ko kung ano ang nagawa ko. Iyan

ang dahilan kung bakit ibinaba ko ang mga denominasyon. Ang sabi, "Puwes, siya'y isang — winawasak niya ang mga iglesia." Ganiyan din ang sinabi nila



ang Kaniyang mga alagadtingnan natin—ang Kaniyang tagiliran at nang) . . .Ang mga alagad nga 'y nangagalak, nang makita nila ang Panginoon.

Sinabi ngang muli sa kanila ni Jesus ... Kapayapaan ang sumainyo: (0, handa na ba kayo?) . kungpaanongpagkasugo sa akin ng Ama, . . . (Siya ang Salita, ang Binhi, ang Salitang Binhi) . . . ay gayon din naman sinusugo ko kayo. (Sumasampalataya ba kayo rito? Huwag kayong mayro'n pa.)

At nang masabi niya ito, sila'y hiningahan niya, at sa kanila'y sinabi, Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo:

Sinomanginyong patawarin ng mga kasalanan ay ipinatatawad sa kanila; sinornang hindi ninyo patawarin ng mga kasalanan, ay hindi pinatatawad.

206 Iyan ba'y Katotohanan? Kanino ba Niya sinabi iyon?—sa Binhi, ang Salita. Bakit?—sila'y maisisilang lamang sa pamamagitan ng Salita. Iyan ang dahilan. Naniniwala ba kayo riyan? Kunin natin ngayon ang Mateo 16, isang sandali lang. Mateo 16:19. Basahin natin ito sandali. Tama:

Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: at anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit: at anomang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit.

207 Hinahamon ko kayo na paniwalaan ito. At kung hindi iyan ang Salita, ang Juan 3:16 ay hindi rin ang Salita. Bakit n'yo kinukuha ang Ilan at hindi ang iba? Ang buong Salita ng Diyos ay tama, datapuwa't kailangan itong dumating sa isang birheng-sinapupunan kung saan ay walang ibang nakahimlay doon kundi ang Binhi. Naniniwala ba kayo rito? Tama. Ngayon, masdan n'yong mabuti ito.

208 Alam kong inaangkin ito ng patotot, at nagpapatawad sila ng kasalan sa pamamagitan ng kanilang maka-denominasyong kapangyarihan. Ngun it tingnan ninyo ang kanilang mga anak: bawat bulwagang sayawan, ginugupit ang kanilang mga buhok, pinturadong parang mga payaso, ang lalakIy nakikisama sa asawa ng ibang lalaki, nakikipagharutan, nagtatatakbo sa lansangan, magkasamang naliligo ang lalaki't babae: lahat ng iba pa. Siya-nga, nagpapatawad sila; nagsasalin sila ng mga kasalanan sa sarili nilang pamamaraan, ngunit ang bunga n la ang nagpapakita kung ano Ito. Hindi marapat ito sa kanila, hindi po. Ano ang ginagawa nila?—nagsusuot ng syorts, naggugupit ng buhok, nagme-meyk-ap. Ang sabi ni Jesus, "Sa kanilang bunga ay makikilala n'yo sila," kung anong uri ng binhi sila. Iyan nga sila.

209 Ang maka-denominasyong binhi ay nagbibigay ng maka-denominasyong pagpapatawad. Tamang-tama 'yan. Ang sabi ng Diyos,

201 Nakikita n'yo na ba ngayon kung bakit naging napakasigasig ko sa uri ng binhi na naihasik ko para sa Katawan? Malapit nang bumuhos ang ulan; ang ibig kong sabihn ay ang tunay na ulan. At dapat ay may mga Binhi itong papatakan. Sana ay makita ko pa ito sa aking buhay. Nauunawaan na ba ninyo ngayon? Ito'y magiging ang buhay na Salita kung ano ito sa pasimula—ang binigkas na Salita ng Diyos, ay nagtataglay ng Kaniyang Kapangyarihan; pagkat nasa Kaniya, sa Kaniyang Sariling Katawan, kumikilos sa Sarili Niyang paraan. Tumingin sa mga pangakong ipinagkaloob ng Diyos sa Katawang ito.

202 Ngayon, patungo na tayo sa isang bagay. Patungo na tayo sa Bundok ng Sion, ngayon. Tingnan natin kung ano ang sinabi Niya sa Katawang ito—ang ibig kong sabihin ay ang isinilang ng birhen. [Kumatok ng pitong ulit si Kapatid na Branham sa pulpito–Ed.] Ngayon ay nakikita na natin ang panggagaya nito. Nakikita natin ito araw-araw. Ngunit magtungo tayo sa tunay na Katawan at tingnan natin kung ano ang sinabi Niya tungkol dito. Tingnan natin. Tama, ito ang ipinangako Niya.

203 Naniniwala ba kayong ang Juan 3:16 ay tama? Kailangan kong basahin ito. Gano'n talaga. Tama. Kayo—maaari kong—Lahat ng sumasampalataya sa Juan 3:16: "Gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanglibutan na ibinigay Niya ang Kaniyang Bugtong na AnalC, ' at iba pa, magsabi ng, amen. [Ang kongregasyon ay sumagot: "Amen!"—Ed.] Hinahamon ko kayong paniwalaan ang iba pa nito! Ang tinutukoy ka ay ang Katawan, ha.

204 Kunin natin ang Juan 20 bilang pasimula. Tama, kunin natin ang Juan ika-20 kabanata, at tingnan natin. Juan ika-20 kabanata at magsisimula tayo sa, o, sasabihin kong sa gawing ikalabingsiyam na talata. San Juan 20, (wari ko'y iyan ang minarkahan ko rito), at simula sa ika-19 na talata. Ngayon ay makinig maigi.

205 Hinahamon ko kayo na paniwalaan ito! Oh, gustong-gusto ko talaga ito. Oh, kung magagawa ko lang—Sana'y makita ko ang Espiritu Santo na nananaog dito, nang paganiyan; nagsasabi, "Ngayon, Ako ito." Makinig:

. . . kinahapunan nga, nang araw na yaon,na unang araw ng sanglinggo, at nang nangapipinid ang mga pintong kinaroroonan ng mga alagad . .. (nakapinid ang pinto sa pinagtitipunan ng mga alagad) . . . dahil sa katakutan sa mga Judio,ay dumating si Jesus at tumayo sa gitna,at sa kanila'y sinabi, kapayapaan ang sumainyo.

. . . (at nang masabi niya ito) . . . At nang masabi niya ito, ay kaniyang ipinakita sa kanila ang kaniyang mga kamay at ang kaniyang tagiliran . . . (At nang



tungkol sa ating Panginoon. Laging gano'n ang sinasabi nila sa bawa't pagkakataon, kita n'yo.

89 Ngayon, ngayon ay nasumpungan niya siya. Si Cristo ay dumating sa Kaniyang Nobya. Saan Niya Siya nasumpungan?—doon din. Bakit? Nang magpasimula Siya — (Ngayon makinig, ayaw kong hindi ninyo makuha ito.) Nang magpasimula siya, siya ay isang birhen, Magiging maayos sana siya. Nagpatuloy siya sa unang iglesiang iyon. Dati itong napakaganda. Pinagkalooban Siya ng Diyos ng isang Nobya, at ano ang ginawa niya? Kung alam n'yo ang kasaysayan, noong 606 bumaba siya roon at binuntis ang sarili ng maka-Romang dogma, o organisasyon. At mula noon, ang matandang inang patotot sa Biblia ay nagsilang ng mga iglesia, at sila'y pawang mga babaeng bayaran, at ito'y patotot—iyon ay mga Protestantesapagkat bawat isa sa kanila ay isinilang niya at bawat isa ay nagkaniyakaniyang tatag—ng organisasyon. Ngayon ba'y nakikita n'yo na kung bakit ako laban dito? Mabuti.

90 Ngayon, sapagkat ang pagsilang ng Salita ay si Cristo. Hindi narumi-han ng mga denominasyon. Ang unang iglesia—walang denominasyon, tanging ang Salita at ang Espiritu ang dumidilig. Kapatid, ang—inilapag ng Diyos ang Salitang iyon nang paganoon at dini lig Ito ng Espiritu Santo, at doo'y humayo siya. Nagluwal siya ng mga anak, tiyak iyon, ngunit hindi ito magawa ng iglesiang iyon. Masyado na siyang naging denominasyon. Kita n'yo, hindi niya ito magawa. Ihinalo niya ang sanlibutan dito. Tingnan n'yo kung ano ang ginawa nila.

91 Ngayon, masdan ngayon, pinatutunayan ng Diyos ang Kaniyang Salita sa pamamagitan ng Kaniyang katawan. Tama ba 'yon? Pagkatapos ay nagpatotot siya tulad ng ginawa ng asawa ni Adan sa Eden at ng asawa ni Jehova sa panahon ni Samuel, na kumuha ng isang hari, hiniwalayan ang Diyos (ang kasal niyang asawa) at ang Kaniyang Salita at ang Kaniyang propeta (ang daluyan ng Kaniyang Salita), at nagpatotot siya gaya ng ibang mga bansa; at diniborsiyo siya ng Diyos! Gaya rin ng ginawa Niya ngayon. Ang gayon ding gawa.

92 Mga anak na lalaki ng nobya, nakikiapid (kita n'yo) sa nobya, ang Anak ng Diyos—ang Kaniyang nobya mula sa Pentecostes, birhen sa Salita, nagpatotot at nakiapid, tulad ng ginawa ng asawa ni Adan, tulad din ng ginawa ng asawa ni Jehova; at heto ang asawa ng Anak—siya man ay nagpatotot, nakikiapid sa mga diyos (pangmaramihan) ng Roma, mga diyos, at alang-alang sa kaniyang mga mangingibig, ang mga diyos ng Roma, tinangkang kunin ang sarili niyang asawa at paghati-hatiin siya sa tatio-- para mabigyan ng kasiyahan ang mga mangingibig niya! Mahabag nawa ang Diyos dito! Siyanga, daan-daan ang mga diyos nila, o siyanga—si Astarte, ang diyos na araw, si Balaam,

at ang diyos na araw, at ang reyna ng langit at lahat na ng mga bagay na naroroon. Kaya ang nobya, para mabigyan ng kasiyahan ang kaniyang mga masasamang mangingibig—hindi ba't nangusap ang Diyos doon sa Mga Awit ni Solomon at isinaysay ang tungkol sa Kaniyang nobya na siya'y dili't naupong laging bukas ang sarili at tinatanggap ang bawa't mangingibig na dumaan. Malinaw ang pananalita ko, dapuwa't iyan ang sabi ng Biblia. Bawa't lalaking nais makipagtalik sa kaniya, ay makagagawa nito. Ganiyan din ang ginawa ng nobya ni Cristobinuksan ang sarili sa bawat matanda, maruming gawi ng bawat organisasyong tinaglay nila. Gayon din ang ginagawa.

93 Mapupulaan ako dahil dito. Ayos lang yan, pagpapalain din ako dahil dito. At ito'y magkatotoo, ito'y Katotohanan ng Diyos, 'pagkat nais Niyang ipasabi ito, at narito—sinisikap ko ang magagawa ko upang sabihin ito. Kita n'yo?

94 Sinikap niyang bigyan ng kasiyahan ang napakarami niyang mga mangingibig. Dahil dito ay naghalong-lahi siya, nagsikap na makihalo sa kaniyang mga mangingibig, sa Salita ng Diyos; kaya hindi iyon umubra, kaya ang sabi niya, "Itanggi mo iyan" at lumikha siya ng sarili niyang Salita. Ngayon ay inaangkin niyang siya na mismo ang Salita. Ngunit huwag ninyong hayaan ang mga Catolico o ang mga Protestante na pulaan ang mga Catolico, dahil ganoon din ang ginagawa nila sa konseho ng kani-kanilang mga iglesia—nagpapatotot. Hindi kataka-takang tinawag silang mga patotot! Magaspang 'yon, hindi ba? Natalop niyan ang balat sa inyong likod, ngunit iyan ang kailangang gawin kung minsan para magising kayo.

95 Ganiyang-ganiyan nga ang ginawa niya. Iniwan niya si Jesus, ang Salitang Asawang Lalaki. At gaya ni Samuel—iniwan nila si Samuel at tinanggap si Saul, iniwan ang propetang may pahid ng Salita at tinanggap ang isang haring may setro; samantalang sa huli ay makalalapit din sana siya sa Hari, ang setro, sa Milenyum, datapuwat ngayon ay itinakwil na siya. Nagtungo siya sa Hentil upang kumuha ng Nobya. Tama ba 'yon? Ito'y ang Salita.

96 Ngayon, iniwan niya si Jesus, na siyang Salita, si Jesus na siyang Salita— at nagpakasal sa ibang lalaki na ang tawag ay papa na may dogma. Ngayon ay hindi si Jesus ang nasa kaniya; isang papa ang nakuha niya. Ngayon ay wala tayong — Ang Protestante ay walang Jesus; ang tagla;, nito ay isang denominasyon, iyon din—isang larawan ng hayop.

Kaya't hindi siya makapagbigay ng Salitang-kapanganakan sa kaniyang mga anak, sino man sa kani la. Siya man ay isang patotot. Sinabi ng Biblia na gayon siya. May hawak siyang saro at ipinamamahagi ang kaniyang doktrina



mga gawa ng halong-lahi, ang diablo. Tama ba 'yon? Siya'y ginawa upang gawin iyon; isinilang Siya upang maging gayon, ang wasakin ang mga gawa ng diablo.

195 Ngayon, ang Katawan Niya ay gayon din ang gagawin dahil ang katawan ay—ang Ulo at ang katawan ay magkasama. Tama ba 'yon? Kung si Cristo ang ulo—ang Salita, ang katawan Niya ay dapat gaya rin ng kung ano ang Ulo. Tama ba 'yon? Isang iglesia ng Salita, isinilang ng Salita. Isinilang ng Birhen mula sa Salita, hindi maka-denominasyon , ha. Isinilang ng Birhen mula sa Salita.

196 Ang paraan ng pagkilos ng Katawan ay sa pamamagitan ng Ulo. Tama ba 'yon? Hindi makakikilos ang katawan ko hanggang sa utusan ito ng ulo ko na kumilos. Buweno, paano kaya kung ang ulo ko ay laman at ang katawan ko ay kongkreto?—hindi ako makakakilos. Maaaring sabihin ng ulo, "Kilos, kilos, kilos, kilos, kilos," ngunit walang mapasuguan ng mensahe. Tama ba 'yon? Buweno, kung ang Ulo ko ay si Cristo at ang katawan ko ay isang denominasyon, paano kayang makagagawa ito? Paanong ang kadalisayan at ang isang patotot ay magkasamang makagagawa?

197 O, gustung-gusto ko ito, mga kapatid; sinasabi ko sa inyo. Nais kong mangaral ng isang panahon tungkol sa ilan sa mga ito. Ang paraan ng pagkilos ng Katawan ay sa pamamagitan ng Ulo, at ang Ulo ay ang Salita. Tama ba 'yon? Ang Ulo ay ang Salita.

198 Ihambing n'yo ang makabagong iglesia, ngayon. Bakit walang himala rito? Bakit wala rito ang Salita? Hindi maipasok ang Salita rito; ang denominasyon ang humaharang dito. Siyanga.

199 Ipaghalimbawang narito at dumarating ang isang butihin at pinabanal na tao ng Diyos, nangangaral ng Salita ng Diyos nang ayon sa Biblia, sa abot nang magagawa niya; ang denominasyon naman: "Ahem! Hinde-ee! Hindi, po! Palabasin siya rito!" Kita n'yo? Hindi makakilos ang Katawan; sakal ito--kailangan itong magkaganito.

200 Ngayon, ang Katawan ay nagsasakatuparan (ang mga gawa ang nagsasakatuparan) ng mga gawa at nagsasagawa ng mga gawang ipinaguutos ng Ulo. Sabihin n'yo sa akin kung saan Niya sinabing "mag-organisa kayo"! Sabihin mo sa akin kung saan sinabi ng Ulo, "Walang masama kung gugupitin ng babae ang buhok niya"! Banggitin mo ito—wala ito roon. Sabihin mo sa akin kung saan sinabi ng Ulo, "Ang mga gawang ito ay Aking nagagawa, ngunit hindi n'yo ito magagawa." Sabihin mo sa akin lyan! Subalit ganito ang sabi ng Ulo (kung nais ninyong isulat ang Kasulatan, ibibigay ko iyon sa inyo: Juan 14:12), *"Ang mga gawang Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo."* Iyan ang Kaniyang Katawan, kita n'yo.

repormasyon—tawagin mo lamang ang iyong sarili na isang Cristiano at tanggihan mo ang simbahang Catolico, ay mangangahulugan ng pagkakapaslang mo. Pagkatapos ay dumating ang—nangaral sila ng pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya.

190 Pagkatapos ay dumating naman ang—Ngayon masdan n'yo ang muling pagbabalik ng tatlo. Dumating si John Wesley, nangangaral ng kabanalan. Ang iglesia ay higit na nagiging minoriya. Kita n'yo, kumakaunti nang paganito.

191 At nang magkagayon, matapos ang mga kaarawan ng kabanalan ni John Wesley, dumating naman ang iglesiang Pentecostal, at kumuha ang Diyos ng tira mula roon; bawa't isa ay tumatanggap sa Salita, kita n'yo. Ngayon, pagdating sa mga Pentecostal, higit itong nabawasan dahil iyon ang pagsasauli ng mga kaloob. Patuloy itong Itinataas—Ano 'yon? Dito sa babang-baba ay malayong malayo sa anyo ng ulo. Dito naman sa baba ay higit itong kahawig, ngunit kailangang maging akmang-akma ito sa iba pa. Kailangan itong tabtabin. Sa piramideng iyon, maaari kang kumuha ng bleyd na pang-ahit at hindi mo ito mapadadaan sa pagitan ng mga batong 'yon kung saan naroon ang sementong pandikit; lapat na lapat ang mga dugtungan nito. Ang sabi nila ay gano'n din ang pagkayari ng templo ni Solomon. Kita n'yo?

192 Kinukuha ng Diyos ang Hinirang mula sa iglesiang Pentecostal (ang halong-lahing iyon), hinuhugot ito at tinatapos ang Salita. At kailangan itong maging napakalapit hanggang sa ang Salita mismo ay humalo sa Salitang ito. Hayun ang Pangulong-bato, sumisigaw, "Biyaya, biyaya, kamangha-manghang biyaya"—ang Pangulong-bato. Heto kayo paganito, kita n'yo. sa ibabaw nito. [Nagbigay ng isang paglalarawan si Kapatid na Branham sa tagapakinig–Ed.] Kita n'yo, kung paanong nasa pinakaibaba ito? At ito'y palapit nang palapit, nang palapit (ang lingkuran), makalipas ang ilang panahon ay heto at dumarating—narito si Luther: pag-aaring ganap, inaring ganap. Heto naman at dumarating si Wesley: ang lupong pinabanal. Heto naman at dumarating ang mga Pentecostal: ang pagsasauli ng mga kaloob.

193 Ngayon, ang Diyos ay kumukuha mula roon, humuhugis ng isang kalipunan upang lumikha roon ng isang lingkuran na katulad na katulad ng Salitang iyon, dahil kailangan itong umakma sa sukat ng Salita. Hayan ang Nobya; itinataas Siya.

194 Ngayon, si Cristo ay naipamalas upang wasakin ang gawa ng kaaway. Naniniwala ba kayo ro'n? Ngayon, hindi ko magagawang ipaliwanag ang lahat ng ito; basta tatalakayin ko ito, nang madalian ngayon; hahagipin ko ang mataas na dako para huwag kayong magtagal nang husto. Si Cristo ay naipamalas upang wasakin ang gawa ng diablo. Tama ba 'yon? Lahat ba kayo'y naniniwala riyan? Kaya nga Siya ay—Ano nga ba Siya?—Salita ng Diyos, na sumisira sa



sa mga tao na siyang kasuklam-suklam na karumihan, ng kaniyang pangangalunya. Ano ang pangangalunya?—ito'y pamumuhay nang marumi. At ang doktrinang ipinamamahagi niya sa mga tao, ay ang karumihan ng kaniyang pangangalunya. At ang mga hari sa lupa at ang lahat ay nalasing sa alak ng kaniyang pangangalunya. Tamang-tama, tingnan n'yo si la. Aba, lalaslasin nila ang lalamunan mo sa isang sandali lang dahil diyan. Hindi lamang mga Catolico, kundi pati mga Protestante.

97 Makinig, kayong mga Metodista. Sino ba ang pumatay kay Joseph Smith? Ngayon ay tumilaok kayo. Bagama't hindi ako naniniwala sa mga doktrina niya, hindi rin naman ako naniniwala sa inyo. Walang kinalaman iyon doon, kayo iyon. lyon ang dahilan. May karapatan si Joseph Smith na ipangaral ang kaniyang relihiyon dito sa bansang ito gaya din naman ninyo, datapuwa't pinaslang n'yo siya rito sa Illinois; binaril n'yo siya nang walang dahilan, dahil lang may taglay siyang kung ano, medyo iba siya. Pagkatapos ay isinisigaw ninyo ang tungkol sa simbahang Catolico. Lumabas kayo sa bungkos ng kawalang kabuluhang iyan kayong mga Metodista na nakatalaga sa Buhay na Walang Hanggan! Babaligtad si John Wesley sa kaniyang puntod, dahil sa ikinikilos n'yo. Siyanga, gagawin niya ito. Hinding-hindi nagtatag si John Wesley ng isang iglesiang katulad niyan. Isang pangkat ng mga "Ricky" at mga "Elvis" ang gumawa niyan pagkamatay ni John. Tama 'yan. Hindi si John Wesley. Hindi ang mga sinaunang Pentecostal ang gumawa ng kung ano ang kinalabasan nila ngayon. Ang pangkat ding iyon ang may gawa pagkatapos na mamatay ito. Tama 'yan. Si Jesus Cristo ay hindi magtatatag ng isang bagay na gaya nga nasa atin ngayon na nataguriang Pentecostes; hindi rin magagawa ito ng Espiritu Santo, datapuwat ito'y isang bagay na nakuha nila sa halip nito; datapuwa't ang Espiritu Santo ay isang bagay na hindi nila makikitil. Kukuha pa rin Ito ng isang Nobya. Kukuha pa rin Ito nito. Ang sabi Niya ay itatalaga Niya ito.

98 Iniwan niya si Jesus, ang Salitang-Asawang Lalaki upang pakasalan ang isang papa, kaya't hindi siya makapagsilang, espiritual na pagsilang-makapagbibigay siya ng isang makadenominasyong pagsilang; napakarami niyang ganoong binhi—hindi siya makapagbigay ng espiritual na pagsilang, siyadahil siya ay isang babaeng bayaran. Ang tanging maibibigay niya ay isang makadenominasyong buhay at napakaraming kabaliwan. Ang iglesiang Catolico mismo ay naitatag sa ibabaw ng isang pamahiin ng Cristianismo at isang bungkos ng Romanismo, at ang iglesiang Pentecostal ay ganoon din kalala—isang bungkos ng lundagan at hiyawan at pagsasalita ng ibang wika at mga bagay-bagay na tulad niyan. Pagdating naman sasapat ang init ng ulo nila para labanan ang dikoryenteng lagari at palalayasin ka sa kanilang kongregasyon. Kahit pa pumaroon ang Diyos at bumuhay ng patay, kung hindi

ka naman sasang-ayon sa kanila, itataboy ka nilang palabas, kung hindi ka kabilang sa kanilang organisasyon.

99 Ngayon, ang matandang inang patotot na ito (babalikan ko siya sa isang sandali), nag-aangkin siya ng kapangyarihan upang magpatawad ng mga kasalanan; datapuwa't hindi kayo hahatulan sa pamamagitan ng inyong sariling pag-aangkin; hindi kayo makikilala dahil sa inyong sariling pagaangkin. Makikilala kayo sa pamamagitan ng inyong mga gawa. Paano siyang makapagpapatawad ng kasalanan? Tingnan n'yo siya. Nang gawin ni Jesus ang gayon ding bagay, sila'y . . . ang sabi, "Hatulan n'yo Ako; ipakita n'yo kung saan Ako hindi sumampalataya sa Salita." Nag-aangkin siya ng kapangyarihang magpatawad ng mga kasalanan, ngunit dumarating lang iyan sa pamamagitan ng Salita. Tama 'yan. Ang Diyos lang ang makapagpapatawad ng mga kasalanan. Tama ba 'yon? Hindi ba't ganiyan din ang sinabi ng mga Fariseo? Ano ang problema sa mga bulag na bungkos ng mga mapagpaimbabaw. Bakit?—dahil hindi nila nakita na iyon pala ang Salita na nakatayong kasama nila! Siya ang Salita! Luwalhati sa Diyos! Iyan ang dahilan na magagawa Niyang magpatawad ng mga kasalanan. Diyos Siya! Siya ang Salitang naipahayag.

100 Ngayon ang simbahang Catolico ay nagsasabi na pinagkalooban sila ni Jesus ng kapangyarihan. Nagkaloob nga Siya. Pinagkalooban Niya ang iglesia ng kapangyarihan. Tama 'yan. Naniniwala tayo riyan. Lahat ng mga anak niyang babae ay mga patotot. Lahat ng mga anak niya, mga makadenominasyong anak na babae, ay mga patotot. "Brother Branham, napakabigat na salita niyan." Hindi ko 'yan salita; iyan ay Salita Niya. Tamang-tama 'yan. Hindi sa 'kin 'yan, Kaniya iyan.

101 Mabuti, paano? Sasabihin mo, "Paano sila? Paano silang naging mga patotot? Aba, mabubuting tao sila. Ganoon din ang . . ." Wala akong masabi riyan. Hindi ko sinasabi kung ano sila. Hindi ko sinasabing ang mga Catolico ay hindi mabubuting tao. Simbuti sila ng kahit na sino. Mga tao rin silang tulad natin. Pero pag ang pinag-usapan ay ang matandang iglesiang iyon, mali siya. Ang mga Protestante ay kasing buti—ang mga Metodista ay kasing buti ng mga Baptist o ng mga Pentecostal, o kung sino mang iba pa. Pare-pareho sila.

102 Ngunit ang katotohanan nito, paano nga ba siyang naging isang patotot? Bakit? Bigyan mo siya ng pagsusulit sa Salita. Diyan n'yo malalaman. Subukin n'yo siya sa Salita nang minsan at tingnan n'yo kung ano ang sasabihin niya. "O, ano pa, tinuruan kami sa seminaryo na ang mga araw na iyon—ito'y isang—dating gano'n 'yon, pero (ha-ha) iyon ay noon pang panahon ng mga apostol. Para lang sa mga apostol 'yon." Kayong mga nataguriang Church of Christ—"magsalita kung sa'n nagsalita ang Biblia at manahimik kung saan ."



pagkat ang tipo ay kumukuh mula sa—mula sa—ang anti-tipo ay kumukuha mula sa tipo. Si Cristo ang Ulo, ang tunay na Bato ng Diyos.

Naniniwala ba kayo roon? Ang tunay na Salita. Ang Nobya ay ang Katawan.

Nais ba ninyo ng hang Kasulatan tungkol dito, para mabasa n'yo ang mga ito? (Babasahin ko sana ang mga Kasulatan, ngunit hindi na lang.) Unang Pedro 2:1-6; Mga Taga Efeso 5:22; (kita n'yo?) Unang Pedro 2:16; Mga Taga Efeso 5:23. Basahin n'yo ang kabanatang iyan, kapuwa sila nakapaloob diyan, kita n'yo.

187 Ang Lumang Tipan: Si Cristo, tumingin kayo rito. Kunin nating halimbawa ito. (Marahil kung hindi kinuha ng asawa ko ang dolyar ko. neto. Nagbayad ako ng ilang mga sandwits kanina. Ipagpaumanhin n'yo mga kaibigan, hindi ko dapat sinabi 'yon, ngunit—mabait ang asawa ko.) Ngayon, sa likod ng dolyar na ito (kung hindi dahil sa kaniya, ay wala sa akin ang dolyar na ito, sa palagay ko; Ang habag ng Diyos ang nagbigay sa atin nito at sa tulong na rin ng asawa ko) Ngayon, sa likod nito, para bang, kung iyon nga ang pera natin, ang selyong Amerikano sa gawing kaliwa ng dolyar ang dapat maging dakilang selyo sa bansang ito. Tama ba 'yon? Buweno, bakit ang piramide ang tinawag na dakilang selyo? Maging ang pera n'yo ay kailangang magpatotoo rito. Oo, sa tuwing magpapadala ka ng post card o ng sulat ay kailangan mong magpa—ito'y nagpapatotoo: ang taon ng ating Panginoon, labing siyam at animnapu't dalawa. Lahat ng bagay ay nagpapatotoo kay Cristo, kita n'yo?

188 Napansin n'yo ba na ang dakilang selyo, ay ang piramide? Sino ba sa inyo ang nakaaalam na ang piramide ay hinding-hindi pa nalalapatan ng pangulong bato? Ilan ba ang nakaalam niyan? Siyanga. Galing na ako roon sa Egipto, sa Cairo; nakita ko iyon. Wala iyong panulok na bato. Bakit?—itinakwil iyon, ang panulok na bato. Ang panulok na bato na humahawak sa gusaling ito—ay isang susing-bato. Ilan ba ang nakakaalam kung ano ang susing-bato? Kapag itinayo ang arko, ang susing bato ang hahawak dito. Ang panulok na bato ang siyang humahawak sa gusali, tama ba 'yon? At ang panulok na bato sa piramide ay ang pangulong bato—ang susing batong humahawak sa lahat ng iba nito na magkakasama. Ngayon, ang susing-batong ito ay itinakwil.

Napansin ba ninyo, doon sa itaas, nakatayo iyon doon sa itaas, doon sa itaas ng piramide. Ngayon, ano ang ikinakatawan noon nang buuin iyon ni Enoch?

189 Ganito ang nangyari: katulad lang ito ng pagdating ng iglesia ng Ebanghelyo. Tingnan n'yo, ngayon sa ibaba ng malapad na bahagi ng piramide, ikinakatawan nito ang mga: sinaunang kaarawan ng

ng ilang oras dito, sa paglalatag ko nito. Ngayon ay papalitan natin ang paksa, palitan natin ang palatuntunan. Ngayon, una ay, mayroon akong isang bagay, kung kailan ako naka—May ilang pahina pa ako rito at pagkatapos ay kailangan kong—Ay, naku! naku! naku!—tiyak na hindi iyan! Kailangan kong magmadali nang husto. Ngayon ay babasahin ko ito, kita n'yo. Simbilis ng kaya ko, 'pagkat alam kong napakaikli na ng oras natin ngayon, kita n'yo. Ngayon pagod na ba kayo? [Sumagot ang kongregasyon, "Hindi."–Ed.] Hindi! Buweno, kung gayon ay ako pala 'yon. Sige lang, mainam 'yan.

183 Ngayon, iyan ang dahilan na nasa atin ang mga bagay na nasa atin. Ngayon ang lahat ng mga bagay na ito na sinabi ko, kung hindi ito tutugma sa Biblia—dumudugtong sa Salita ng Diyos—mali ang mga ito. Mali ang mga ito. At lahat ng larawang ito—Ngayon, sadyang mamadaliin ko ang Ilan sa mga ito, (hindi ko ipaliliwanag ito kundi sadyang mamadaliin ko para makuha natin ito; pangako ko sa inyo, simbilis ng makakaya ko.)

184 Humantong na ako sa punto kung saan ay lubos na akong napasa Espiritu. Ako ay—Nadala ko na ang iglesia upang maipakita ko ito at patunayan ito sa Salita dito kung ano talaga ang naganap noon pa man, at nang gawin ko iyon, naisip ko, "Panginoon, naririto ang mga tao at nakatayo rito ngayon—Patatayuin ko sila rito; ano ang maaari kong sabihin sa kanila? Hindi ko magagawang ihula ang hinaharap. Hindi ko masabi sa kanila kung ano ang dapat gawin. Ano ang gagawin ko? Iiwan ko sila sa alanganin." At itinaas ko ang kamay ko at ang sabi ko, "Diyos, sa palagay ko'y ginagawa ko ito para sa Iyong Kalooban. Hinding-hindi ko pa ito, hindi ko pa ito ginawa kailan man"—'pagkat ang mga binhi ay hindi pa naihahasik. Ang sabi ko, "Ngayon ay mayro'n na akong—sa—sa palagay ko'y panahon na para sabihin ko ito; ngunit ngayon, ano ang sasabihin ko ngayon?"

185 At kung gaano kalinaw ninyong naririnig ang tinig ko, may nagsabi, "Damputin mo ang iyong panulat." Babasahin ko ito sa inyo sa isang sandali. At nang matapos ako, naroon iyon, kung ano talaga ang kasagutan. Ni hindi ko nga alam kung ano ang sinusulat ko. Basta na lamang ako nagpasimulang sumulat; at nang matapos ako, inilapag ko ang panulat; at tiningnan ko ito, "0, Diyos, mahabag Ka, naroroon iyon, doon mismo. Lyon ang matagal ko nang hinahanap." Ngayon, may ilang bagay na kinailangan kong lampasan. Dadako tayo riyan sa boob ng isang saglit, kung loloobin ng Panginoon.

186 Ang Buong Lupang Tipang ay mga pagtitipong tumuturo kay Cristo at sa Kaniyang Iglesia. Naniniwala ba kayong si Adan at si Eva aN tumuturo kay Cristo at sa Kaniyang Iglesia? Naniniwala ba kayo na si Jehova at ang Kaniyang Asawa ay tumuturo kay Cristo at sa Kaniyang Iglesia? Buweno, kung sila ang mga tipo at ito ang anti-tipo, kailangan itong maging katulad ng tipo,



Buweno, nais kong marinig kayongnagsasalita ngayon. Hindi, kayo ang nananahimik. Pinatatahimik ng Salita ng Diyos ang lahat ng bagay, Kapatid. Walang maaaring magmalaki. Tama 'yan.

103 Lahat ng mga anak niya ay pawang mga patotot. Paano?—sa pamamagitan din ng ginawa ng kanilang ina—nakikipangalunya laban sa Salita. Ganiyan naging patotot ang iglesiang Catolico. Ganiyan naging mga babaeng bayaran ang kaniyang mga anak na babae. Ganoon din, espiritual na pangangalunya laban sa Salita. Siya sampu ng kaniyang mga anak na babae ay may patotot na sinapupunan. Kamatayan lang ang, maaaring magmula sa mga ito. Hindi maaaring magdala ang Diyos ng buhay sa pamamagitan ng kamatayan, at anumang bagay na isinilang nang patay ay hindi buhay. At gaya ng sinabi ni Job, "Magagawa mo bang magpalitaw ng isang bagay na malinis mula sa marumi—hindi, isa man ay hindi." Tama. Buweno, paano nga ba siyang magsisilang samantalang patay na nga siya sa sarili niya? Paano siyang magiging birhen kung siya ay isang patotot? Kita n'yo, hayan ka. Iyan ang kabuuan nito.

104 Ay naku, ngayon ay tutumbukin natin ang isang bagay na totoong mayaman, punung-puno ng bitamina mula sa Genesis hanggang sa Apocalipsis. Pansinin, at siya sampu ng mga anak niyang babae ay may sinapupunan ng isang patotot. Kamatayan lamang ang maaaring magmula sa kanila. Kung gusto n'yong sumapi sa organisasyon, sa palagay ninyo ay mapapabuti kayo, tingnan n'yo kung saan kayo babagsak. Babagsak kayo sa pinaka-gitna ng kamatayan. Tamang-tama. Kung hindi mo makita 'yan ngayon, bulag ka sa espiritu, kita mo.

105 Ngayon, bumalik tayo ngayon at damputing muli ito at tutungo tayo sa isang bagay. Naaalala n'yo ang pangangaral noong nakaraang Linggo?"Ang Pintuan ng Kaluluwa." Naaalala n'yo ba? Ngayon, may pisikal na sinapupunan; may sinapupunan din para sa espiritu. Naniniwala ba kayo riyan? May espiritual na sinapupunan at may pisikal na sinapupunan. At ang isip ang siyang sinapupunan ng espiritu. Bakit? Ngayon alalahanin, sinabi ko sa inyo nung nakaraang Linggo at iginuhit ko pa nga rito para sa inyo, ang limang pandamang ito na pumapasok sa binhi mula sa labas: paningin, panlasa, pandamdam, pangamoy, at pandinig; lima sa loob: konsensiya, at iba pa, mula sa loob—lima. Ngayon sa panig ng buhay ay iisa lang ang naroroon. Iyon ay may kalayaan kang mamili kung tatanggapin mo, papapasukin, o palalabasin mo. Kita n'yo?

106 Ganiyan ang pakikiapid—ganiyan nagagawa ang pakikiapid sa espiritual. Kapag nagawa mo, alam mo ang dapat gawin sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, sa pamamagitan ng pakikipag-niig ng isip, na tanggapin ang isang

kasinungalingan ng diablo laban sa Salita ng Diyos—ganiyangganiyan ang ginawa ni Eva. Una ay espiritual na pakikipag-niig na nangyari sa pamamagitan ng paniniwala sa kasinungalingan ni Satanas sa sinapupunan ng isip niya, iyon ang dumungis sa kaluluwa niya, nagpapasok ng kamatayan sa kaluluwa; at pagkatapos ay naganap naman ang natural na gawa. At iyan lang ang tanging paraan para magkasala ng pakikiapid ang isang babae laban sa kaniyang asawang lalaki, ang pahintulutan niya ang isang lalaki na makipag-usap sa kaniya upang gawin iyon, at pagkatapos ay tatanggap siya ng ibang lalaki na hindi niya asawa. Kung magkagayon ay nagkasala na siya ng pakikiapid. At kung ang Nobya ni Jesus Cristo ay magpapahintulot na ang mga gawang taong mga kredo at dogma ang humalili sa Salita ng Diyos, siya ay nagkakasala ng pakikiapid.

107 Hindi ba't sinabi ni Jesus, "Ang sino mang tumingin sa isang babae nang may pagnanasa ay nagkasala na ng pakikiapid sa kaniyang puso--tumingin sa isang babae nang may pagnanasa ay nagkasala na ng pangangalunya sa kaniya"? Bakit? Hinayaan niyang pumasok ito sa kaniyang isip. lyon ay ang sinapupunan; Iyon ang umpisa ng pagkilos ng mga bagay-bagay. Pumasok si Satanas—nahasikan tayo ng Salita.

108 "Balang araw ay maghahatid ako ng buhay sa lupa at muli itong huhubugin, kakalatan ang lupa." Kung ano ang nabigong gawin ni Eva, siyang ginawa ni Maria. Tinanggap niya ang Salita. Tinanggap ni Eva ang kasinungalingan ni Satanas. Tinanggap ni Maria ang Salita ng Diyos. At sa pamamagitan ng binhi ni Maria ay kinakalatang muli ang lupa sa pamamagitan ng Kaniyang Nobya, sa pamamagitan ng Salita, at palilitawin ang Milenyum. Sa pamamagitan niyan ay sumusulong ang Salita, at ang Salita ay naitatanim sa bawat predestinadong puso, at ang Espiritu ay bumababa at dinidiligan ito, at hindi sila maaaring mamatay. "Babangunin Ko siyang muli sa huling mga araw." 0, Kapatid na Lalaki, Kapatid na Babae, iya'y— iyan ay tunay.

109 Ano ito?—ang diwa ay ang sinapupunan ng Espiritu. Ano?—upang tumanggap o magluwa. Ganiyan sila nagkakasala ng pakikiapid, sa pagtanggap—pagpayag sa kung sinong Satanas na diablong espiritu na maglagay sa kanila ng isang bagay laban sa Salita ng Diyos; kung magkagayon ay nagkasala na siya ng pakikiapid. Tinanggap ni Eva (pakinggan n'yo ito) ang maling binhing salita, ang kasinungalingan ni Satanas, laban sa salita ni Jehova. Ang naging resulta ay kamatayan.

110 Ngayon, iiwan na natin ang paksang ito sa boob ng ilang sandali, ngunit nais kong mapukpok ito nang husto bago pa ito dumating sa punto na



178 Ang ulan ay pumapatak kapuwa sa matuwid at hindi matuwid. Iyan ang nangyayari; iyan ang dahilan kung bakit wala pa tayong Nobya na nakahanda para kay Cristo ngayon. Naghasik tayo ng maka-denominasyong binhi sa halip ng Salita. Ano ang ginawa nito?—nagluwal ng iba pang mga makadenominasyong mga anak. Tama 'yon. Ngunit kasalamuha ng mga ito ay ang ilang trigong nangahulog. Tama 'yan.

179 Ngunit tingnan n'yo, ang Espiritung nagbubunsod sa tunay, totoong, tunay na mananampalataya na magsalita ng ibang wika, ang tunay na Espiritu na gumagawa sa isang tunay na mananampalataya na isang Cristiano (kita n'yo, sapagkat dinidilig Nito ang Salita, isang Binhi), ang Espiritu ring iyon ang gumagawa ng panghalili rito, gaya ng halong-lahi ni Eva, pinasasaya ang halong-lahi, ganoon din kalakas ang sigawan, napakasaya ng pakiramdam tungkol dito gaya ng iba pa sa kanila. Ngunit ano ang Katotohanan nito?—ang binhi ay mali na sa pasimula pa lang!

180 Kaya lahat ng inyong makalamang pagpapakita ay walang kabuluhan! "Bagama't makapagsalita ako ng wika ng mga tao at ng mga anghel, at wala akong pag-ibig, wala akong pakinabang. Kahit pa magawa kong palipatin ang mga bundok at wala akong pag-ibig, wala akong pakinabang.Kahit magawa ko pang ipamigay ang aking mga tinatangkilik upang pakainin ang mga mahihirap at ako'y walang pag-ibig, wala akong pakinabang. Kahit makapagsalita ako ng wika ng mga tao at ng mga anghel, mistula itong tumutunog na batingaw at kumakalansing na pompyang. Kita n'yo, wala itong halaga. Makinig, iglesia: Mga Pentecostal—wala itong halaga! Bakit? Ito'y binhing halo ang lahi. Hindi ito makalalapit sa Salita.

181 Ngayon, hayan ka na. Ang katawang nagsilang sa katawan ni Cristo ay dapat muling—magmula sa isang birheng sinapupunan. Ang Salita, tama! Iyan ang dahilan—pakinggan n'yo ito—iyan ang dahilan kung bakit nakapagpalabas siya ng "isang milyong pa sa apatnapu't apat." (Iyan ay islogan ng Baptist.) Iyan ang dahilan kung bakit Ong mga denominasyong Pentecostal na—hindi makapagsilang upang mailuwal ang mga pagpapamalas at ang Cristo, dahil ito ay ulan lamang ng paghahasik, at nagluwal siya ng isang makadenominasyong iglesia, at siya'y nakisama na sa—sa mga naglalakihang mga Evangelical, at napunta na siya sa daan ni Kore. Naparoon na siya sa mga denominasyon, iyon ang dahilan.

182 Ngayon ay magbalik tayo sa Lumang Tipan para sa ilang mga tipo, at

pagkatapos ay magpapasimula ako sa isang bagay sa lo.ob lamang ng ilang sandali at pauuwiin ko na kayo. Balikan natin ang Lumang Tipan para sa ilang pagtitipo upang mapatunayan natin ang mga bagay na ito. Ngayon, kumuha ako

Ama." At ako'y tumingin at patawid sa lambak pataas (naroon ako sa boob na boob sa itaas ng Charleston)—patungo sa Bagong Palengke, sa direksiyong iyon (patawid ng burol), at ako'y tumingin at nakita ko iyon, tila isang bahaghari sa itaas ng lambak. At sa bahag-haring ito ay may nabanaagan akong bagay na umiikot, at tiningnan ko, at iyon ay ang mundo. At may lumitaw na lalaking nakaputi.

175 Ngayon, marami sa inyong mga naririto ang masyado pang-bata para malaman ito. Naaalala n'yo pa ba, nang nagsasaboy pa tayo rig rnga-binhi sa pamamagitan ng ating—naglalagay tayo ng napakalaking bag sa baywang natin, at dadakot ka sa iyong kamay at isasaboy iyon? G. Wood, maaalala mo pa 'yan—nagsasaboy ng mga binhi nang paganoon. Dadakutin mo ang mga iyon ng kamay mo at isasabog iyong paganoon. Hinahayaang hipan ang mga iyon ng hangin pababa sa lupa.

176 At nakakita ako ng isang lalaking nakaputi tumatawid nang paganiyan, naghahasik ng mga binhi. At pinanood ko siya habang humahayo siya sa kurbada ng lupa. At naisip ko, "Ano kaya ang ibig sabihin noon?" At ako'y tumingin; pagtalikod na pagtalikod Niya, heto naman at parating ang isang totoong tuso, parating, tumitingin nang paganoon. May dala siyang sakong puno, at naghahasik siya ng mga dawag, sa likuran Niya. tumibot siya sa lupa; tumitingin pa rin, nang panakaw, alam n'yo na, isinasaboy ang mga iyon nangpaganito, at nagpatuloy siya sa palibot ng mundo.

177 Pagdaka'y nakita ko itong tumubo, at tumubo ang trigo at tumubo rin ang mga dawag, mga -panusok, mga tinik, mga dawag. At magkasama silang lumalaki. At nagkaroon ng matinding tagtuyo, at nakita ko ang munting trigong iyon itiningala niya ang ulo niya, at ang sabi [Ginaya ni Kapatid na Branham ang tunog ng paghingal–Ed.] uhaw na uhaw sa tubig. At nakita ko ang maliit na amorseko, ang ulo'y nakayuko [Ginaya ni Kapatid na Branham ang tunog ng paghingal–Ed.] uhaw na uhaw sa tubig. At bawat isa'y nagsimulang manalangin para sa tubig, at bigla na lamang bumuhos ang Wan bilang tugon sa panalangin. At dinilig ng ulan ang kapalaran ng lupa, at sa sandaling pumatak ang ulan sa lupa, ang munting halamang trigo ay lumukso at nagsabi, "Luwalhati! luwalhati! luwalhati! luwalhati!'

At lumukso rin ang amorseko at nagsisigaw, "Luwalhati! luwalhati! luwalhati! luwalhati!"

Buweno, sa loob-loob ko, "Ngayon ano iyon?" At noon din—"Buweno, ang trigong iyon ay nagsisisigaw, nakikita ko iyon; ngunit ano ang ibig sabihin ng amorsekong iyon?" Nang magkagayon ay sinabi Niya, "Basahin mo ang Hebreo 6."



kailangan ko nang tumigil. Lalaktawan ko ang isang pahina rito tungkol sa kung paano—sa isang sandali.

111 Ngayon tingnan n'yo, anong ginawa ni Eva? Ano ang ginawa niya? Tumanggap siya ng maling binhi. Paano niyang ginawa iyon?—pinaniwalaan niya ang kasinungalingan ni Satanas. Ilan ba ang makapagsasabing tama 'yon? Aba, tiyak na tama 'yon, tiyak 'yon. Tinanggap niya ang kasinungalingan ni Satanas. Ano ang iniluwal niya dahil sa paggawa nito? Ang sabi ni Satanas, "Alam ninyong ito'y maluwalhati. Napakagandang bagay nito. Alam n'yo bang nilikha kayo para diyan? Aba, ang totoo nilikha talaga kayo para sa layuning iyan."

"O, gayon nga ba ako?"

"0 napakagandang pagmasdan nito, Masarap ito. Dapat ay—dapat ay tikman mo ito."

"Datapuwa't sinabi ng Panginoong Diyos na, 'huwag—huwaghuwag—huwag iyan, huwag muna.' Hindi dapat! Huwag, huwag!"

"Ngunit, alam mo—"

"O, kapag ginawa namin ito, kami'y—"

"O, tiyak na hindi ka mamamatay." Ang diablong iyon na napakadulas ng dila. Wala siyang mga paang tulad sa kabayo, at matulis na buntot, hindi siya tulad ng nais nilang paniwalaan n'yo. Isa siyang manlalansi sa likod ng pulpito. Tama 'yan. O kaya'y isa siyang "Ricky" na ang buhok ay sinuklay na parang itik, na nakadapo sa likuran niya, na naroon sa labas at nagbabantang maminsala sa anak na babae ng kung sinong Ma. Iyon ang lalaking iyon—darating siyang may kyut na munting-O, hahayaan kong

umal is 'yon.

112 Ngayon, ang sinapupunan—si Eva, ay tumanggap ng maling binhing salita. Ngayon, makinig kayong mabuti ngayon. Ididiin natin nang husto ito, kung loloobin ng Panginoon. Tumanggap siya ng maling salita. Ano ang ginawa nito?—kasinungalingan iyon ni Satanas, ang sabi'y magiging matalino siya; aba, maaari siyang sumali sa malaking iglesia, mataas ang magiging tingin sa kaniya sa lungsod; aba, matutulad siya sa lahat ng iba. Siyanga, iyan na nga ang pinaniwalaan ng nobya ni Jehova. Ganiyangganiyan nga. Ganiyang-ganiyan din marahil ang sinabi ni Satanas nang dumating ang Salita kay Maria, datapuwa't pinalayas niya siya.

Ang sabi, "Paanong mangyayari ito?"

Ang sabi, "Lulukuban ka ng Espiritu Santo. Ito ang Salita ng Diyos."

Ang sabi, "Mangyari sa akin ang ayon sa Iyong Sinalita." Iyon ang nagbunga ng Buhay. Hayan ka na.

Buweno, alam n'yo ba na sinabi ni Satanas, "Pagtatawanan ka nila."

113 Ang munting dalagang iyon na mamula-mula ang pisngi ay hindi nakinig doon. Kaagad ay nagtungo siya sa Judea, at, "Alam mo ba, magkakaanak na ako"; bago pa siya makaramdam ng anuman, dahil nailagay na roon ang Salita. Iyon lang. Hindi na siya kailangang pumila uli sa hanay ng panalangin. Hindi na. Opo; sinampalatayanan niya ito. Wala pa siyang nakikitang anumang tanda ng buhay; wala pa siyang anumang tanda ng pagbubuntis; wala pa siyang anumang nararamdaman; lahat ng bagay ay gaya pa rin ng dati, ngunit ipinagsabi na niya kaagad, "Magkaka-anak na ako." Bakit?—Sinabi ng Diyos. Ano iyon?—Ang Maharlikang Binhi ni Abraham.

"Magkakaanak ka na, Abraham sa babaeng iyon?" "Sinabi ng Diyos,eh."

"Buweno, dalawampu't limang taon na ang lumipas nang sabihin mo iyon sa akin "

"Alam ko, ngunit sinabi iyan ng Diyos. eh." Iyon na 'yon. Hayan ka na. Gano'n din iyon.

Ano'ng ginagawa n'yo sa araw na ito? "Mangyari, alam mo sisipain ka ng mga denominasyon."

"Ngunit sinabi iyan ng Diyos, eh; sinabi iyan ng Diyos." "Mangyari, alam n'yo, kung babautismuhan kayo nang ganiyan—" "Mangyari, sinabi ng Diyos 'yon. Iyon na 'yon. Iyon na 'yon."

114 Hayan ang birhen n'yo; hayan siya. Hindi lang ang bautismo. kundi lahat ng iba pa—ang lahat ng iba pang Salita, kita n'yo. Kaya, ano .. . Lyon ay kapuwa pisikal at espirituwal kay Eva. Ang una at ano mang pagkakataon—Ngayon, sinabi ko na, at tinanong ko na kayo sa umagang ito, mga kapatid na babae, na pagpaumanhinan n'yo ako, para masabi ko na—sa tuwing makagagawa ng maling hakbang ang isang babae—ang tinutukoy ko ay si Cristo at ang Nobya ha—ngunit sa tuwing makagagawa ng maling hakbang ang isang babae, kailangan muna niyang tanggapin iyon sa kaniyang isip. Tama 'yan. May manlalansing kailangang humimok sa kaniya, at pinakikinggan niya ito nang laban sa kaniyang mas tamang kapasiyahan. Kung magkagayon ay naisagawa na ang pagkakasala. Kaya una, papasok iyon kay Satanas—papasok iyon sa isip ni Eva, at sa sinapupunan ng isip niya ay pinag-alinlanganan niya ang Salita ng Diyos at pagkatapos ay nangyari ang aktuwal na pagkakasala.



ko; dinampot ko ito, at binasa kong mull iyon—iyon na naman. "Buweno," sa loob-loob ko, "naku! nagiging mapamahiin ka na ba, Bill?"

171 Kaya naisip ko, "Buweno, babasa ako rito," at hindi ko—nagsimula akong magbasa at hindi ako magka-interes sa anumang bagay. Naisip ko, "Buweno, sa palagay ko'y itataas ko na lang ang mga kamay ko at pupurihin ko ang Panginoon." Inilapag ko ang Biblia nang ganiyan; itinaas ko ang mga kamay ko upang purihin ang Panginoon. Nang itaas ko ang mga kamay ko, biglang umihip ang hangin, "Whoosh," [Lumikha ng tunog ng hangin si Kapatid na Branham–Ed.] umihip itong muli at nang magkagayon, tumingin ako pababa; Hebreo 6. Binasa kong mull iyon. Sa loob-loob ko, "Ano ba ang ibig sabihin nito? Hindi ko maunawaan." Nakalimutan ko na ang tungkol sa kaisipang Pentecostal. Pagkatapos—sa loob-loob ko, "Ano ang ibig sabihin nito?"

172 At nakaupo ako roon at sa loob-loob ko, "Mayroon bang nilalaman iyon, Panginoon?" Naisip ko, "Ngayon, naniniwala ako sa paghirang, siyanga—'yaong mga minsang naliwanagan; nakibahagi ng Banal na Espiritu (kita n'yo?), at nakatikim na ng Salita ng Diyos—'" Ang sabi ko, "Iyon ang mga guhit-hangganang mga mananampalataya na aabot hanggang sa halos ay totoong-totoo at pagkatapos ay magbabalik; katulad din ng mga iyon sa kapanahunan ni Josue." (Si Josue at si Caleb ay nakatawid, ngunit ang mga ito ay nanatiling guhit-hangganan, kita n'yo, nakatikim at nakakita ng mabubuting gawa ng Diyos, pagkatapos ay tatanggihan ito.)

173 Mga taong laging nasa simbahan, na nagsasabi, "Naniniwala ako riyan, Kapatid na Branham," ngunit hindi naman kumikilos patungo roon. Kita n'yo, imposible para sa kanila ang makatawid. Kaya't umaabot sila sa puntong ito, at mangangaral ka sa babaeng maikli ang buhok; sa susunod

na taon ay maikli pa rin ang buhok nila, wala pa ring pagbabago. Mangaral ka sa mga gumagawa nito—ganoon pa rin ang ginagawa nila, kita n'yo? Hinding-hindi, kita n'yo—mga guhit-hangganang mananampalataya. Sasabihin mo, "Ay siyanga, naniniwala akong tama 'yan."

Ang sabi ko, "Ano pa't pinaniniwalaan ko 'yan." Ngunit ito—pagdating na sa puntong iyon— "Ngunit ang mga dawag at mga tinik na malapit nang matakwil, na ang wakas ay ang pagsunog." Naisip ko, "Ano ang ibig sabihin nito? Hindi ko makuha 'to."

174 At ako'y nakaupo '_ at naisip ko, "Diyos ko, kung ito'y isang

bagay na nais mong malaman Ko, naririto ako at nanghihingi ng isang pangitain sa Iyo, Panginoon, upang malaman kung ano ang dapat gawin tungkol sa isang lingkuran doon sa ibaba, at nais ko pong sabihin Mo sa akin,

Ang sabi, "Luwalhati sa Diyos! Nakapagsalita ka na ba ng ibang wika?" Ang sabi ko, "Hindi pa, po."

Ang sabi niya, "Wala pa Siya sa iyo."

Ang sabi ko, "Buweno, palagay ko nga'y wala pa." Kita n'yo? Ang sabi ko, "Ito'y isang bagay na bago. Hindi pa ako nakakita o nakarinig man ng ganito." Ang sabi ko-

Ang sabi niya, "Puwes, pumasok ka roon at tanggapin mo Siya .. . siyanga, para Siya sa iyo.

Ang sabi ko, "Salamat po." Sa boob-boob ko, "Kapatid, ayaw kong makuha kung ano man ang nasa iyo!" Kaya't ti—tiningnan ko iyon ng kaunti pa, at lumigid ako ng kaunti pang panahon, at naglakad-lakad ako sa paligid, at nagtungo ako sa kakahuyan nang gabing iyon, at naisip ko, "Diyos, mahabag Ka, uuwi na ako." At umuwi ako. Wala akong masabi, ayon man o laban.

168 Minsan, naparito ako sa Green's Mill (ang munti kong yungib na lagi kong pinupuntahan na alam n'yo). Galing na ako roon sa ibang kadahilanan. Mga tatlo o apat na araw ay naroroon akong nag-aayuno at nananalangin. Naging mahamog sa boob ng yungib, at lumabas ako isang hapon atnapakaganda at ang araw ay sumisikat—mga dahon. May matandang punong natumba nang pagan Ito sa ibaba lang nito (sa direksiyon ng ilog), at naupo ako roon, kinukusot ko ang mga mata ko (matagal ako sa boob ng madilim na yungib). At inilapag ko ang Biblia nang paganiyan, at ko, "Buweno, palagay ko'y babasa ako ng kaunti sa Biblia." At sumandal ako sa sangang naroroon at ipinahinga ang aking sarili at nakasandal ako; Punung-puno ako ng alikabok.

169 At nagsimula akong bumasa, at nang damputin ko ang Biblia, iyon ay sa Hebreo, sa ikaanim na kabanata, kita n'yo. "Pagka't imposible para sa mga minsang naliwanagan; naging kabahagi ng Espiritu Santo, nalalamang kung sila'y magsisitaliwakas, upang muli silang magbalik sa pagsisisi. Nakikitang kung—ang ulan ay pumapatak nang mada . . . pinagpapala ito at ihinahanda . para sa . . . mga tinik at dawag, na malapit sa pagkatakwil . . . ay susunugin."

170 Naisip ko, "Buweno, ano 'yon?—Tigil!" At naisip ko, "Ano 'yon?" "0," ang sabi ko, "baka kung ano lang"—nawala iyon. Hindi ako—kaya ako naroroon ay dahil nananalangin ako tungkol sa ibang bagay. At muli kong in i lapag ang Biblia ko. Ang sabi ko, "Buweno, palagay ko'y tatalikod ako at magbabasa," nang paganoon, at umihip ang hangin at hinangin itong pabalik doon. Nasa Lumang Tipan ako; hinangin iyon pabalik sa ika-6 na kabanata ng Mga Hebreo. Muli akong tumingin pababa, at hayun na naman. Kaya't tiningnan



115 At ang tanging paraan upang tayo'y maisilang na muli ay tanggapin muna ang Salita sa sinapupunan ng isip, at pagkatapos ay darating ang Espiritu sa ibabaw nito at pasisibulin ito. Hayan ka na. Iyan ang sanhi. Iyan ang tunay na pagtuturo ng Ebanghelyo, Kapatid. Naniniwala ako na kung nakatayo rito si San Pablo ngayon ay ganito rin ang ituturo niya sa oras na ito. Tama.

116 Ano ang ibinunga nito sa kaniya?—pisikal at espirituwal na kamatayan. Ano ang ibubunga nito para doon sa mga nagsisitanggap ng ibang paraan, at nagsisitungo sa mga kahibangang taglay nila ngayon?—kapuwa pisikal at espirituwal na kamatayan. Kapuwa ang katawan at espiritu ay maglalaho, mawawala na. Iyan ay tamang-tama.

117 Tandaan, ang sinapupunan ni Maria—ang sinapupunan ni Maria, ang pisikal na isip, kita n'yo, ay sinapupunang birhen. Bakit? Sinampalatayanan niya ang Salita ng Diyos. Kahit pa gaano mamintas ang sino man, kahit gaano pa karami ang sabihin ninuman, wala iyong anumang kinalaman doon; sinampalatayanan pa rin niya ang Salita ng Diyos, sa kabila noon.

118 O, sana'y matapos ko na ito. Nakukuha ba ninyo? Kita n'yo, una, ay ang isip niya. Bago pa maganap ang pagkakasala sa litiral niyang sinapupunan, kailangan munang maganap ang pagkakasala rito upang makapasok ang Espiritu, upang siyang gumanap ng iba pang gawa. 0, bago pa mangyari ang aktuwal na espirituwal na pagsilang, kailangan munang marating ng Salita ang isip mo; sampalatayanan mo ito. "Ang sino mang dumirinig ng Aking Salita, at sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin, ay may' Buhay na Walang Hanggang, at hindi tutungo sa kahatulan (o sa dakilang kapighatian), kundi lumipat na siya mula sa kamatayan tungo sa Buhay." Iyon na 'yon.

119 AY, naku! Ngayon ay pansinin: birheng sinapupunan, ang isip niya, birheng pag-iisip upang sampalatayanan ang Salita ng Diyos. Tama, sasabihin mo. "Ngayon tumingin ka rito. O," sasabihin mo, "Kapatid na Branham, hindi maaaring magkaganiyan; imposible 'yan. Disin sana'y nakita na iyan ni John Wesley; Disin sana'y nakita na 'yan ni ganito at ni ganoon."

120 Siyanga, ganiyan din marahil ang sinabi ng diablo kay Maria: "Sino ka ba? Aba, ikaw ang pinakamaralita sa buong lungsod. Napakabata mo pa, labing-anim na taong gulang—labing-walo--na taga-igib ng tubig sa posong ito; patay na ang tatay mo at ang ina mo ay ang matandang babaeng bulag doon. Ngayon, paano'ng mangyayari na ikaw ay—Si Ana ang ina niya, ayon sa narinig natin—paanong mangyayari na ikaw ay . . .?"

121 "Makinig ka, maaaring ang matandang ina ko ay bulag na, datapuwa't siya ay isang babaeng makadiyos. Sa pamamagitan ng bibig niya ay naghasik siya ng binhi sa aking puso. Nabasa ko sa Salita ng Diyos sa Isaias 9:6: *'Isang birhen ang maglilihi.'"*

122 Aleluia! Nakikita n'yo ba, na ang Salita ay nagiging laman. Hayan ka na. Magkakaroon ang Diyos ng isang Iglesia. Ito'y maisisilang na Salita ng Diyos dahil ito ay ang Buhay na Salita ng Diyos. Nakikita n'yo ba ito?

"Paano mong malalaman ito?" "Aba, ito'y magiging —"

"Alam mo ba kung ano'ng ibabansag nila sa iyo mula ngayon? Tatawagin ka nilang . .."

"Hindi mahalaga sa akin kung ano ang ibabansag nila sa akin, walang kinalaman iyan dito. Mangyari sa akin ang ayon sa Salita ng Panginoon."

123 0, magagawa ba ng lahat ang sabihin iyan ngayon? 0, kung totoong magagawa tang ng mga tao, mula sa inyong puso, lahat tayo kung masasabi lang natin 'yan, kita n'yo: "Mangyari sa akin ayon sa Iyong Salita, Panginoon." Naku! Totohanin natin ito. Isa o dalawa o kung saan man iyon hahagilap ito ng ilang predestinado na tototohanin iyan, at, Kapatid, makakakita ka ng mga kislap na nagliliparan, 'pag nagkagayon, tama 'yon— kung taglay mo talaga iyon doon upang katagpuin iyon, kung ano ang darating, kapag ang irigasyon ay nagsimulang bumuhos sa Salitang iyan. Opo.

124 Ngayon, ano nga ba 'yon?—ang birheng pag-iisip, sinapupunan, birheng sinapupunan para sa sanggol. Ang resulta?—Buhay na Walang Hanggan. Si Eva, bagama't isang mabuting babae; bagama't birhen, nguni't nauna niyang pinapasok ang pag-aalinlangan ng diablo. Ano ang ginawa nito?— nakipagniig siya sa maling paraan. Ano ang naging anak niya?—kamatayan.

125 Si Maria: birheng pag-iisip, birheng sinapupunan. Nang tangkain ng diablong tuksuhin siya, at siya'y dumating—at ang anghel ay dumating sa kaniya sa pagkakataong iyon at nagsabi, "Magkakaanak ka," Ang sabi ni Satanas, "Ngayon, dapat ay magtanung-tanong ka tungkol dito." Ang sabi ng anghel, "Ito'y gawa ng Diyos." Nang magkagayon ay walang alinlangang naisip niya ang Isaias 9:6; ang sabi niya, *"Narito ang lingkod na babae ng Panginoon."* Ano ang resulta?—binhing kapanganakan; Walang Hanggan Salita sa kaniya, at nagluwal siya ng Buhay na Walang Hanggan.

126 Tama, ang nobya ni Jehova, ihinalo—ang nobya ni Jehova, halong binhi. "Paano mo nasabi ngayon, Kapatid na Branham? Kaninang umaga ay sinabi mong ang nobya ni Jehova ay nakiapid."



"Sabihin n'yo kay Bb. Jones o kay Ganito-at-ganoon, pumarito ngayon din; tinatawag siya ng Panginoon"—at darating naman siya. Tama 'yan.

164 Pagkatapos, ang isang ito naman ay magsasalita ng ibang wika, at isa naman ay magpapaliwanag nito. Sa loob-loob ko, "Ay naku! Naku! Magsisimula na ang milenyum. Ito na 'yon." Kaya't—"Kung makakamayan ko lang ang mga makadiyos na taong iyon," sa loob-loob ko. At nilapitan ko ang isa sa kanila nang nasa labas ako at naglalakadlakad. Hindi ni la ako kilala; Isa akong maliit at karaniwang tao roon. Kaya't naglakad-lakad ako sa paligid ng simbahan at maya-maya nang magkaroon sila ng maikling reses, at nakatagpo ko ang isang lalaki roon sa labas at ako'y—isa sa kanila—at kinamayan ko siya at ang sabi ko, "Kumusta ka, Kapatid?"

165 Ngayon, alam n'yong pinagkalooban ako ng Diyos ng isang munting kaloob upang malaman ko ang mga bagay-bagay kung nais Niyang malaman ko ito, kita n'yo. Naisip ko, "Kung magagawa ko lang na pagsalitain siya at hayaan siyang magsalita ng kahit ano, matutuklasan ko kung talagang totoo 'yon o hindi." Kaya't nakita kong parang sila ang mga tagapamuno nito, at kinamayan ko siya. "Kumusta ka, Kapatid?" ang sabi, "Kumusta ka?" At kinausap ko siya ng kaunti, at siya ay isang tunay na Cristiano: siya nga'y gayon, at naisip ko, "Purihin ang Diyos!"

166 Makalipas ang ilang sandali, lumigid ako sa isang sulok, at nakatagpo ko naman ang isang iyon. At kung nakipag-usap na ako sa isang ipokrito, isa siya sa mga iyon. Itim ang buhok ng lalaki, at may anak siya sa isang babaeng blond ang buhok—dalawang anak sa babaeng blond ang buhok. Nakita ko iyon sa pangitain, mismong sa harapan ko.

167 Ngayon, naisip ko, "Ngayon, nalilito talaga ako. Ngayon, paanong ang iisang Espiritu—ang isa ay lulukob sa isang lalaki—isang makadiyos na lalaki, at ang isa ay isang diablo, ipokrito?" Sa loob-loob ko, "Diyos, makabubuti yatang iwan ko na lang ang lahat ng ito, hindi ko alam." Ako noon ay labing-siyam, dalawampung taong gulang pa lang, at sa boob-boob ko, "Makabubuting iwasan ko ang bagay na ito. Buweno, hindi ko alam. Paanong nagkagano'n 'yon? Wala akong masabi tungkol dito, wala akong masabing anumang laban dito, ngunit alam kong mali ang lalaking iyon." At ang Espiritu ring iyon, pinagmamasdan ko Iyon, paroroon Iyon at pareho rin ang magiging epekto Nito. Sa boob-boob ko, "May kung anong mali rito kung saan. Iyon na nga iyon."

Ang sabi ko sa lalaking ito--Ang sabi niya, "Natanggap mo na ba ang Espiritu Santo?"

Ang sabi ko, "Sa palagay ko'y wala sa akin ang nasa inyo."

160 Tulad ng kay Adan at kay Jehova, nasumpungan Niya silang buntis na ng mga gawang-taong doktrina ng mga denominasyon. Tulad ng Katotohanan ng Diyos sa unang kabanata ng Genesis, bawa't binhi ay nagsipagbunga ayon sa uri nito. Kaya't nang ang Espiritu ay pumatak sa kaniya, nauna na roon ang tao sa kaniyang sinapupunan at pinuno na iyon ng makadenominasyong binhi ng kaniyang sariling kaisipan; kaya't iyon ang dahilan kung bakit kailangan siyang magkagayon, at hindi maaaring dumating si Cristo sa kaniya. Umm, matigas 'yan, hindi ba?

161 Isang araw, naroroon ako sa Green's Mill, ilang araw na akong nananalangin; maraming taon na ang lumipas. Nagtungo ako rito sa Mishawaka. (Hindi ko pa nasabi ito sa teyp kailan man.) Nagtungo ako sa Mishawaka. Naaalala n'yo ba ang tungkol sa batang lalaking itim? Noon palang ako nakatagpo ng mga taong Pentecostal; Hindi ko alam na mayroon palang ganoon. At umahon ako roon at nasumpungan ko sila, at ang akala ko'y lupon ng mga anghel ang mga kasama ko. Nakita ko silang nagsasalita ng iba't-ibang wika at mga bagay-bagay. Hindi ko pa narinig iyon kailanman, ngunit naroon sila, pabalik-balik na nagtatakbo sa sahig na nagsasalita ng ibang wika. Sa loob-loob ko, "Naku, napakaganda niyan!" Ang dating U.P.C. at P.A. of W. At ang lahat ng mga kauri nito ay nagsulputan. Nagkaroon sila—may paghihiwalay pa sa pagitan ng mga puti at mga itim noon; kinailangan nilang idaos ang kanilang kumbensiyon doon sa hilaga. At iyon ay sa Mishawaka, Indiana.

162 Naku! Ang pera ko ay $1.75—tamang-tama lang para ako makauwi. Ginasta ko ang isang nickel nito sa luma at gamit nang—lumang mga donat o rolls (marahil ay dalawa o tatlong araw na mula nang iluto ang mga ito.) bumaba ako at nagsalok ng isang galong tubig sa hydrant, at nagtungo ako sa isang taniman ng mais at inalis ko ang upuan ng aking lumang Ford at inilapag iyon; pinalasta ko ang mga pantalon ko para sa gabing iyon (seersucker ang tawag sa suot kong pantalon) at isang lumang T-shirt. At kinabukasan muli akong bumaba. Ayaw kong makisalo sa kanila. Maaari naman akong makisalo sa kanila, ngunit ayaw kong makisalo sa kanila pagkat wala akong maihulog sa ambagan.

163 Kaya't nalaman ko sa araw na iyon na magsasayaw sila; at sila'y nag-iindakan; mag-aawitan sila sa Espiritu. At naisip ko, "Ay, naku, ang gandang pakinggan no'n! Urn!" May isang lalaking tatayo at magsasalita ng ibang wika, at ang isa naman ay magbibigay ng pagpapaliwanag. At, Kapatid, totoo iyon. Tinatawag nila ang mga tao sa mga tagapakinig. Sa loob-loob ko, "0, Kapatid, napakaganda niyan!"



127 Hindi ko ito lalaktawan. Ngayon ay masdan nating maigi ito ngayon. Ngayon, isang oras pa ang natitira sa atin, sa palagay ko. Ngayon, kung magkagayon ay mayroon pa akong iba rito. Kakailanganin kong laktawan ang iba, pagkatapos ay magpapasimula tayong magbasa sa boob lamang ng ilang sandali, kita n'yo? Bibilisan lang natin ang pagbabasa sa abot ng kaya ko para mailabas ito. Ngayon, isang oras pa, sa palagay ko ay lalabas na tayo, kung magtitiis lang kayong kasama ko at mananalanging kasama ko, kita n'yo.

128 Ngayon, saan ba nagkamali ang nobya ni Jehova? Tama. Nagsugo si Jehova ng ano sa Kaniyang nobya sa Egipto? Ipinangako Niya kay Abraham na ang Nobya Niya, ang binhi, ay maglalakbay sa Egipto sa boob ng apat na raang taon. Tama ba 'yon? Ang oras ay dumating upang matupad ang Salita—oras na ba natin upang ang Salita ay maganap?—para sa pagliligtas, paglabas. Tama, paano nilang nakuha ang Salita? Nagtatag ba sila ng organisasyon, may lupon ba ng mga taong nagsama-sama (mga saserdote) at nagsabi, "Ngayon, mga kapatid, magkakaroon tayo ng botohan dito, at napagkaisahan ng lahat na magkakaroon tayo ng isang organisasyon na tinatawag na `Fariseo' at sa pamamagitan nito ang Diyos ay kikilos?" Hindi kailan man gumawa ang Diyos ng isang bagay na tulad niyan, hindinghindi.

129 Ano ang isinugo Niya sa kanila?—isang propeta. At ang Salita ng Panginoon ay dumating sa isang propeta, at pinahiran siya at binindika siya sa kalagitnaan ng lahat ng iba pang mga diablong nagsisigawa, sa pamamagitan ng himala at lahat ng bagay—dahi I nanatili si Moises sa Salita.

130 Dinampot niya ang lupon ng mga taong iyon; halu-halong karamihan ang nagpasimula sa kaniya. Nang tumawid sila sa lupang pangako, bago pa sila makarating doon, nakiapid na ang mahal Niyang nobya kay Moab. Sabihin mo sa akin ngayon na hindi niya ginawa ito. Paano niyang ginawa ito? Isang propetang laban sa Salita ng Diyos, gayunma'y taglay ang lahat ng mga tanda at lahat—Maka-rituwal, kasing espiritual siya ni Moises o kasing husay . . .? . . .

131 Masdan! Makinig! Makinig mabuti ngayon. Narito't nakaupo ang Israel sa isang kampo, isang interdenominational. Tama 'yan, ano ba iyon? May kasama silang pinahirang propeta. Mayroon siyang Haliging Apoy, isang batong binukalan ng tubig upang diligin sila. Maayos ang paglalakbay nila. At masdan, may pitong altar sila; iyon ay sakdal. Sa mga altar na iyon ay may nakahaing pitong malilinis na mga hayop—mga lalaking tupa. at ang lalaking tupa ay kumakatawan sa pagdating ni Cristo.

132 Si Moab—Ano ang nangyari? Nang lumusong doon si Balaam, nagtayo rin siya ng pitong altar katulad na katulad ng sa kanila. Huwag kang makipag-usap sa kanila sa pagiging pundamental dahi I dapat ay alam mo talaga ang sinasabi mo. Ang sabi ni Jesus, "Dadayain nito ang pinaka Hirang." Ito

ay naipapahayag sa paraang espirituwal . . . Nasasapo ba ninyo Ito, ang Salita, at nakikita ba ninyo ang Sal itang naipapahayag?

133 Tingnan n'yo, naririto sila sa itaas; naririto si Moab. Siya'y—Walang alinlangang siya ang obispo, siyanga, dakilang lalaki, at nagtayo siya ng pitong altar. Naglagay siya ng pitong tupang lalaki roon—nangungusap ito na sumasampalataya siyang may darating na Mesiyas. Kapatid, pag ang pinag-usapan ay ang pagiging pundamental, kailangang kapuwa sila kilalanin ng Diyos.

134 Nang magtayo si Cain ng altar sa Panginoon (ang anak ni Satanas, nagtayo ng altar para sa Panginoon), katulad ng kay Abel ang itinayo niya. Kapuwa sila sumamba; kapuwa sila nagsimba; kapuwa sila nagbayad ng nararapat. Kapuwa nila tinupad ang kanilang tungkulin-, lumuhod sila at sinamba ang iisang Diyos—at ang isa ay tinanggap at ang isa naman ay napahamak. Paano nangyari 'yon?

135 Ang sabi ni Jesus, "Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking iglesia." Ang sabi ng simbahang Catolico, "May isang bato roon, doon itinatag ang iglesia; o ang—at—si Pedro raw ang batong iyon." At sinasabi • ng simbahang Catolico na doon daw inilibing si Pedro. Iyan ay kasinungalingan, ngunit—ayon sa aking nauunawaan sa mga panahong sinasabi nilang inilibing si Pedro roon, ang sabi ng Biblia ay naririto siya sa Jerusalem. Hindi siya kailan man nakarating sa Pal —ay naroroon siya. Sa anu't anuman, ang sinasabi nila ay naroon daw siya. Ang totoo walang naitala na si Pablo ay nakarating doon, ngunit iyon ay kasaysayan. Ngunit ang sabi nila si Pedro — Hayaan n'yo na kung doon nga siya inilibing, ano ba ang kaibahan? Hindi iyon ang tinutukoy ni Jesus. Kita n'yo, kung paanong nalilito sila sa mga materyal na bagay.

Buweno, ang sabi ng mga Protestante, "Hindi! Sinabi ni Jesus na Siya ang Bato."

136 Ngayon, hindi Niya sinabi iyon kailan man. Ang sabi Niya, "Mapalad ka, Simon, anak ni Jonas; hindi ito ihinayag sa iyo ng laman at dugo"— "1kaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos na Buhay." Laman at Dugo — (Hindi niya natutunan iyon sa seminaryo.) "Hindi ito itinuro sa inyo ng kung anong denominasyon, kundi ang Aking Amang nasa Langit ang naghayag Nito, at sa ibabaw ng Batong ito (ang espirituwal na hayag na Katotohanan ng Salita ng Diyos) itatayo Ko ang Aking Iglesia, at ang mga pintuan ng hades ay hindi mananaig laban dito."

137 Ganito rin ang ginawa ni Moab. Nagtungo siya roon, at tinuruan niya ang mga anak ni Israel; ang sabi, "Ngayon, tingnan n'yo ito, mga kaibigan" (ngayon gano'n din ang ginawa nila sa Pentecostes, ngayon, tingnan n'yo),



155' Ganiyan din ang ginawa ng Pentecostes. Nagsasalita sila ng iba't-ibang wika, at kung anu-ano pa. Iyan lang ang kailangan n'yong gawin; at makukuha na ninyo iyon. "Halika na; sumapi ka sa aming iglesia." Tama, kunin mo ang bulaang bautismo at iba pa, at iyan lang ang kailangan mong gawin. Kita n'yo?

156 Datapuwa't kapag dumating si Cristo, darating siya para sa isang birhen na may—isang Iglesia na walang isa mang bah id dungis ng denominasyon o anumang ibang bagay, mga dogma, na nakahalo rito. Ito'y magiging Salita at tanging iyon lamang.

157 Ngayon! Ay kapatid, naririto na tayo! Mapagpala Nawa ang Panginoon! Ngayon, nagtutungo tayo sa Katawan upang maging Nobya ni Cristo. Ngayon upang maging laman ng Kaniyang laman, at buto ng Kaniyang buto. Ngayo'y magmamadali na tayo. Laman ng Kaniyang laman, at buto ng Kaniyang buto. Bakit kaya hindi—(tatanungin ko kayo) bakit hindi nagawa ng lahat ng inyong mga ulan sa nakalipas na panahon ang magpalitaw ng Nobya ni Cristo? Nais kong sagutin n'yo 'yan sa akin!

158 Kung ito'y kailangang dumating, at matagal na sana ito; pinaniniwalaan natin ito. Tulad ng mga kaarawan ni Noe, nagpapahinuhod. Ihinahanda Niya ang Kaniyang Nobya. Bakit hindi nagawa ng mga ulang ito—bakit hindi ninyo nagawang mga Pentecostal noon ilang mga taon na ang lumipas (nang magpasimula kayo apatnapu o limampung taon na ang lumipas) bakit hindi ninyo napalitaw si Cristo, ang Nobyo sallobya? Nais kong bumabad 'yan ng isang sandali. Bakit? Dahil kayo na mismo ang bumuntis sa kaniya ng inyong mga denominasyon; iyan talaga ang ginawa ninyo. Hindi siya magpapakasal sa isang patotot. Ang pakakasalan Niya ay isang birhen. Payak ito, ngunit iyan ang Katotohanan. Alam n'yo 'yan sa payak na paraan. Hindi na kayo kailangang magtaka pa. Hindi na ako nagpapaliguy-ligoy pa tungkol dito; sinasabi ko sa inyo ang Katotohanan.

159 Bakit hindi n'yo siya naipalabas? Bakit hindi n'yo nadala si Cristo-nadala si Cristo sa kaniya? Dahil hindi siya karapat-dapat. Nasumpungan Niya siya sa salang pakikiapid—iyan nga ang dahilan kung bakit hindi nabubuhay nang walang hanggan ang mga bata kapag isinilang sila. Nasumpungan ni Adan ang kaniyang nobyang buntis na. lyan ang dahilan na kinakailangang kumuha si Jehova ng isang Hentil na nobya-nasumpungan siyang buntis. Ganiyang-ganiyan din ang paraan ng pagkuha ng Nobya ni Cristo ngayon. Nasumpungan Niya ang nataguriang lupong ito na buntis na. Ihahasik Niya ang Binhi Niya; mayroon at mayroong makakukuha nito, dahil sila'y itinalaga upang maging isang Iglesia sa dulo ng daan.

sinapupunan)at . . . sa Kaniyang isip, at hindi hahalo sa alin mang maka-denominasyong basura. Siya ay birhen sa Kaniya.

150 O, naaaiala ko pa nang ako'y nakaupo roon sa loob ng silid, tatlong araw ako roon, nananalangin at naghihintay sa Panginoon at nag-aayuno. Nang tumama sa akin iyon ay naisip ko, "0, Diyos ano ito? Naririto ako sa isang larawan, naririto ako! Kung ilalabas ko ang ganito karami sa iglesia, saan ako mapaparoon? Mailalagay ko — sila sa alanganin, ano ang magagawa ko? Nakita ko na ang iglesia bilang tipo at anino at lahat na-nagpapakitang tapos na siya. Ano'ng gagawin mo?"

151 Pagkatapos, ay naisip ko ang Salitang iyon, "Aking isasauli, ang sabi ng Panginoon; Aking isasauli." Alalahanin, ang puno ng pine; kapag tinamaan ito ng apoy at nasunog, naglalaglag siya ng binhi. Ang binhing iyon ay magpapalitaw ng bagong puno. Tama 'yan. Ang mga matatandang puno ay nasunog na ng organisasyon at lahat na ng bagay, datapuwa't may natitira pa ring isang Binhi ng Salita sa boob nito, at kung . kung Salita ito ng Diyos magbabalik kaagad Ito, mamumunga Ito ng Sarili Nito singtiyak ng mundo. Oo, ngayon, ngayon, hindi ito makalalampas sa kaniya.

152 Pansinin, ngunit si Cristo—naniniwala tayong nasa huling panahon na tayo, siyanga ba? Naniniwala tayo na bago ka magkaroon ng ani ngayon, kailangan mo munang magtanim ng binhi? Nakikita ba ninyo kung bakit hinayaan kong itakwil ako ng mga iglesia, sabihan ako ng lahat bagay; bansagan ako ng lahat ng uri ng bansag at lahat ng iba pa at nanatili ako sa Salitang iyon? Kita n'yo? May isang tanim; ang binhi ay naihasik na; naihasik na ito, mga kaibigan. Nagawa na ito. Masasabi ko na ito ngayon: tapos na. Tama 'yan; naitanim na siya (ay, siyanga); gayon din naman ang makadenominasyong binhi, lahat ng-iba pa sa kanila.

153 Gaya ng ating dakilang, mahal na kapatid na Billy Graham, sinabi niya dito mismo sa Louisville—ang sabi, "Magagawa ni Pablong kunin ang Biblia—" kinuha ang Biblia at nagsabi, "Ngayon si Pablo ay makatutungo sa isang lungsod at magdadaos ng isang revival. Isa lang ang maaakay niya; pagbalik niya sa susunod na taon ay makakukuha siya ng animnapu mula sa isang iyon." Ang sabi, "Maaari akong magdaos ng anim na linggong revival at magkaroon ng dalawampung libong akay at pagbalik ko makalipas ang anim na buwan ay hindi ako makasumpong ng dalawampu!"

154 Ano ito? Hindi sila mga totoong akay. Akay sila sa pagiging denominasyon, iyon lang. Tiyak iyan, kailangan mong magtanim—kita n'yo, magtanim ka ng makadenominasyong binhi, iyon din ang aanihin mo. "Halika na, kapatid; sumapi ka sa iglesia; ipakita mo ang pangalan mo sa aklat." Lyon lang ang clam nila. Tama 'yan.



"ngayon tingnan n'yo ito, hindi ba't magkakatulad tayong lahat? Hindi ba't iisang Diyos ang pinaniniwalaan natin? Magkakatulad tayong lahat." Ang mga anak ni Moab ay anak na babae ni Lot. Nakikita n'yo ba ang lupong iyon na nagsitakas doon? "Buhok pa rin sa biskwit." Kita n'yo? Hayun sila, nakapandidiri pa rin. Kita n'yo, naroroon sila, at sila'y nag — "Aba," ang sabi niya, "ngayon, tumingin kayo rito, alam n'yo magkakatulad tayo." (Sino ang nakakaalam na iyon ay mga anak ni Lot? [siya nga.]—sa kanilang sariling Ama—pakikiapid.) At ang sabi, "Ngayon, magkakatulad tayong lahat. Alam n'yo, kayong mga Metodista, at kayong mga Baptist, kayong mga Presbyterian at lahat; aba siyanga, nais naming humingi ng kaunting langis n'yo. Magkakatulad tayong lahat." At ano ang ginawa nila? Nakipag-asawa sila sa kanila! At iyon ang ginawa ng Pentecostes sa mga Protestante. Nagpakasal siya sa isang samahang ng mga Iglesia; dininomina niya ang sarili niya, at nasaan na siya? Katulad din ng Israel: naihiwalay kapuwa dahil sa espirituwal na pangangalunya at sa litiral na pangangalunya. Tinanggihan siya ng Diyos mula noon. Maging ang mga anak na iyon na siyang naging mga Samaritano ay isinumpa. Tama ba 'yon? Tiyak ngang nagkagayon siya. Ihiniwalay siya ni Jehova.

138 Ganito rin ang ginawa ng nobya ni Cristo—ihinalo ang kaniyang makadenominasyong binhi at ihiniwalay si Cristo, ang kasal niyang asawa. Kayong mga hinugasang tuyong lupon ng mga Pentecostal; ano'ng nangyayari sa inyo? Sa Apocalipsis sa ika-3 kabanata at ika-20 talata, makikita natin sa hula, si Jesus Cristo na nasa labas ng Kaniyang sariling Iglesia sa kapanahunang ito ng Laodicea, kumakatok sa pinto [Inilarawan ni Kapatid na Branham sa pamamagitan ng pagkatok sa pulpito–Ed.] nagpipilit makabalik—ang pinakakahabag-habag na larawan sa Biblia. Ano ang ginawa niya? Nagpatotot siya. Nang dumating si Jesus, ano ang ikinakatok Niya? Si Jesus ay nagbalik upang tanggapin ang Kaniyang Nobya; at kapag dumating siya at kumatok [Kumatok si Kapatid na Branham sa pulpito ng 6 na beses – Ed.] sa pintuan, Siya ay pinagsarhan.

139 "Aba'y, hindi ka maaaring pumasok dito; hindi ka maaaring magdaos ng revival. Ibigay—patingin nga ng mga papeles ng ordinasyon mo"— isang taong puspos ng Espiritu ng Diyos, ang tunay na totoong puspos ng Espiritu ng Diyos, ang tunay na totoong Diyos—Ang Salita ay Diyos; Salitang naipapamalas sa Kaniyang lingkuran. Wala kang masasabing ano man laban sa Kaniya, na Siya ay imoral o anuman. Sino ang makapagpaparating sa Kaniya nito? Pagdating sa denominasyon: "Aba hindi siya Oneness; hindi siya Assembly; Trinity siya. Hindi siya Trinity, Assembly siya."

140 Kayong mga kawawang lupon ng mga anak sa labas; nakakahiya kayo! Ang Diyos ay nasa labas; ngunit ano ang sinabi ni Juan (ang huling mensahero roon bago Siya dumating)? "Magagawa Niyang magpalitaw mula sa mga batong ito ng mga anak ni Abraham. Huwag kayong paririto na nagsasabi, 'kabilang kami rito at kabilang kami roon.' Kaya ng Diyos . .. mula sa mga batong ito ay magpalitaw ng mga anak ni Abraham."

141 Tama, sa pagpapatuloy natin ngayon. O, gustung-gusto ko ito! Ang nobya ni Cristo, katulad din ng nobya ni Adan, at lahat ng iba pa, ihinalo ang binhi at pinalabas si Cristo kapalit ng kaniyang denominasyon. Ginawa niya iyon. Tiyak na ginawa niya iyon. Tinanggihan niya ang Diyos (ang magiging asawa niya) tulad ng ginawa ni Eva, tinanggap ang kamatayangkasinungalingang damo ni Satanas na nagbunga ng: isang patay, pormal na iglesia ang iniluwal niya. Ngayon, kayo'y sinungaling . . . sabihin n'yong iyan ay isang kasinungalingan!

142 Nasaan na ang mga Pentecostal n'yo?—mas pormal pa sa mga Baptist. Siyanga, alam n'yo ba? Para itong isang pangit na larawan ngayon, hindi ba? Ngunit ano ba ang sinabi ni Joel sa Joel 2:28? *"Datapuwa't Aking isasauli, ang sabi ng Panginoon."* Ang panahong ito ng Laodiceakumakatok [Kumatok si Kapatid na Branham sa pulpito ng 4 na beses–Ed.] sa pintuan, nagpipilit bumalik—ang pinaka-kahabag-habag na larawan sa Biblia.

143 Kung paanong nasumpungan ni Adan ang kaniyang asawa na buntis ng binhi ng kamatayan ng kasinungalingan ni Satanas na siyang tinanggap niya, nasumpungan ni Jose ang kaniyang asawa na buntis ng Binhi ng Diyos, na siyang Salitang kaniyang tinanggap.

144 Ano ang kabuluhan ng lahat ng ito? Ano ang sinisikap kong sabihin? Ngayon, sa inyong mga nasa himpapawid, kayong mga nasa loob ng sasakyan, sa inyong mga nasa loob ng tabernakulo, nakikita n'yo ba kung bakit nanatili ako sa paraang ginawa ko rito at tinutuligsa iyon? Hindi sa may kung anong laban ako sa mga lalaking iyon, sa mga babaeng iyon; wala akong isa mang laban sa kanila, ngunit hindi ko lang talaga magagawang humayo sa ganoong—ganoong kalagayan. Hindi ko talaga magawa iyon, dahil mali iyon.

145 Paanong—may Kasulatan ako ritong nais talakayin tungkol kay Jesus, tungkol sa Kaniyang mga pagsubok; nang tangkain niyang siluhin Siya, ang sabi, "Ibibigay ko sa Iyo ang lahat ng mga kahariang ito ng sanlibutan. Akin ang mga ito." Kita n'yo? Gayon din nang una siyang dumating kay Eva (kita n'yo?) una, sa pamamagitan ng paggawa sa tinapay — tungkol sa pagkain, at iba pa—kita n'yo. "Gagawin kong lahat ito kung sasambahin mo ako—kung dadalo ka lang at sasali sa aming grupo . . ."



Ang sabi ni Jesus, "Nasusulat, 'hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawat salita na lumalabas sa bibig ng Diyos.'"

146 Ano ito? Ilan sa inyong mga mangangaral ngayon, na takot na takot manindigan; takot na baka hindi nila kayo pasalihin sa kanilang organisasyon: "Ano pa ang gagawin mo kung gayon?—sisipain ka nila!"

Naaawa ako sa'yo. Una, dahil sa iyong kahinaan. Tama. Nasaan ang pananampalataya mo sa Diyos? Ganiyan din ang sinabi nila sa akin. Siyanga. Labing pitong taon akong nagtrabaho, hanggang sa ilabas ako ng Diyos at itinatag ako sa paligid nito, at nang magkagayon ay naisip ko, "Ngayon, Satanas, pumarito ka ngayon." Nakita n'yo na kung nasaan na ito? Kapag napagtanto ninyo na ihinayag sa iyo ng Diyos ang Katotohanan ng bagay na ito, walang anumang bagay sa mundo ang maaaring gumapi sa iyo rito. Iyon lang. Ikaw ay walang pasubaling hindi magagapi; hindi ikaw, kundi ang Diyos na nasa Iyo. Hindi si Cristo, kundi—hindi ang katawan, kundi ang Salitang nasa Kaniya. Hindi si Maria, kundi ang Salitang nailuwal niya.

147 Ngayon, kaya't ang tao ay mabubuhay sa pamamagitan ng ano?—hindi sa pamamagitan ng tiket ng pagkain, kundi sa pamamagitan ng Salita ng Diyos; hindi sa pamamagitan ng inyong organisasyon na nagbibigay sa inyo ng lugar. "Buweno, tingnan ko nga ang mga papeles mo. Maganda ba ang katayuan mo? Kailangang makita natin ito. Aba, siyanga, ang ranggo mo'y siento porsiento. Buweno, tatanggapin ka namin pa'ra sa ilang araw na revival, susubukan ka namin, para makita kung ano ang magagawa mo." H-a-a-a-ay naku! Paanong makakikilos ang Diyos sa isang lupong tulad niyan?—makalawang patay, binunot sa ugat, bulok na at lahat na. Ay naku, mayroon pang isa.

148 O bayan, Pagpalain kayo ng Diyos. Pakinggan n'yo ako! Hindi ako maaaring maniwala sa anuman maliban sa Salita ng Diyos at nais kong Ito ang maging buhay ko, at lahat sa akin. Nais kong ganito rin ang gawin n'yo. Hayaan n'yong ang inyong mga pananalita, ang inyong mga lakad, ang inyong mga galaw, lahat ng ginagawa n'yo, ay nasa Salita ng Diyos. Hayaan n'yong ang isip ni Cristo ay pumasok sa inyo, at iyan ang bubuntis sa inyo ng Salita. Kung hindi n'yo—kung papapasukin n'yo ang isip ng denominasyon, mabubuntis kayo ng denominasyon. Kung papapasukin n'yo ang isip ni Cristo sa inyo, hindi Niya maitatanggi ang Sarili Niyang Salita dahil Siya ay Diyos. Mabubuntis kayo ng Salita at sasampalatayanan ninyo Ito. Hindi mahalaga sa akin kung ipuwera ka nila, sipain ka nila, palayasin ka nila, at magsara ang bawat pinto, magpapatuloy ka pa rin ng walang pagbabago! Amen! (Whew!) Kailangan kong magmadali.

149 Naku! Si Cristo ngayon ay kumukuha ng isang Nobya na mabubuntis ng Kaniyang Sariling Binhing-Salita sa Kaniyang sinapupunan (espiritung